

# NINGAS NG SULO NG MGA NATATANGING GURONG DI-MEDYOR SA FILIPINO SA MAALONG DAGAT NG PAGTUTURO

*CELIA R. LACANLALE*

*Mananaliksik*

*Doctor of Philosophy in Educational Management*

*Disyembre 2013*

*Arnel T. Sicat, Ph.D.*

*Tagapayo*

## **Abstrak**

*Napakahalagang layunin ng pag-aaral na ito ay ang matuklasan kung may mga gurong di-medyor, partikular sa Filipino, na maaaring maging huwaran ng mga namamahala sa mga paaralan sa pagbubuo ng mga sukatan o pamantayang makatutulong sa pagpapataas ng kabuuang performans ng mga gurong di-medyor at ng kanilang mga mag-aaral. Tiyakang pinag-aralan ang mga: (1) katangian ng mga natatanging gurong di-medyor; (2) mga salik na nakapag-impluwensya sa kanilang dalubhasa/pektibong pagtuturo; (3) mga mungkahi sa pagpapataas ng kakayahan ng iba pang gurong di-medyor sa Filipino at ng kanilang mga mag-aaral.*

*Ginamit ng mananaliksik ang pamamaraang "grounded theory" at kwalitatibong pag-aaral (qualitative research). Kinapanayam at inobserbahan sa pagtuturo gamit ang video tape ang 12 natatanging gurong di-medyor sa Filipino sa Rehiyon 3 na pinili batay sa sadyang pamantayan at pinasagutan ng talatanungan ang 12 punungguro ng mga pangunahing kalahok, 39 kasamang guro at 120 mag-aaral para sa trayangulasyon ng pag-aaral. Ginamit ang pagsusuring pangnilalaman sa mga sagot sa walong (8) bukas na talatanungan at transkip ng mga pahayag mula sa voice recorder.*

*Natuklasang may tatlong katagorya ang mga katangian ng mga gurong di-medyor sa Filipino: katangiang personal, propesyunal at sosyal na magkakaugnay at konsistent na isinasabuhay ng mga napiling natatanging guro sa kanilang mga mag-aaral at iba pa. Nahantad rin ng mananaliksik ang 12 panloob at panlabas na salik na nakatulong nang malaki sa pagpapaningas ng galing ng mga natatanging guro. Dahil dito, mahigpit na iminumungkahi ang panggagagad ng mga salik na ito at maging batayan sa matinding paghuhubog ng mga guro sa pre-service at in-service institutions dahil hindi makapaghihintay nang matagal na panahon ang mga mag-aaral upang ang mga gurong ito'y maging mahusay. Sa masinop na paglikom at pagsuri ng mga insayt, sumibol ang estruktura sa Ningas na Sulo ng mga Natatanging Gurong Di-Medyor sa Filipino sa Maalong Dagat ng Pagtuturo.*

---

**Mga Susing Salita:** Guro, di-medyor, Filipino, pagtuturo

## INTRODUKSYON

Ang mundo ay nananangan sa mahahalagang ambag ng mga dakilang guro na maging tulay sa pagtatatag ng kinabukasan at kaunlaran ng sangkatauhan. Sa kanilang malawak na kaaalaman, karunungan, timbang na pagpapasiya, mayamang karanasan, determinasyong magtagumpay sa isang larangan ng buhay, umaani sila ng mataas na pagkilala at paggalang mula pa sa sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan. Hitik ang mga pahina ng kasaysayan sa mga dakilang pari, propeta, pilosopo, henyo at mga gurong naging tuntungang bato ang kanilang mga pilosopiya, paniniwala, teorya at iisipan sa paglinang ng edukasyon mula pa sa mga maharlika patungo sa mga karaniwang mamamayan.

Sa kabila ng mataas na pamantayang iniwan ng mga naging unang “sulo” sa mahabang panahon ng paglalakbay sa pagpapaunlad ng edukasyon mula sa Gresiya, Europa, Amerika at Asiya ay tila papaubos na lahi ang mga dakilang guro. Ayon kay Kiptoon na binanggit ni Kafu (2011,p.50), “may malaking alalahanin na ang mga pinoprodyus na kaguruan ay kulang sa kalidad o kahusayan. Ang marami sa kanila ay dahop sa kasanayan, mababa sa disiplina at hindi interesado sa kanilang propesyon.” Ang ganitong kalagayan ay isang suliraning global na pilit na hinahanapan ng lunas.

Katunayan, sa Washington D.C. noong 2010, naging malaking kontrobersiya si Chancellor Michelle Rhee dahil sa pagnanais na makapagbalangkas nang radikal na pagbabago sa sistemang pang-edukasyon, tinanggal niya sa trabaho ang mahigit 400 guro dahil sa kakulangan nila ng kakayahan sa pagtuturo, mababang iskor ng kanilang mga mag-aaral sa mga istandardisadong pagsusulit gayundin ang pagpapasara niya ng napakaraming paaralan na mababa ang akademikong performans. Ang drastikong hakbang ay umani ng napakaraming reaksyon subalit pinanindigan niya ang adbokasiyang “Students First”, na pananagutan ng mga guro ang magturo nang maayos sa mga mag-aaral at karapatan ng mga mag-aaral na sila ay matuto (Sherwood, 2012; Whitmire, 2011).

Kaya naman kahit saang bansa, hilong talilong ang mga pre-service higher education institutions at in-service private and public schools sa paghahanap ng higit na mga mabubuting guro at pagbibigay ng suporta upang mapanday pa ang galing ng mga ito at gawin silang higit na epektibo/eksperto (Brenner, 1999).

Sa Pilipinas, sa kasagsagan ng pagmamartsa ng mga guro sa lansangan na humihingi ng mas mataas na kondisyong pangguro noong 1985, ang Metrobank Foundation ay nagbalangkas ng awards program para sa Search for outstanding Teachers at nakipag-ugnayan sa Department of Education (DepEd) at Commission on Higher Education (CHED). Layon ng pananaliksik na makapamilya ng mga gurong modelo ng kahusayan, ng moralidad at inilalaan ang buhay sa pagpapaunlad ng mga kabataan sa pamamagitan ng di-matatawarang kakayahan at dedikasyon (Lee- Chua, 2004). Katunayan, maging ang mismong Kagawaran din ay mayroong ganitong sariling ogramang nagbibigay ng insentibo sa mga natatangi at epektibong guro upang maging huwaran sa karamihan at pamarisan sa gitna ng tila pabagsak na uri ng edukasyon.

Kung susuriin, namumutiktik ng mga empirikal na pag-aaral at literatura sa tunay na larawan ng epektibong guro at pagtuturo sa mga paaralan. Iba-ibang baryabol at mga salik ang inuugnay sa mga katangian ng epektibong guro at mataas na kalidad ng pagtuturo.

Subalit sentral sa mga pag-aaral na ito, nananatili ang guro bilang pinakamahalagang prediktor ng tagumpay ng mga mag-aaral, gayundin, nagkakasundo sa ideyang, “ang mga epektibong guro ay may kakaiba at pangmatagalang impak sa buhay ng kanilang mga mag-aaral,” (Stronge, 2007).

Dagdag pa rito, ang konseptwalisasyon ng epektibong guro ay nagresulta ng mga malawak na imbestigasyon at pag-aaral. Maraming pag-aaral ang gumagamit sa goal-oriented model sa pagsukat ng pagiging epektibong guro (Stufflebeam & Shinkfield, 1990). Sinasabing ang guro ay epektibo kung nakakamit nito ang mga pinlanong tungkulin at mga nakatakandang gawain bilang pagsunod sa mga mithiing pampaaralan. Ang lawak at lalim ng pag-abot ng mga tungkulin at gawain ay tinitingnan bilang sukatan din ng pagiging epektibo ng mga guro (Walberg, 1986). Tipikal na indikador ng pagiging epektibong guro ay ang mga bunga ng pagkatuto at pamantayang pagganap (performance standards).

Samantala, sang-ayon naman kay Wilen, Hutchison at Ishlee (2008), ang natamong kabatiran ng mga mag-aaral ay hindi lamang sukatan ng isang epektibong propesyonal. Aniya, ang disposisyon, pagpapahalaga at atityud o gawi ay may malaking kinalaman sa epektibong pagtuturo. Ito’y parehong totoo sa guro at mag-aaral. Isang kabalintunaan kung gayon na ang Kagawaran ng Edukasyon sa Pilipinas ay nagbibigay nang higit na mataas na gantimpala at pagpapahalaga sa mga paaralang may mataas na resulta sa National Achievement Test (NAT) bilang basehan ng promosyon ng mga punong guro at guro. Kung kaya, may pagpapalit at pagbabalikwas na pananaw sa kasalukuyan na kailangang maisaalang-alang ang ibang performance indicators bilang batayan din ng tagumpay ng paninilbihang pampaaralan.

Ang pagbuo ng pangarap na tagumpay sa mga mag-aaral ay kailangan ng malawakang pag-aaral at pagpupursige sa mga sistemang umiral at sa mga papaunlad at tuloy-tuloy na reporma sa paturuang pampaaralan. Pinaniniwalaan nina Wagner at mga kasamahan nito (2006), sa teorya ng pagbabago na ang achievement level ng mga mag-aaral ay hindi uunlad hangga’t ang mga edukador sa mga paaralan at distrito ay hindi matututo kung paano mapapaunlad ang kanilang kasanayan bilang guro at mga lider ng instruksyon. Ang ating “negosyo” anila ay ang pagtuturo at ang mga produkto ay ang mga mag-aaral. Ang tanging paraan lamang na uunlad ang ating produkto ay kung pinauunlad natin ang pinakaubod ng ating “negosyo”.

Ayon kay Bro. Armin Luistro ng DepEd (2012) sa pambansang pagsasanay, sa pagnanais na mapaunlad at makasunod ang Pilipinas sa international standards sa basic education, isang malawakang reporma ang itinaguyod ng kasalukuyang administrasyon sa pagpasok ng K to 12 curriculum. Umani man ito ng batikos sa magkakahiwalay na kampo ng mga magulang at iba pang stakeholders, hindi napaawat ang agarang pagpapatupad nito dahil iniisip ng Kagawaran ang benepisyong pangmatagalan sa higit na angkop na career pathways at mga kasanayan para sa mga mag-aaral, higit na kahandaang magkolehiyo, maliban pa sa pagtaas ng bahagdan ng empleyo nila pagkatapos ng kanilang pagkatapos sa Senior High School batay sa socio-economic standards na 12 taon sa Batayang Edukasyon sa Asia Pacific Region, Amerika at Europa.

Bagaman radikal ang pagbabago at agaran ang pagpapatupad ng bagong kurikulum na K to 12 sa Pilipinas, ang buhay at tagumpay nito ay nakasalalay nang malaki sa mga buhay na bayani na magsusulong ng makinarya ng pagbabago tungo sa mga repormang kailangan sa mga paaralan, lipunan at pamahalaan. Umaasa ang mga liderato ng Kagawaran pati ang

mga pinunong pampaaralan sa mga gurong nasa unang hanay upang magsilbing sulo na maghahawan sa madilim na landas nang matagal na pakikibaka laban sa kamangmangan, kahirapan, inhustisya, katiwalian, suliraning pangkapaligiran at katamlayang mapursigi ng pagbabago.

Ang kahingian ng mataas na kalidad ng edukasyon na tutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa ikadalawangpu't isang siglo ay pinaniniwalaang makukuha lamang kaugnay ng mataas na uri ng paturuan. Maisasakatuparan lamang ito kung ang mga guro ay may mataas na pananagutan, disiplina, kakayahan, tiwala sa sarili at may tunay na malasakit sa kabuuang kaunlaran ng kanilang mga mag-aaral.

Ang Departamento ng Filipino ay kasama sa malaking pwersa na inaasahang magsusulong sa mga ideya ng pagbabago sa sistemang pang-edukasyon sa ating bansa. Subalit sa malawakang obserbasyong pangklase at pagsuri sa profayl ng mga guro ay natuklasang isang katlong bahagdan ng mga nagtuturo ay hindi medyor sa asignatura. Masaklap pa ring matuklasang ito'y hindi lamang totoo sa Filipino bagkus ito'y talamak na problema maging sa ibang asignatura. Makapangyayari ang ganitong sitwasyon dahil sa kakulangan ng kwalipikadong guro sa ilalim ng Registry of Qualified Applicants (RQA) sa sangay kaya't napipilitang kumuha ng di-medyor sa asignatura. Dagdag pa rito, sa bisa rin ng mga "tag items" noon ay nabigyan ng dagdag na mga guro ang mga paaralan bagaman ang medyor nila ay hindi kailangan, kaya napilitan ang mga itong magturo sa hindi nila espesyalisasyon. Ito ay isang dahilan din ng paglobo ng bilang ng mga di-medyor sa iba't ibang asignatura na kailangang masolusyunan.

Ang ganitong suliranin ay hindi lamang umiiral sa sangay ng mananaliksik. Laganap din ito sa buong Rehiyon 3 at sa buong bansa. Ang tindi o lawak ng suliranin ay maaaring magkaiba sa bawat sangay subalit, isang nagdudumilat na katotohanan na pakaunti ang kumukuha ng medyor sa Filipino, Araling Panlipunan at MAPEH kung kaya't di makasapat sa pangangailangan ng mga paaralan. Bunga nito, ang siklo ng pagkuha ng mga bagong gurong di-medyor sa asignatura ay patuloy na umiiral.

Isang isyu kung ganoon ay ang uri ng pagtuturo na aasahan sa mga hindi medyor sa asignatura. Sa mga obserbasyong pangklase, halos madurog ang puso ng mananaliksik sa paggitaw ng maraming gurong hindi medyor sa Filipino na kulang na kulang sa kaalaman sa nilalaman, pamamaraan at pagpoproseso ng mga aralin. Idagdag pa rito ang kakulangan sa mga aklat at iba pang kagamitang pampagtuturo kaya di makaigpaw ang mga mag-aaral sa asignatura sa mga pambansang pagsusulit.

Isa ring isyung mababanggit ay kung anong ginagawa ng mga liderato sa mga higher education institutions upang makatugon sa mapanghamong mundo ng pagtuturo ng kanilang mga gradwado na maaaring magturo sa hindi linya ng kanilang espesyalisasyon. Nagsisikap ba silang tugunan din ang malaking kahungkagan ng bilang ng mga gurong medyor sa Filipino na silang tunay na kailangan sa mga pampublikong paaralan?

Gayundin, ano-anong pag-aangkop at interbensyon ang ginagawa ng mga punungguro sa in-service institutions upang mapaunlad ang kakayahan ng mga gurong di-medyor upang makasabay sa indak ng pagbabago sa kurikulum at sa panawagan ng higit na mataas na performance para sa access, efficiency at quality education?

Kaya naman ang mananaliksik ay nagtangkang maghanap ng mga gurong di- medyor sa Filipino na maituturing ng natatangi at epektibo sa Rehiyon 3, na maaaring maging maningning na huwaran, bagamat kaunti sa bilang ay puwedeng pamarisan sa kanilang hanay; matuklasan mula sa kanila kung paano nila naabot ang mataas na pamantayan at kakayahan sa pagtuturo ng wika at panitikan, mga salik na nakapag-impluwensiya sa kanila upang maging modelo sa pagtuturo at kung paano maitataas ng kabuuang performance ng iba pang gurong di-medyor, at mga mag-aaral

Kaugnay nito, naniniwala si Berliner (1992), na ang sukatan ng pagiging responsable at epektibong guro ay yaong nakakaabot sa mataas na pamantayan kaugnay ng akademikong performans ng mga mag-aaral. Sinusugan ito sa pahayag ni Reyes (2002) na ang ekspertong pagtuturo ay maisasakatuparan lamang ng maliit na bahagdan ng ilan na may kakayahan sa pagtuturo. Ang paniniwala at pananaw ni Reyes (2002) ay sadyang pinalawak sa paghahantad ng mga katangian ng mga ekspertong pagtuturo ng animnapu't siyam (69) natatanging guro sa Pilipinas mula sa iba't ibang Higher Educational Institutions (HEIs) at Centers for Excellence (COE). Nakapagpalabas ng teorya (theory building) si Reyes (2002) na binubuo ng tatlong (3) komponent: pakuwadrang salik (tunguhin at nilalaman ng kurikulum), proseso ng pagtuturo at bunga ng pagkatuto. Maliban sa pagbuo ng modelo sa ekspertong pagtuturo ay pinalawak pa niya ang epistemolohiya ng mga piling natatanging guro sa kanilang mga pananaw at karanasan, sentral sa higher education sa Pilipinas sa pagtuturo ng mga adult learners.

Samantala, sumentro naman ang pag-aaral ni Phoomchusni (1973) sa katangian ng mga natatanging guro sa pampublikong paaralan sa Quezon City sa pananaw ng kanilang mga mag-aaral, guro at administrador. Gumamit din siya ng palarawan (descriptive) at normatibong paraan sa pagsusuri sa mga pananaw ng tatlong (3) pangkat ng mga kalahok/respondent hinggil sa katangian ng natatanging guro at pag-aaral sa pinanggalingan (background) ng mga ito.

Natuklasan din ang pag-aaral sa mga natatanging Social Studies Teacher sa pananaw ng mga piling mag-aaral, mga guro at kanilang mga administrador sa walong Katolikong paaralang sekundarya sa Kalakhang Maynila (Santos, 1972) na ginamitan ng ilarawang pag-aaral sa kinalabasan ng pagmamarka ng mga kalahok sa pag-aaral. Kumbinasyon ito ng normatibong sarbey at palarawang pag-aaral.

Walang pag-aaral na nakita na nahihinggil sa mga guro sa Filipino, partikular sa mga hindi medyor sa asignatura. Sa pag-aaral ni Phoomchuski (1973), iminungkahi niyang ang kailangang magsagawa ng ibang pag-aaral upang tingnan ang iba pang salik na maaaring makaapekto sa teaching performance ng mga gurong nasa pampublikong paaralang sekundarya.

Naiiba ang kasalukuyang pag-aaral kina Phoomchuski (1973) at Santos (1972) dahil ang naunang dalawa ay ginamitan ng kwantitatibong pag-aaral sa mga iniisip nilang katangian ng mga natatanging guro at pagsusuri sa profayl na pinanggalingan (background) ng mga ito (Santos, 1972).

Malapit naman ang kasalukuyang pag-aaral sa pananaliksik ni Reyes (2002) na gumamit ng kwalitatibong pag-aaral upang makabuo ng modelo ng eksperto at epdktibong pagtuturo subalit ang mga natatanging gurong kasama sa pag-aaral ay mga medyor sa asignatura sa iba't ibang disiplina na nagtuturo ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Samantalang

ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga di-medyor sa asignatura sa pampublikong paaralang sekondarya at magandang matuklasan ang mga mlik na nakapag-impluwensya sa kanilang kahusayan, kakayahan at kabuluhan sa kabila ng katotohanang ang Filipino ay di nila espesyalisasyon.

Sa apatnapung dekadang agwat ng dalawang sinaunang pag-aaral at isang dekada kay Reyes (2002), nais matuklasan ng mananaliksik kung may pagbabago ba sa mga katangian ng mga natatanging guro partikular sa mga di-medyor sa Filipino sa mga pampublikong paaralang sekondarya, mga salik na nakaimpluwensya sa kanilang ekspertong/epektibong pagtuturo bagamat sila'y di-medyor sa Filipino at mga mungkahi upang mapataas ang kakayahan ng mga mag-aaral at kasamang guro na di-medyor sa asignatura. Isa itong balidasyon din kung ang mga iminumungkahi sa ibang pag-aaral hinggil sa katangian ng epektibo at ekspertong pagtuturo ay litaw rin sa mga kabalikat na gurong di-medyor sa mga pampublikong paaralang sekondarya, partikular sa Filipino. Kaya naman, sa pagnanais na masolusyunan ang lumolobong bilang ng mga gurong di- medyor sa Filipino, na kulang sa kakayahan partikular sa Rehiyon 3, nagkaroon ng interes ang mananaliksik sa paksa. Sinuyod ang 12 natatanging gurong di-medyor sa asignatura na magsisilbing maningning na sulo sa iba pang kabalikat na guro upang maging huwaran sa maalong dagat ng pagtuturo. Pagtatangka itong iniisip na tutulong sa Key Result Thrust 2 (KRT2) sa Teacher Education Development para sa K to 12 Basic Education Reform Sector Agenda (BESRA). Sa gayon ay matutugunan din ang mga mababang resulta ng NAT sa Filipino sa sekondarya na nakapagtala ng 40.89 Mean Percentage Score (MPS) taong 2010, 49.74 MPS (2011) at 51.27 MPS (2012) na sadyang malayo pa sa target na minimum (Department of Education NAT Report, 2012).

Pangunahing layunin ng pag-aaral ay ang makabuo ng maningning na huwaran/modelo ng mga natatanging gurong di- medyor sa maalong dagat ng pagtuturo upang magamit ng mga namamahala sa paaralan sa pagpapalano at pagbubuo ng mga sukatan sa pagpapataas ng kakayahan sa Filipino. Gayundin, matuklasan ang mga salik na nakapag-impluwensiya sa kanilang kahusayan upang maging batayan din sa pagpapaunlad ng iba pang mga gurong di-medyor sa Filipino at ng kanilang mga mag- aaral sa mga pambublikong paaralang sekondarya sa batayang edukasyon. Ang lakas ng kanilang mga ideya at mungkahi ay magsisilbing tanglaw sa mga administrador ng mga paaralan upang punan ang mga puwang sa kakayahan at paraan ng pagtuturo ng mga gurong di-medyor hindi lamang sa Filipino, bagkus sa iba't iba pang larangan ng pagtuturo.

Sa Filipino, ang ningas ng sulo ay madalas ginagamit bilang simbolismo sa alab at matataas na mithiing pang-edukasyon; ito'y may denotatibong kahulugang maningning na silab, apoy ng ilaw subalit sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral, tumutukoy ito sa pinakamahasay na mga katangian, kaalaman at mga salik na nakapag-impluwensiya sa epektibo/ekspertong pagtuturo ng mga kabalikat na di-medyor sa Filipino na may iba't ibang orihinal na espesyalisasyon. Kasama pa rito, ang lakas ng mga ideya o mungkahi mula sa mga pangunahing inportant upang makabuo nang malinaw na huwaran ng isang modelong gurong di-medyor sa Filipino.

Ang maalong dagat ay kumakatawan sa magalaw na tubig sa ilog o dagat dahil sa bagyo na maaaring magbunga ng kapahamakan, (Pineda, Diksiyunaryo ng Wikang Filipino, 1998), subalit sa konteksto ng pag-aaral , ito'y sumisimbulo sa mapaghamong kahingian ng

pagtuturo sa ilalim ng hindi nila medyor maliban pa sa patuloy na pag-aaral at pag-aangkop sa papalit-palit o pabago-bagong kurikulum.

Samantalang ang natatanging guro ay tumutukoy sa pagpapalabas nitong inaasahang resulta o bunga (Levin & Lezotte sa Stott & Fink, 1996) samantala kay Glatthorn, Boschee, Whitehead at Boschee (2006), ang pagiging epektibong guro ay nagbunga nang mataas na kalidad ng pagkatuto. Sa pag-aaral na ito, tumutukoy ito sa mga napiling natatanging gurong di-medyor na nakilala dahil sa paligsahang pangguro (Search for Outstanding Teacher) o bunga ng mga di-matatawarang kontribusyon at kaunlaran sa pangmalas ng mga tagamasid sa Filipino at pinunong pampaaralan sa Rehiyon 3.

Ang kaunlaran at kahusayan ng pagtuturo ng mga gurong medyor at di-medyor ay nakasalalay nang malaki sa mga matapat na pagtataya. Gayundin, ang ebalwasyong pangguro na isinasagawa ng mga lider ng instruksyon (ng mga punungguro, mga tagamasid at mga guro mismo) ay nakatutulong nang malaki sa pagsasaayos ng sistema at uri ng paturuan. Ang paggamit ng sukatang National Competency Based Teachers Standards-Performance Appraisal System for Teachers (NCBTS-PAST) ay ipinatutupad upang matukoy ang mga kalakasan at kahinaan ng mga gurong dapat pahalagahan, tutukan at bigyan ng kaukulang interbensyon sa mga pagsasanay pampaaralan at pansangay. Ang pagsuporta sa kabuuang pag-unlad ng mga guro ay isa sa mga trabaho ng mga manidyer ng mga paaralan maliban pa sa pagtatakda ng mga matataas na ekspekstasyon upang mapagsikapan ng mga gurong maabot ang ganap na kahusayan sa pagtuturo at mataas na kalidad ng edukasyon.

Inilahad ni Harris (1976), na ang pokus ng pagpapaunlad sa pagtuturo ay dapat nakasentro sa mismong guro, sa pagtuturo at proseso sa pagtuturo. Subalit sa mga sinaunang kwantitatibong pag-aaral hinggil sa pagtataya sa pagiging natatangi o epektibo ng mga guro, kadalasan ay gumagamit ng mga pinaniniwalaang mga prediktor na minarkahan sa tulong ng mga rating scales. Naiiba ang pag-aaral na ito dahil huhugutin mula sa mga insayt ng mga kalahok ang larawan ng isang natatanging gurong di-medyor sa Filipino upang magamit sa pagpapaunlad ng mga guro ng mga namamahala sa mga paaralan.

Ipinapalagay na magiging mahalaga ang pag-aaral na ito at magiging daan sa mga opisyal ng Kawanihan/Kagawaran upang makapagbalangkas ng mga plano at sukatan nang maitaas ang kakayahan ng mga guro sa Filipino lalo na ang mga di-medyor sa asignatura.

Gayundin, sa mga tagabuo ng kurikulum upang makapaglaan ng mga probisyon sa dagdag na input sa mga binabalangkas na teacher's guide at learner's materials sa higit na kaalaman at kapakinabangan ng maraming gurong di-medyor at medyor sa Filipino.

Sa mga tagapamahala at mga tagamasid ng instruksyon upang makapagkonsepto at makapagtaguyod ng mga scholarship programs tulad ng Certificate Program, mga itensibong pagsasanay at INSET pampaaralan upang mapanday ang galing ng mgaguro at mapaghusay ang kanilang mga kahinaan at kakulangan; gayundin, makapagpatupad ng istriktong polisiya sa recruitment at hiring ng higit na kwalipikadong guro.

Sa mga LGUs at iba pang stakeholders ng edukasyon, upang makapagbigay ng suportang pinansyal at moral sa mga gurong higit na nangangailangan at makapamilyang higit na kwalipikadong gurong dapat magturo sa mga paaralan.

Sa mga gurong medyor sa Filipino, partikular ang mga master teachers, ang kanilang pamumunong pedagogikal at moral ay mahalagang suporta o suhay sa mga di-medyor sa mga dapat na kaalaman sa pagtuturo at pagpoproseso ng mga aralin; na ang mayamang inter-aksyon at kolaborasyon sa departamento ang magiging susi ng tagumpay ng bawat isa at ng kanilang mga mag-aaral.

Sa mga Teacher Education Institutions, ang resulta ng pag-aaral ay magsisilbing dagdag na kaalaman sa mapanuring repleksyon kung paano mapatatatag ang pre-service formation; makapagbalangkas ng mga kinakailangang pagbabago sa mga kurso/asignatura na titiyak sa kahandaan ng mga gradwado upang makapagturong aktibo sa mga asignaturang medyor o di-medyor ng kanilang espesyalisasyon; at palawigin din ang bilang ng mga nagmemedyor sa Filipino sa bisa ng mayamang vocation campaign at marketing para rito.

Sa mga mag-aaral sa asignaturang Filipino, ang pagkilala na ang tagumpay ng anumang klase ay nasa mayamang interaksyon at kolaborasyon ng mga responsableng guro at mag-aaral kaya't inaasahan na sila'y higit na maging aktibo sa sariling pagkatuto harap ng pagtatangka ng mga gurong di-medyor na maitawid at mapamahalaan ang instruksyong pangklase.

### **PAMAMARAAN**

Batay sa limitasyon ng pag-aaral, ang mananaliksik ay gumamit ng kwalitatibong pananaliksik. Nangalap muna ng mga datos at impormasyon sa tulong ng iba't ibang talatanungan, nirekord na panayam, personal na datos ng mga gurong di-medyor at obserbasyong pangklase na ginamitan ng video taping sa prosesong pagtuturo.

Ginamit din ang pamamaraang "grounded theory" (Glaser & Strauss, 1998) dahil sa pagnanais na makabuo ng teorya sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga datos, pagmamarka sa mga susing salita at pagkokoda sa mga ito, pagbubuo ng mga pagkakaugnay na konsepto at katagorya.

Gayundin, ginamit ang qualitative research upang mailarawan nang maayos, akyureyt, at obhektibo ang isang sitwasyon o penomena. Sang-ayon kay Strauss at Corbin (1988) ang Qualitative research ay may kinalaman sa mga kundisyon ng mga ugnayang nagaganap, mga pamumuhay, mga karanasan, mga pag-uugali, mga emosyon at nararamdaman ng isang tao sa mga simulain, paniniwala, prosesong umiiral pati sa epekto ng mga kalakarang nabubuo. Ayon din kay Vizcara (2003), ang kwalitatibong pag-aaral ay bukas sa impormasyong may kaugnay sa paksa.

Upang maisakatuparan ang mga layunin ng pag-aaral, partikular na pinag-aralan, inobserbahan at kinapanayam ang mga natatanging labindalawang gurong di-medyor sa Filipino sa walong (8) sangay ng Rehiyon 3. Pinili sila sa tulong ng mga sumusunod na pamantayan. Una, nirekomenda sila ng mga tagamasid pansangay sa Filipino dahil sa bukod sila'y naaasahan sa mga gawaing pansangay, may mga natatangi silang katangian at kakayahan. Pangalawa, nagtuturo ang mga ito ng asignaturang Filipino na hindi nila medyor; at ikatlo, may mga kontribusyon na ring personal ang mga ito para sa kanilang paaralan at mag-aaral na pinatutunayan ng mga tagumpay sa mga gawain at paligsahan. Upang mapatunayan ang galing ng mga kalahok ng pag-aaral, tunghayan ang kanilang ilang mga katangian:



NG1- medyor sa Religious Education at naging Regional Trainer sa SEC 2010, tagagawa ng mga pagsusulit at SRA

NG2- medyor sa T.L.E. at isang curriculum leader

NG3- medyor sa English, tagapanayam sa mga pagsasanay- pansangay, tagagawa ng mga pagsusulit, GSP/ICT/SBM coordinator/kalihim ng punungguro

NG4- medyor sa English, premyadong tagapayo ng pahayagang pampaaralan hanggang rehiyunal, tagapagpakitang-turo sa sangay

NG5- medyor sa Math, kawaksi sa pahayagang pampaaralan, premyadong tagapayo

NG6- medyor sa English, kawaksi sa pamahayagang pampaaralan, guidance counselor, may maningning na espritwal na katangian

NG7- medyor sa Araling Panlipunan, cum laude, curriculum writer ng K to 12, trainer sa Filipino at pamahayayang pampaaralan, nanalo sa Search for Outstanding Teacher sa rehiyon at Outstanding School Paper Adviser

NG8- medyor sa T.L.E., cum laude, Pangulo ng mga Guro, OIC, dating tagapayo sa pahayagan (nanalo hanggang antas- nasyunal)

NG9- medyor sa English, dating guidance counselor, tagagawa ng mga pagsusulit at tagapagsalita sa sangay

NG10- medyor sa T.L.E., tagapagpakitang-turo sa sangay

NG11- medyor sa T.L.E., salutatorian, tagapayo sa pahayagan, naipapanalo ang mga mag-aaral at pahayang pampaaralan hanggang antas nasyunal

NG12- medyor sa Araling Panlipunan, cum laude, tagapayo sa pahayagan, nanalo bilang Most Efficient Teacher, Regional Trainer sa Filipino sa K to 12.

Sa labindalawang natatanging guro, labing-isa ay mga babae at isa ay lalaki; walo ay may asawa; dalawa ay walang asawa; isa ay balo at isa ay separada. Dalawa ang pinakabata na may edad sa pagitan ng 26-30 taon; dalawa ay nasa 31-35 taon; dalawa ay 36-40 taon; dalawa ay 41-45 taon ; isa naman ay nasa 46-50 at tatlo ay nasa pagitan ng 51-55 taong gulang. Samantala sa mga medyor na orihinal kinabibilangan/pinagtapusan- isa ay tapos ng Religious Education, apat sa Technology end Livelihood Education (TLE), apat sa English, isa sa Math at dalawa sa Araling Panlipunan.

Samantala, kung susumahin ang tagal ng pagtuturo, tatlo ang may pinakamatagal sa pagseserbisyo na nasa pagitan ng 21-25 taon; tatlo ay nasa pagitan ng 16-20; dalawa ay nasa pagitan ng 11-15 taon at apat ay nasa pagitan ng 6-10 taon. Kung pagbabatayan ay ang pagtuturo sa asignaturang Filipino; ang pinakabata ay isa na nakapagturo na sa pagitan ng 1-5 taon; pito ay nasa pagitan ng 6-10 taong pagtuturo; ay may 11-15 taon; dalawa ay may 16-20 taon at isa ay nasa pagitan ng 21-25 taong karanasan.

Maliban pa sa mga orihinal na natapos, kung pagbabatayan ay ang pinakamataas antas na natapos ng mga natatanging guro: lima ay tapos ng Master of Arts (MA)/ or Master

of Public Service (MPS); tatlo ay M.A. equivalent / candidate at apat ay may mga yunit sa masteral.

Sinuri rin kung saan nagsipagtapos ng kolehiyo ang mga kalahok. Natuklasan ang sumusunod: apat ay sa Private Sectarian College/ Universities, tatlo sa State universities, apat sa Private Non Sectarian College/ Universities, isa sa Public Normal College at isa sa Private Catholic University.

Nais ding linawin na lahat ng 18 sangay na kinonsidera sa pag-aaral subalit walang naibigay na natatanging gurong di-medyor ang iba, maliban pa sa paliwanag na ang ibang maliit na sangay ay malalapit sa higher-education institutions kayat hinimok ang mga di-medyor na mag-aral at magmedyor sa Filipino.

Limitado man sa bilang ang mga kalahok sa pag-aaral, naniniwala ang mananaliksik na ito'y magiging panimulang binhi ng reperensya upang muling tingnan ang pangangailangan ng mga gurong di-medyor hindi lamang sa Filipino, bagkus sa iba pang asignatura tungo sa ganap na mithiing maitaas ang pamantayan sa kwalipikasyong pangguro, pagtuturo at pagkatuto na nakaangkla sa bisyon ng Education For All (EFA) 2015.

Ang mananaliksik ang pinakapangunahing instrumento sa pag-aaral sa pagkuha ng datos na kailangan gamit ang talatanungan, at video tape recorder. Ang mga pinakapangunahing kalahok ng pag-aaral ay labindalawang (12) natatanging guro; pangalawang pangkat ay ang labindalawang (12) punungguro, tatlumpu't siyam (39) na kasamang guro at isang daan at dalawampung (120) pinakamagaling na mag-aaral para sa trayangulasyon, bilang pang-ilalim na metodo upang makatotohanan ang mga impormasyong unang nakalap sa mga pangunahing kalahok ng pag-aaral.

Ang mga punungguro ang pumili ng mga kasamang guro ng natatanging guro sa sagot sa talatanungan at panayam sa ilalim ng departamentong Filipino dahil sila higit na nakakaalam sa katangian ng mga pangunahing kalahok sa pag-aaral, bukod pa sila ang pinakamatanda, Master Teacher o Head Teacher na nakapag-oobserba sa guro, lalo na sa mga malalaking paaralan. Pagkatapos masagutan nang tahimik ang talatanungan sa faculty room, ay siniyasat kung sapat na ang mga impormasyon kung hindi pa ay isinunod ang panayam. Marami sa mga punungguro ay mas pinili ang aktuwal na panayam para sa kanilang sarili gamit ang talatanungan kaysa sa sagot dito sa papel. Sa opisina rin ng punungguro isinagawa ang pakikipanayam sa guro. Samantala, ang pagpili ng sampung mag-aaral ay ibinigay na sa natatanging guro at ipinasagot ang talatanungan nang tahimik pagkatapos ng pakitang-turo. May mga sangay na may dalawa o higit pang gurong inobserbahan na dumaan din sa proseso ng balidasyon bago isinama o hindi isinama sa pag-aaral.

Upang makalap ang mga kailangang datos at impormasyon, sinundan ng mananaliksik ang protocol sa pagsasagawa ng pananaliksik sa tulong ng personal na pakikipag-usap sa mga tagamasid, pagpapaaalam sa mga tagapamahala sa tulong ng mga liham, pag-eemail ng talatanungan at personal na datos para sa natatanging guro sa malalayong sangay bago ang pag-aayos sa mga aktuwal na araw ng obserbasyon at pakikipanayam.

Walong bukas na tanong ang bumubuo sa talatanungan sa pag-aaral. Tiniyak kung sapat na ang mga sagot sa talatanungan ng mga kalahok at kung hindi pa ay nagsagawa ng

mga dagdag na panayam na nirekord ng mananaliksik sa tulong ng voice recorder. Ang datos na nalikom ay hinimay gamit ang pagsusuring pangnilalaman. Upang mapanatiling kumpidensyal ang pag-aaral, binigyan ng koda (code) ang mga kalahok sa pag-aaral tulad ng NG- para sa natatanging guro, PG- para sa punung-guro, KG- kasamahang guro at MG-para sa mag-aaral.

Minarkahan ang mga susing salita ng mga kalahok, pinangkat ang mga magkakaparehong konsepto at bumuo ng mga kategorya/tema na dumaan sa proseso ng balidasyon ng tagapayo at ibang ekspertong tagamasid sa sangay ng mananaliksik na medyor sa English at MAPEH. Batay sa tuon ng pag-aaral, hinati ang mga impormasyon sa tatlong kategorya: Sinag ng mga Personal, Propesyunal at Sosyal na Katangian, Alab ng mga Nakapag-iimpluwensiyang Salik sa Eksperto/Epektibong Pagtuturo at Tanglaw ng Karunungan sa Diwang Pahat ng mga Guro't Mag-aaral. Nabuo ang mga kategorya kung kalahati o tatlong kapat ng mga kalahok ay nagpahiwatig ng ganitong mga ideya/katangian/mungkahi.

Nabuo ang unang kategorya sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga kasagutan sa talatanungan bilang 1-6 ng mga kalahok sa pag-aaral. Pinagsama-sama ang mga sagot mga kalahok sa bawat tanong at binilugan ang mga magkakaugnay na aytem/ideya gamit ang iba't ibang kulay ng bolpen, binilang at inilagay sa talahanayan. Hinimay at nileybel na PE (personal), PR (propesyunal) at S (sosyal) ang mga natatanging tangian ng mga guro at napalabas ang unang kategoryang Sinag ng mga Personal, Propesyunal at Sosyal na Katangian, na tuwirang sumagot sa unang layunin ng pag-aaral.

Ang pangalawang layunin ng pag-aaral ay sinagutan sa pamamagitan ng tanong bilang 7; sinuri at hinimay upang mapagsama-sama ang magkakatulad at ibinukod ang di kasangkot na sagot at nabuo ang kategoryang Alab ng mga Nakapag-iimpluwensiyang Salik sa Eksperto/Epektibong Pagtuturo.

Samantala ang pangatlong layunin ng pag-aaral ay natukoy sa pamamagitan ng ga sagot sa tanong bilang 8; lakas ng mga mungkahi ng mga kasamang kalahok sa pag-aaral kung paano maitataas din ang kakayahan ng iba pang gurong di-medyor sa Filipino at ang kakayahan ng kanilang mga mag-aaral. Pinamagatan itong Tanglaw ng Karunungan sa Diwang Pahat ng mga Guro't Mag-aaral.

Bilang pagbubuod, palarawang inilahad din ang naging bunga ng mga ginawang panayam; isinalin sa papel ang mga panayam sa voice recorder na mga sagot sa talatanungan, itinala ang mga obserbasyon sa pakitang-turo na vinideo teyp at nilapatan ng mga kaugnay na pag-aaral at literatura upang higit na mapalalim, mapalinaw at mapalawak ang mga katotohanang nakita sa tiyak na panahon ng pag-aaral.

### **MGA KINALABASAN**

Iniharap sa bahaging ito ang naratibong paglalahad sa mga natuklasan sa pag-oral na hinati sa tatlong kategorya : 1) sinag ng mga personal, propesyunal at sosyal na katangian; 2) alab ng mga nakapag-iimpluwensiyang salik sa eksperto/epektibong pagtuturo; at, 3) tanglaw ng karunungan sa diwang pahat ng mga guro't mag-aaral. Sa ilalim ng mga ito ay ang mga sab domeyn, konsepto, batay sa mga insayt ng mga natatanging guro, at pagpapatunay ng mga punong-guro, kasamang guro at mga mag-aaral.

## Sinag ng mga Personal, Propesyunal at Sosyal na Katangian

Inilalahad sa bahaging ito ang mga natuklasang maningning na katangian ng mga gurong di-medyor sa Filipino na nagsilbing ningas ng sulo sa maalong dagat ng pagtuturo. Natuklasang may tatlong kategorya ang mga katangiang ito: Ningning ng mga Personal na Katangian, Liwanag ng mga Propesyunal na Katangian at Kislap ng mga Sosyal na Katangian.

### Ningning ng mga Personal na Katangian

Maraming positibong personal na katangian ang mga natatanging guro na mistulang batubalani na umaakit sa mga mag-aaral upang mag-aral at matuto; gayundin, humahatak ang mga ito ng paghanga at pagrespeto sa mga kasamahan sa paaralan. Ilan sa mga ito ay natuklasan sa pag-aaral: (1) mataas na debosyon at pananagutan sa propesyon, (2) mapagmahal sa kanilang mag-aaral at kapwa, (3) handang magtrabaho lampas sa tawag ng tungkulin, (4) masayahin at mahilig nagpatawa, (5) mapag-angkop sa pagbabago at mapanaliksik, (6) mataas na antas ng pananampalataya, at (7) kaaya-ayang katauhan.

**Mataas na debosyon at pananagutan sa propesyon.** Isang mahalagang aspekto ng propesyonismo at pagiging epektibo sa klasrum ay ang dedikasyon ng mga guro sa anilang mga mag-aaral at sa pananagutan sa mismong misyon ng “pagtawag” sa pagtuturo. Lahat ng labindalawang guro ay nagtataglay ng ganitong katangian.

Natuklasang nagpakita ang mga natatanging gurong ito ng kahandaang muling mag-aral, manaliksik, mag-akses ng makabagong pamamaraan at materyal, makipag-ugnayan sa iba, dumalo sa mga pagsasanay at worksyap upang makapagsuhay sa kaalaman at kasanayan ng mag-aaral. Lahat sila ay nagwika na mahal nila ang pagtuturo.

**Mapagmahal sa kanilang mag-aaral at kapwa.** Kasasalaminan ang labindalawang guro (12) ng pagmamamahil at tunay na pagmamalasakit sa kanilang mga mag-aaral.

Sa muling pagsulyap sa mga video taped lessons, natuklasang ipinamalas nang natatanging guro ang pagmamahal, pag-unawa, pagsuporta, pagpapaumanhin, paggabay at marami pang mukha nito sa mga mag-aaral.

**Handang magtrabaho lampas sa tawag ng tungkulin.** Isang ikinatatangi ng gurong di-medyor ay ang kakayahang magdagdag pa ng ilang oras sa anim na hinihingi ng kagawaran sa aktwal na pagtuturo sa ibang dagdag na trabaho. Katunayan, natuklasan na anim (6) sa mga natatanging guro ay mga School Paper Advisers (SPAs), isa (1) ay naging guidance counselor, dalawa (2) ay Technology and Education (T.L.E) coordinators, isa (1) ay curriculum leader, isa (1) ay SRA writer at test questions developer, isa (1) ay School-Based Management (SBM), Information and Communication Technology (ICT) coordinator at sekretarya ng prinsipal at dalawa (2) ay mga advayser.

Mabigat na responsibilidad ang gawaing pampamahayagan at maraming mga dagdag na oras para sa mga pagsasanay ng mga bata at paggawa ng dyaryo. Ganito rin sa ibang *coordinatorships* ng mga paaralan. Anim na mag-aaral mula sa iba’t ibang sangay ang nagpatotoo.

Sa mga pahayag at patotoo ng mga kalahok, masasalamin na ang mga natatanging guro talaga ay handang tumanggap ng dagdag na responsibilidad, “willing to go the extra

mile” para sa mga kapakanan ng mga mag-aaral at paaralan. Hindi nila nakikitang pabigat ang mga ito dahil nakakaya nilang balansehin ang kanilang oras at enerhiya- bilang tagaturo, bilang tagapayo o tagapatnubay, bilang lider o tagapamuno, bilang pangalawang magulang/ ina/ama sa paaralan, bilang modelo o huwaran, bilang tagapamahala o manedyer ng anumang tungkulin.

**Masayahin at mahilig magpatawa.** Ang pagkakaroon ng paluwag-tawa (sense of humor) ay nakatutulong nang malaki upang magkaroon ng masayang talakayan, masiglang kapaligirang pampaaralan at nagiging magaan ang pagkaklase at pagkatuto. Lahat ng naobserbahang guro ay nagtataglay ng katangiang ito.

Tunay na ang mga mag-aaral ng labindalawang Natatanging Guro ay maaaring pagpapatunay sa katangiang ito ng mga guro dahil sila ang araw-araw na nakakasalamuha ng mga ito at nakakaramdam nang magaan at masayang pakiramdam dahil sa pagiging masayahin at mapagbiro ng kanilang mga guro.

**Mapag-angkop sa pagbabago at mapanaliksik.** Pinagsisikapan ng labindalawang guro ang pagiging maunlad at mapanaliksik dahil ang angkop at totoo ay maaaring hindi na nababagay sa kalakaran ng paturuan sa kasalukuyan. Kaya naman, isang katangiang lumitaw sa mga natatanging guro ay ang kakayahang uklas ng mga bagong kaalaman na maaaring makatulong sa pagpapayaman ng mga aralin, tulad ng pagbabasa ng mga propesyunal na aklat at magasin, patuloy na saliksik sa internet, pagdalo sa mga seminar at muling pag-aaral kung panahon ng Sabado at bakasyon.

Pinatutunayan ng mga tala sa pakitang-turo, ang labindalawang (12) guro ay kakayahan sa paggamit ng teknolohiya.

Bilang paglalagom, pinatunayan ng labindalawang (12) guro ang pamumuno at kaalaman sa paggamit ng teknolohiya bagama’t ito’y may iba’t ibang digri o lawak, subalit malinaw pa ring masasalamin na silang lahat ay nagpipilit na umagapay sa mga batang isinilang sa *Digital Ape* sa tulong ng paggamit dito bilang kagamitang pampagtuturo.

Sa ilalim ng katangiang ito, binanggit ng mga kalahok ng Natatanging Guro 1, 2, 3,4 5, 7, 8, 9, 10 at 12, ang kanilang guro ay magaling sa teknolohiya, dalawa (2) ang nagsabing sila’y (NG 1,4) maabilidad, mapamaraan at dalawa (2) ay may pagkukusa (NG 1,5). Lumilitaw ring dagdag na katangian ng natatanging guro ay ang kakayahang umangkop sa pagbabago (NG 1, 2,4, 8, 9, 12) at pagiging mapanaliksik (lahat ng Natatanging Guro), dahil ang kakulangan ay nahahanapan ng solusyong materyal. Sa tulong ng kaalaman sa teknolohiya, sila’y naging malikhain sa kanilang mga presentasyon at mahalagang banggiting walang nag-udyok sa kanilang maghagilap ng kagamitan kundi bukal sa sariling maging tulay ng Kagawaran sa pag-abot ng mithiin ng pagbabago at pag-unlad.

Ang kahusayan (excellence) ng mga natatanging guro ay naipakikita sa pamamagitan ng paggawa ng pinakamainam o pinakamabuting bagay at hindi pumapayag sa salitang “pwede na o pasado na.” Ayon nga sa Natatanging Guro 12, “Minsan mo lang gagawin ang isang bagay, kaya gawin mo na ang pinakamahusay sa paraang nalalaman mo at minsan lamang tayo mabubuhay sa daigdig na ito kaya gawin mo na ang lahat nang mabuti at magaling para wala tayong pagsisihan sa bandang huli.”

**Mataas na antas ng pananampalataya.** Dalawa sa nakapanayam na guro ang nagpakita ng liderato sa paglilingkod sa kanilang relihiyon; isa ay Methodist at ang ikalawa ay Born Again Christian.

Isang litaw na katangian ng Natatanging Guro 7 ay ang pakikisangkot at paglilingkod niya sa komunidad, partikular sa relihiyong kinaaaniban. Bagaman, dating commentator at lector sa simbahan ng kanilang lugar ay pansamantalang di naging aktibo dahil sa pagkalipat sa bagong paaralang pinaglilingkuran.

Maaaninaw sa mga pahayag ng mga guro at mag-aaral na ang malalim na ritwal na ugnayan sa Diyos ay nagiging maningning na sulo ng kanilang katangian na naglalandas pa ng pagtulong at pakikipag-ugnayan nila sa kanilang komunidad at simbahan.

**May kaaya-ayang katauhan.** Labindalawang (12) guro ang nagpakita ng kalusugan ng katawan at kaisipan, tatlo (3) ang bumanggit sa paksang malinis na pamumuhay o integridad (NG 4, 8, 11, 12), apat (4) ang inilarawang aktibo at puno ng kasiglahan (NG 4, 6, 7, 8, 12) at isa ang naglahad na ang NG 12 ay may tiwala sa sarili.

Ipinamalas nila ang malusog na pangangatawan at kaisipan sa aktuwal na pagtuturo at panayam. Bagaman ang isa ay nilagnat bago ang pakitang-turo dahil sa lamig ng Disyembre, hindi ito naging hadlang upang maitawid ng guro ang aralin dahil pagiging aktibo ng mga mag-aaral, matatag na ruting pangklase at suporta ng Master Teacher. Lahat ay nagpakita nang sapat na sigla at kasiglahan upang gampanan ang tungkuling maghubog sa kabataan at maging modelo sa kanilang tinuturuan.

Sa mga *off the record* na panayam sa mga punungguro at kaguro lahat ay nagsabing maagang pumapasok ng trabaho ang kanilang natatanging guro at kakikitaan din nang di madalas na pagliban sa klase na tanda ng malusog na pangangatawan, positibong saloobin sa buhay at propesyon at matinding pananagutan sa trabaho.

Tatlo lamang sa natatanging guro at punungguro ang bumanggit sa katangiang mapagkakatiwalaan o may integridad na tanda ng malinis na pamumuhay.

Sa *off the record* na usapan sa punungguro, binanggit niya na ang natatanging 11 ay talagang nagsimula sa sobrang kahirapan, bagamat ang mga magulang ay di natapos ng pag-aaral ay hindi hadlang ito upang ang lahat ng mga anak ay pagtapos ng pag-aaral at ang naging sukli ay sobrang paginhawa ng kanilang buhay.

Sa kabila ng kahirapan naggradwado ang natatanging guro ng salutatorian at lahat ng mga kapatid ay natapos ng may karangalan. Maaninaw sa pahayag ang pagmamahal at pagtitiwala sa mga magulang na naging gabay upang siya'y magtaglay rin ng gaanong katangian, naging isang huwarang anak, kapatid, guro at magulang. Ang mga naipunlang butil ng kabutihan ay tumubo, lumago, naging mayabong at ngayon ay nagbibigay lilim din sa ibang sumisilong sa kanya.

Nagkakaisa ang mga kalahok, na bahagi pa rin ng kaaya-ayang katauhan/personalidad ng mga natatanging guro ay ang kanilang positibong gawi/kilos – ang pagiging masipag, masinop/matiyaga at determinado sa buhay.

Pitong (7) natatanging guro ang binanggit na masipag bilang kanilang katangian. Ito ay ang mga NG 1, 2, 3, 4, 5, 6 at 7. Gayundin, pitong (7) kalahok ang nagsabi na ang kanilang guro bilang 2, 3, 4, 5, 6 at 9 ay may katiyagaan sa pagtuturo.

Sa ilang mga pahayag ng mga mag-aaral, malinaw na pinahahalagahan nila ang pagiging matiyaga ng kanilang mga guro sa pagtuturo. Marahil nakita ang mga ito dahil liban sa loob ng klase ay alam pa nila ang mga dagdag na gampanin ng kanilang mga guro sa paaralan.

Ang pagiging masinop at masikap ay binanggit din ng mga kasamahan ng mga natatanging guro bilang 1, 4 at 7.

Masasalamin dito na ang dagok sa pamilya ay nagtutulak na maging higit na masikap ang isang natatanging guro, patunay ito ng kasabihang *“Ang kahirapan kailanman ay hindi hadlang sa taong nais mag-aral at magtagumpay sa buhay.”*

Kapupulutan din ng interes ng bumabasa ang banggitin na maliban sa mahusay/epektibo at ekspertong magturo ang mga gurong na obserbahan ay kailangang mabigyang diin na ang mga natatanging guro ay may likas na katalinuhan na nagiging “sulo” upang makapag-angkop sila sa asignatura na hindi nita medyor. Lima ay naggraduate ng may karangalan sa kolehiyo, dean’s lister ang isa, at ang isa ay With Distinction.

Ang natatanging gurong ito ay may markang 1.46 sa TOR, pinakamaraming napanalunang karangalan para sa sarili at kanyang mga mag-aaral maliban pa sa mga krusyal na posisyong hinahawakan mula sa iba’t ibang samahan.

Isa pa ring natatanging guro na may 1.36 na average sa Transcript of Records ay naggraduate ng Cum laude.

Ganito rin ang sinabi ng natatanging guro bilang 9, na siya’y dean’s lister sa kolehiyo nag-aaral pa. Samantala, ang natatanging guro bilang 5 ay naggradwado sa elementarya ng With Distinction sang-ayon sa kanya at ng kanyang ulong guro.

Dahil sa katalinuhan ng mga natatanging guro, tatlo sa kanila ay naging mga Regional trainer na, ang isa sa tatlo maliban sa regional trainer ay curriculum writer ng 12, lima ay division trainers/facilitators, dalawa ay demonstration teachers, dalawa ay tagapagsalita sa kanilang paaralang INSET at Master.

Pinatutunayan na ang katalinuhan ay naging puhunan upang lalong maging galing ng mga guro. Lahat ay nagtataglay ng linggwistik na katalinuhan kaya ang asignatura mo sila dalhin at kahit pa papalit-palit ang kurikulum, nananatili silang epektibo. Tulad ng isang natatanging guro na medyor sa T.L.E ay pinagtuturo ng English IV at Filipino III.

Gayundin, dapat gamitin ng guro ang iba’t ibang uri ng katalinuhan na taglay din ng kanilang mga mag-aaral upang maabot ang mataas na lebel ng partisipasyon at pang-unawa sa mga aralin.

Ang lahat ng kaaya-ayang katauhan (personalidad) ng mga natatanging guro-malusog na katawan/kaisipan, integridad, pagiging aktibo/puno ng buhay, may tiwala sa sarili,

masipag, masinop, determinado sa buhay at likas na katalinuhan ay kanilang malalakas na agimat upang makuha ang respeto, tiwala at pagmamahal din ng mga mag-aaral sa kanila.

### **Liwanag ng mga Propesyunal na Katangian**

Anim na katangian ang nakapaloob sa bahaging ito ng pag-aaral: (1) malawak na kaalaman sa paksa, (2) mahusay na pamamahala sa klasrum, (3) kahusayan sa pagpoproseso ng aralin, (4) kahusayan sa pakikipagtalastasan, (5) kahusayan sa pagtataya at (6) responsable at mapanagutang pagtuturo.

Sa bahaging ito, tiningnan nang higit na masusi ang mga sagot ng mga kasamang guro, punungguro at mga tala sa video taped lessons. Bagamat sinuri rin ang kasagutan ng mga mag-aaral patungkol sa tuon ng pag-aaral kung may mga kaugnayan.

**Malawak na kaalaman sa paksa.** Relatibo ang sagot ng mga kasamang guro at nungguro sa bahaging ito. May pitong (7) nagpahayag na dalubhasa/ eksperto ang nilang guro dahil sa tagal ng kanilang pagtuturo sa asignatura at lima (5) ang sabing malawak dahil sila'y nagtuturo sa una at ikalawang taon na bago ang kurikulum.

Ang malawak na kaalaman sa asignatura ay katangian ng epektibong pagtuturo. Napalawak ito sa pamamagitan ng sariling pagbabasa, patuluyang pandalubhasang pag-aaral, pagdalo sa mga seminar at worksyap at pagtatanong sa mga eksperto sa paksa/asignatura. Isama pa rito ang tagal ng karanasan sa pagtuturo ay nakararagdag ng masteri sa mga araling itinuturo.

Sa muling pagsulyap sa mga video teyp na aralin, ang kalawakan ng kaalaman sa intent ay naipamalas sa pamamagitan ng pagtuturong di nagbabasa sa mga aklat; ang mga paliwanag ay tuluy-tuloy; matalas na makiramdam sa mga maling kasagutan; may malawak na kamalayan sa mga nagaganap sa paligid kaya nabanggit ng isang mag-aaral na, "Ang magaling na guro ay nagtuturo hindi sa libro kundi mula sa puso; nagkukuwento siya ng mga bagay na wala sa libro kundi mula sa kanyang mga karanasan."

Ilang manipestasyon na may malawak na kaalaman ang guro sa mga paksa ang mga sumusunod: (1) nakakaangkop (updated) sa mga bagong kalakaran, (2) may kaalaman sa pagkakabuo/elemento/ konsepto ng mga aralin at (3) nakapagbibigay ng praktikal na aplikasyon at (4) naglilinaw ng mga malabong kaisipan.

Ang ibang natatanging guro ay lumawak ang kaalaman sa Filipino dahil na rin sa tagal sa pagtuturo at pag-aaral nito bilang isang asignatura.

Gayundin, naipamalas ng labindalawang guro (12) at kaalaman sa pagkakabuo/ konsepto ng kanilang paksang aralin. Nagturo mula sa payak patungo sa masalimuot; ugnay-ugnay ang mga bahagi; naipakita ang mga relasyon ng mga bagong aralin sa mga datihang kaalaman at naiuugnay ang paksa sa iba.

Samantala sa mga video taped lessons, pinapanood ng natatanging guro 2 ang digmaan ng Cambodia noong dekada '60 at naitanong ang "Anong dapat isaisip ng mga tao, ng mga pamilya at sa pamahalaan kapag may giyera o digmaan?" Pumasok ang galing ng guro sa Humanidades sa pagsagot at pagpapalabas ng pamagat ng akdang babasahin at atityud o saloobin na dapat taglayin ng mga mag-aaral.



Gayundin sa video clips ng NG 5, nagkaroon ng kamalayang panlipunan ang mga mag-aaral sa dokumentaryong pinanood hinggil kay Mary Joy na batang magbabasura.

Isang manipestasyon na taglay ng guro ang malawak na kaalaman sa asignatura bigay ng mga halimbawa, praktikal na aplikasyon sa mga pinag-aaralan at sa mga malabong kaisipan/ konsepto.

**Kahusayan ng instruksyon at pagpoproseso ng aralin.** Pinatunayan ito ng 12 sa pamamagitan ng iba't ibang estratehiya tulad ng iba't ibang grapikong oragnizer, paggamit ng laro, awit, video clips, role playing, kolaboratibong estratehiya, paint me a picture at iba- iba pa. Iba- ibang pamamaraan din ang madalas gamitin tulad ng Pagbuod at Pasaklaw sa Pagtuturo ng Wika, Araling Pagpapahalaga sa Panitikan kasama ng pagsusuring pangnilalaman, panglinggwistika at pampanitikan at pag- ng mga aralin sa mga tiyak na teorya sa pagsusuri.

Ilang manipestasyon din ng kahusayan sa instruksyon ay ang mga sumusunod: (1) pag-aagapay sa interes, (2) karanasan at maturidad ng mga mag-aaral, (3) paggamit ng mga kolaboratibong gawain, (4) paggamit ng iba't ibang kasangkapan/materyal sa ng aralin, at (5) malinaw na mga panuto.

Malinaw sa labindalawang gurong naobserbahan, bagaman sila ang direktor sa klase, mas higit ang papel nila bilang fasiliteytor ng pagkatuto. Kontrolado nila ang klase subalit hinahayaang bumuo ng sariling pakahulugan at pang-unawa ang mga mag-aaral ng kanilang mahuhusay na pagtatanong, pagbibigay ng kalayaan at desisyon mag-aaral kung paano isasagawa ang mga pangkatang gawain, kahit na may mungkahing estratehiya para sa mga iyon.

Ang isang ekspertong guro ay umaagapay sa interes, karanasan, maturidad at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Nagkaroon ng maraming kolaboratibong gawain ang mga mag-aaral tulad ng Magsumbong kay Bonggang Bonggang Bong, debate, role play, pag-uulat, pagsulat ng tula hinggil sa titser, paglalapat ng awit sa mga tula at iba pa.

Isang natatanging guro naman ang naglagay ng mga kartolina (nakatupi) sa estratehikong lokasyon ng klase upang doon magsagawa ng pangkatang gawain ang mga mag-aaral. Naroon na ang gawain ng pangkat na dapat maisagawa ng 10 minuto.

Gumamit ng video clips ang natatanging guro 2, 5 at 12 at nagkaroon ng pagsusuri sa iyon.

Magkahalo naman ang pagtalakay sa wika ng natatanging guro 6 at mga tibong gawain ng mga mag-aaral.

Pinatutunayan ng mga pahayag mula sa iba't ibang kalahok na ang mga nging guro ay may iba't ibang imbakan ng mga pamamaraan, estratehiya at na naiaangkop sa iba't ibang uri ng aralin at mga mag-aaral.

Bagaman, iba-ibang lebel ang itinuturo ng mga natatanging guro, lahat sila ay kakikitaan ng paggamit ng iba't ibang kasangkapan/ kagamitan at material upang mapaunlad ang instruksyon.

Dalawa ang hindi gumamit ng LCD projector, subalit napakaorganizado ng mga ng inilagay sa pisara ng guro 8 upang masundan sa pagtalakay ng mga mag-aaral.

Samantala, gumamit ng materyal na voice clip ang guro 6 sa mga mag-aaral upang lunsaran sa talakayan kaantasan /formalidad ng wika.

Kapansin-pansin ang paggamit ng Manila paper at kartolina ng mga mag-aaral at pentel pen para sa mga pag-uulat sa mga pangkatang gawain. Madalas ang guro ang nagdadala at nagbibigay ng mga ito para sa mga pangkatang gawain upang makatipid oras.

Dahil sa paggamit ng iba't ibang materyal ay napabilis ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, tumutok sila sa mga gawain maliban pa sa nalinang ang kanilang pang-unawa sa tulong ng pagninilay at pagsusuri.

Malinaw rin ang mga panuto ng labindalawang guro sa lahat ng mag-aaral. Nilalapitan pa ang mga pangkat upang masusog ng mga panuto o magbigay ng suporta mga gawain. Nagpapaalala sa oras sa mga gawain at epektibong nasusundan ito ng mga mag-aaral.

Nakabibilib ang gurong 11 sa paghahati-hati ng oras at gawain upang matapos ang sa pagtuturo. Nakapaloob na sa mga index cards ang gagawin pati na sa mga paper upang maging gabay ng mga mag-aaral at makasunod sa nakatakdang oras.

Bagaman ginamit ang salitang nakasalungguhit at tatlong beses gumamit ng Ingles sa klase, hindi nakabawas ito upang 'di siya maintindihan ng mga mag-aaral sa kanyang mensahe.

**Kahusayan sa pakikipagtalastasan sa Filipino.** Labindalawang guro ang nagpakita ng katatasan sa pagsasalita sa Filipino at nagsasalita batay sa iba't ibang tono, diin at malinaw na paraan. May masigla, may mabilis, may malalim mangusap depende sa mood/ kakayahan subalit naiintindihan.

Ang katangiang taglay ng mga guro sa ilalim nito ay ang pagpapakita ng kahusayan at di berbal na paraan ng pakikipagtalastasan.

Sa ilalim ng di-berbal na paraan ng pakikipagtalastasan, sadyang nakapaglalarawan ang mukha, katawan at kamay ng guro upang magbigay ng diin sa mahalagang kaisipan.

Gayundin, sa tulong ng berbal na paraan, higit na lumilinaw ang mga ideya at na nais nilang ituro sa klase.

Bagaman may lumalabas na Ingles sa NG 4 (medyor sa Ingles) (tatlong beses-magmove, meaning, uncle ko rin), hindi ito naging kabawasan sa kanyang mahusay na komunikasyon, dahil ang aralin niya ay hinggii sa pagsasaling- wika.

Pambihira ang lalim ng gamit sa wika ng NG 5 na medyor sa Matematika na ng mga salitang naantig, marapat tamang, sa madaling salita, magsusog at iba mga salitang pormal

sa akademikong Filipino. Hawak na nito ang kahusayan sa gramatika bagamat ang paksa ay paggawa ng dokumentaryo.

Kapansin-pansin na napakadulas magsalita ng Filipino ang mga gurong kalahok lalo gumagamit nito bilang midyum sa pakikipagtalastasan.

Nakikita pa rin na may probisyon para sa dalawang panig ng komunikasyon. Lahat ng labindalawang guro ay gumamit ng mga ideya at saloobin sa pagitan ng mga mag-aaral sa isa't isa, sa guro at mag-aaral, sa pangkat at iba pang pangkat.

Sa panig ng NG 3, pinaobserba niya ang ibang pangkat upang magsusog sa kakulangan sa kanilang pag-uulat; ang mga mag-aaral ay matamang nakikinig sa mga upang makapagbigay ng tamang marka batay sa rubriks samantalang ang guro ay nakikinig sa mga sagot ng mga mag-aaral upang makapagbigay ng fdbak.

Natuklasan ng lahat ng labindalawang guro ay may malinaw, kaaya-aya at malakas tinig. Tinig ang puhunan ng guro sa pagtuturo. Ang pag-iiba-iba ng tono, diin, himig, iba, antala, bilis, hagod ay nagbubunga ng higit na unawaan sa mga mag-aaral. Lahat gurong naobserbahan ay kumikilos sa iba't ibang bahagi ng klasrum, masigla, buhay buhay sa talakayan at interaksyong pangklase kaya naman nahihimok ang mga mag-aaral na sumabay sa dinamikong gawi ng kanilang natatanging guro.

Tunay na ang galing sa berbal at di-berbal na komunikasyon ay tulay sa pag-abot tunguhing pang-edukasyon upang matamo ang lapit/layunin sa pagtuturo upang makapagbigay ng fdbak, dagdag na input at pagpapaliwanang o kaya naman panubaybay na mga tanong para maging malinaw ang mga pahayag ng mag-aaral.

**Kahusayan sa pamamahala sa klasrum.** Ipinamalas ng labindalawang guro ang kayahang gamitin ang espasyo at materyal/ kagamitan sa klasrum, gawain at pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral sa demokratiko, sistematiko, walang mga pag-aantala, taglay ang kaalaman sa disiplina upang pamahalaan ang klaseng may iba't ibang katangian, lebel ng katalinuhan at pamilyang pinanggalingan. Katunayan, taglay ng labindalawang guro ang mga *sub-component* na: mahusay sa pagpapadaloy sa mga sin sa klase at pamamahala sa oras, pagtutok at pagpapanatili sa itinakdang gawain mga mag-aaral, at kawalan ng ibang kaabalahang pangklase.

Mahusay sa pagpapadaloy ng mga rutin at may wastong pamamahala sa oras ang mga natatanging guro. Labing-isang guro ang nakitaan ng pagdarasal bago ang klase liban sa NG 3 na pagbati ang simula sa klase. Lahat din ay nagwasto ng mga lumiban ang mga monitor ang nag-ulat kasama ng mga dahilan. Ipinakita ng mga guro ang malasakit din sa bahaging ito sa kapakanan ng mga-aaral.

Bagaman, naisagawa ito nang mabilis ng guro, hindi ito naging kabawasan sa oras pagtuturo bagkus nakatulong upang magbigay ng direksyon at positibong atmospera pakikipag-ugnayan sa Dakilang Lumikha at pagmamalasakit sa kapwa lalo na sa mga mag-aaral. Isa pa ring klase ang nagbigay-diin sa butil ng kaisipan bago nagsimula sa klase.

Sa epektibo at ekspertong pagtuturo, labing-isa (11) ay nagpakita ng wastong pagsisimula sa oras at pagtatapos sa oras na nakatakda sa klase, maliban sa NG 2, na

sumobra ng 10 minuto sa klase, dahil hindi naawat/ naputol ang presentasyon ng mga mag-aaral bago ang sintesis/*paglalahat*.

Lahat ay nagpapaalala sa oras na ipinamamalagi sa isang takdang gawain at pagkakasunduan. Ang mga gawain ay nakasulat sa Manila paper, sa index card, sa power point presentation upang mas mabilis na mapadaloy ang mga gawain. May mga natakadang gawain ding ipinapagawa sa labas ng klase upang maglahad nang mabilis sa muling pagkklase. Sa mga pangkatang gawain, kapansin-pansin na pumalakpak ang mga pangkat na tapos na at idinidikit ang kanilang Manila paper sa pisara nang wala mang panuto sa guro.

Samantala, sa ibang klase, sunud-sunod na nagpapaskil ng Manila paper din ang mga mag-aaral na nauunang natapos na sa gawain.

Lahat ng mga gumamit ng LCD projector at laptop ay nakahanda na rin bago ang oras ng obserbasyon kasama na ng mga Manila paper, pentel pen, colored art paper, at mga materyal na ibibigay sa mga mag-aaral kasama na rito ang mga nakagupit ng masking tape para pandikit sa Manila paper. Sa kabuuan ay malinis din ang kaayusan sa mga klasrum, organisado ang mga *bulletin board* at malikhain ang mga klase ng mga natatanging guro.

**Pagpapanatili sa nakatakadang gawain para sa mga mag-aaral.** Nasundan ng labindalawang guro ang mga plano sa pagtuturo at mga pangkatang-gawain para sa mga mag-aaral. Labing-isa ay matinding nagpanatili ng ganitong gawi at paraan ng pagkatuto samantalang ang isa ay nagmamarka/ nagsusuri sa naunang gawaing pasulat ng kaipala ay makabigay ng fidbak at matasa kung naabot ang lebel ng masteri/ kaalaman na kailangan sa naunang gawain ng mga mag-aaral.

Naipasasagawa ng mga guro sa klase ang mga gawain dahil sa pagkaistrikto sa oras disiplinang ipinakita ng guro at mag-aaral. Taglay ng guro ang *“holding power”* sa proseso ng paturuan kaya’t tahimik ang mga mag-aaral sa pangkatang gawain o *“manageable”* ang ingay. Nakapokus ang mata sa mga guro kapag sila’y nagsasalita at karamiha’y aktibo sa malayang talakayan. Kakikitaan ang mga guro sa paunang paghahanda ng ng mga gawain upang tuluy-tuloy na maisakatuparan ito.

Ang kawalan ng pakaantala/disrapsyong pangklase ay masasalamin din sa mga epektibo/ dalubhasang guro. Namamahala sa klase nang walang pagkaantala at nagsisikap na di maging kabagot- bagot ang pagtuturo, upang maiwasan ang kawalan interes ng mag-aaral at mga problemang pangklase.

Katunayan, batay sa mga sagot sa talatanungan, tinukoy ng mga kalahok na mag-aral na ang kanilang mga natatanging guro ay istrikta/ disiplinado (NG 1, 2, 3, 4, 5, 6, 7, 8, 9, 12) masyadong istrikto (NG 10) samantalang inilarawan ang NG 11, nang di pag-aaksaya ng oras. Naisasakatuparan ng mga mag-aaral ang mga gawaing nakaatang sa loob at labas man ng klase dahil namamayani ang maganda at matatag na samahang pangguro at mag-aaral dahil sa simula pa lamang ng klase ay napag-usapan na ang mga polisiya, patakaran at mga inaasahan sa bawat isa sa kanilang mga guro at mag- aral.

Kaya ang maayos na pamamahala sa klasrum nila ay mailalarawan sa pagtataglay ng mga ruting di sagabal sa pagtuturo tulad ng pagpapalinis at kagamitang kailangan bago ang simula ng klase; maraming gawaing pang-mag-aaral na ginagamitan ng kolaboratibong

estrategiya; kumikilos ang mga bata na may respeto at konsiderasyon sa iba; at nagagamit nang makatwiran ang oras batay sa plano ng pagtuturo.

**Kahusayan sa pagtataya sa pagtuturo.** Ang mga natatanging gurong di-medyor ay nagtataglay rin ng kahusayan sa pagtataya na mailalahad sa pamamagitan ng mga sumusunod: (1) pagiging sensitibo sa mga suliranin sa pagkatuto ng mga mag- aral; (2) inaasahan at inaaksyunan kaagad ang mga suliranin o kalituhan na maaaring maranasan at (3) ang kaalaman sa paggamit/paglalapad ng iba't ibang uri ng pagtataya. Taglay ng 12 natatanging guro ang pagiging sensitibo sa mga suliranin sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Habang nagtatalakay, nagtatanong ang guro kung malinaw o may dapat bang linawin sa aralin; kung may mga katanungan o pag-aalinlangan bago ipagpatuloy sa talakayan.

Gayundin, madalas ay umiikot ang guro sa mga kolaboratibong gawain upang maglinaw o magbigay ng suhesyon sa mga di makasunod sa mga gawain.

“Loreline, bakit ayaw mong sumagot?” Naitanong ito ng natatanging guro at binigyan ng panubaybay na tanong ang bata para makasagot.

Madalas ginagamit ng guro ang mga salitang, "Maliwanag ba? Naiintindihan? May tanong ba kayo?"

Isang guro ang nagkomento na "Tama ba na ang sagot ay parsa? Mamaya malalaman natin." Hindi pinahiya ng guro ang sagot ng mag-aaral at hinayaang matuklasan niya ito sa talakayan at binalikan ng diplomatiko ang sagot ng bata.

Sa tanong na “Ilan sa tingin n’yo ang wikang kasangkot sa pagsasalang-wika?” Mali ang sagot ng mga-aaral subalit sa tulong ng pagbibigay ng tatlong sitwasyon ng guro ay napalabas ang tamang kasagutan nang hindi talampakang ipinahayag na mali ang kasagutan.

Gayundi’y naitanong ng NG 6 kay JR Rizal, “lalawiganin ba ang salitang bunga ng pag-ibig no?” Itinanong muna ng guro kung ito’y tama sa pangmalas ng ibang mag-aaral.

“Alin diyan ang di-gaanong malinaw/ klaro sa inyo?” Nang sumagot pampanitikan” ang mga mag-aaral, nagdagdag siya ng paliwanag hinggil dito.

Tinawag ang mag-aaral na nasa dulong hulihan upang tiyakin kung siya’y nakikinig at naiintindihan ang aralin.

Inaasahan at inaaksyunan na ang mga suliranin o kalituhan na maaaring maranasan ng mga mag-aaral ng mga natatanging guro. Sa pagkakataong ito tinatawag na may *anticipatory skill* ang gurong natatangi kung iniisip na ang maaaring maging sanhi ng kalituhan o suliranin ng mga mag-aaral na maaaring magbunga ng maging konsepto o pang-unawa.

Tulad ng NG 12, nilinaw muna ang hinuha ng mga bata sa pamagat na “Walang Sugat”, ang denotatibo at konotatibong kahulugan bago nagpabasa upang mailapat ang hang impormasyon.

Halimbawa rin nito ay ang NG 7 na nagpakita ng dalawang simbahan na pamilyar sa mga mag-aaral Basilica Minore ng Malolos at Simbahang Barasoin upang maiugnay sa Simbahang Quiapo sa akdang “Sa Mabangis na Lungsod.” Gayundin, ang pagpapanood

video presentation na “Magpakailanman” upang maikongkreto ang mga karanasan ng mga tauhan sa akda, batay sa napanood na video.

Samantala ang NG 6 ay nagparinig ng voice clip. Bagaman nakapagbigay ng panuto kailangan silang makinig nang mabuti dahil mayroon silang gagawin, pinarinig ng dalawang beses ng guro ito upang magamit nang mabisa bilang lunsaran sa aralin sa wika.

Habang nagkakamali ang bata sa pagbabasa, itinuturo ng guro ang mga salita at ipapaulit sa mga-aaral upang maiwasto ng bata ang sarili.

Sa bahaging ito, nakita ang mga natatanging guro na parehong gumamit ng tradisyunal at alternatibong pagtataya. Papel at lapis (paper and pencil assessment) lalo na sa klase/ araling pangwika subalit higit ang mga alternatibong pagtataya na pangkatang pagsusuri, kolaboratibong pagsagot at mga pagtatanghal na kaugnay ng mga layunin ng pampagtuturo. Dagdag pa rito, mulat ang mga kalahok sa paggamit ng dayagnostikong pagtataya bago simulan ang bagong yunit, pormatibong pagtataya na hindi minamarkahan subalit malaking kabahagi ng pagtuturo tulad ng pag-oobserba sa mga kilos, gawi at mga pagganap sa mga kasanayang dapat linangin sa klase.

Pinatunayan ng mga sagot sa mga talatanungan na konsistent ang kahusayan ng mga natatanging guro sa paggamit ng iba’t ibang pagtataya na pinatunayan ng mga tala rin sa video lessons. Mga pagtatayang nakaugnay sa mga layunin ng pagtuturo upang aabot ang hinahangad na lebel ng masteri lalo na sa komunikatibong pagtuturo sa wika at panitikan.

**Responsible at mapanagutang pagtuturo.** Natukalasan ang responsable at mapanagutang pagtuturo ay isang mahalagang domeyn ng eksperto/ epektibong pagtuturo sa ilalim ng propesyunal na katangian. Tinalunton ang mga kasagutan ng mga mag-aaral at ang mga natatanging guro 1, 4, 5, 7 at 8 ay tinukoy na mayroong ganitong katangian. Katulad ng mga natatanging guro sa pag-aaral ni Reyes (2002), maiuugnay ang mga pailalim na domeyn na sumusunod:

Pagtuturong nakapokus sa pagkatuto mga mag-aaral. Isang Aprikanong salawikain ang minsang nabasa: “It takes a whole village to educate a child.” Mahuhugot na ang pagkatuto ng mag-aaral ay sa pamamagitan ng kolaborasyon ng maraming tao- ng punungguro, mga guro, mga magulang, mga mag-aaral mismo at iba pang *stakeholders*. Sentral sa pagtutulungang ito ay ang mag-aaral na nasa “pusod” o gitna ng instruksyon.

Sa pag-usad ng panahon, ang paturuan ay sumentro sa guro, sa paksa o nilalaman subali’t labindalawang guro ang natuklasang nagturong nakapokus sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng mga kooperatibo o kolaboratibong pamamaraan o itratahiya na tumiyak nang higit na partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase at ikapagpalabas ng pangkatan o isahang insayt at pananaw sa mga paksang naiatang sa kanila. Minsan ay isinasagawa ang dayad, trayad at higit pa sa limang miyembro sa pangkatang gawain. Layon ng lahat ng paturuan ay maabot ang mataas na pagpapakahulugan at pang-unawa sa mga isyung lokal, pambansa at global.

Isinasagawa ng mga punungguro at mga guro ang madalas na pakikipag-ugnayan sa mga magulang upang higit na maunawaan ang mga mag-aaral at masolusyunan ang mga suliraning pangklase.

Upang matulungan nang lubos ang mga mag-aaral, ang kolaborasyon ay isinasama rin sa loob ng departamento upang matulungan ang gurong 'di-medyor na magturo nang mahusay para sa mga mag-aaral.

Bagamat ang binanggit ay isang eksternal na salik, ang diwa ng kolaborasyon ay malinaw na nakatutulong upang higit na maging epektibo ang gurong di-medyor para sa ikagagaling din ng mga mag-aaral.

Ang mga responsableng guro ay nagbigay ng probisyon para sa mga gawaing agkop sa *multi-intelligences* ng mga mag-aaral, nagkaroon ng iba't ibang *differentiated instruction*-talakayang pangklase, pangkatang pagtutok, indibidwal na pagtataya kung nakaunawa ang mag-aaral at makapagbibigay ng sariling pakahulugan, opinyon, konsepto sa mga paksang tinalakay. Malinaw na natuto at umangkop ang mga bata sa lahat ng gawain sa panubaybay ng guro.

Isinasagawa rin ng mga natatanging guro ang pagsasanib ng pagpapahalaga at iba pang multi-disiplinang kaalaman sa mga mag-aaral. Bagaman palasak ang kasabihang, "Values are not taught but they are caught," maaaninaw sa mga talakayang pangklase na ito'y naisanib ng halos lahat ng guro sa pagtuturo.

Ibig ipakahulugan sa sagot ng mag-aaral na maliban sa paksang pinag-aaralan sa klase ay natuturuan sila ng guro ng magandang kaasalan dahil sa samu't saring mahahalagang papel nitong ginampanan sa loob at labas ng kanilang klasrum.

Ang natatanging guro 9 naman ay mulat sa mga kaganapan sa bansa at naiugnay mga pangyayari sa mga balita sa elemento ng dula.

Ang responsable at mapananagutang pagtuturo ay hindi lamang pagpapaliwanag aralin kundi may layuning maghubog ng tamang kaasalan ng mga mag-aaral maging mabuting mamamayan para sa bayan. Dahil kung pagbabalik-tanawin ang isinasaad sa Saligang Batas 1987, tiyakang binanggit ang mahahalagang ambag ng paaralan: "Ang paglinang ng kagandahang asal, disiplinang pansarili, budhing kasanayang bokasyunal at pagtuturo ng tungkulin sa pagkamamamayan.

### **Kislap ng mga Sosyal na Katangian**

Isinama sa talatanungan kung paano ang pakikisama ng natatanging guro sa mga mag-aaral, kaguro at punungguro. Sinuri ang mga kasagutan ng mga at inugnay sa mga pinanood na video tape lessons at mga interbyung isinasagawa. Natuklasan ang mga pailalim na domeyn na sosyal na katangian tulad ng: (1) palakaibigang disposisyon, (2) patas sa mga mag-aaral at iba, (3) marespeto sa mag-aaral, kasamahan at nakatataas, (4) mapagpanatili ng *child friendly at teacher friendly school*, (5) may mataas na ugnayan sa mga mag-aaral at iba at (6) pagiging mahusay na lider/ pinuno.

**Palakaibigang disposisyon.** Batay sa mga napanood sa video tape na mga aralin sagot sa mga talatanungan, lahat ng natatanging guro ay may palakaibigang disposisyon. Binanggit nang tiyak ng mga guro at mag-aaral, sa ilalim nito ang mga yang maayos ang pakikitungo/ pakikisama ( NG 1, 2, 3, 4, 5, 6, 7, 8, 9, 10, 11 at 12), palakaibigan (NG 5 at 7) magiliw (NG 1, 2, 6, 9 at 12), matiyaga (NG 3, 4, 5, 6, 8, 11 at 12) mahaba ang pasensya (NG

6 at 12), may interes sa iba/ nakikinig at nagbibigay ng napagtatanganan (NG 8), malalapitan (NG 8), at nag-aalala sa kalagayan ng mga mag-aaral (NG 2).

Ang natatanging guro bagaman mapagdisiplina o istrikto sa proseso ng pagtuturo nakakakuha ng matinding partisipasyon sa mga bata at iba pa dahil sa 'di nakakatakot lapitan sa labas ng klase, palakaibigan, nakikinig, nagmamalasakit sa kanyang mga mag-aaral at kasamahan, kaya siya nirerespeto at kinalulugdan.

**Patas sa mga mag-aaral at iba.** Hindi maiiwasan sa loob ng klase ang iba't ibang katangian at kagalingan ng mga mag-aaral na naipakikita sa iba't ibang pagganap klase. Lahat ng guro ay mapagpahalaga sa gawain ng mag-aaral at naturuan din ang ga mag-aaral na magtasa at magpahalaga sa gawain ng kanilang mag-aaral. Lahat ng labindalawang guro ay gumamit ng rubrik na taglay ang mga pamantayan/ puntos sa pagmamarka na pinag-uusapan sa loob ng klase. Tiyakang binanggit ang salitang patas, dang paborito, ng mga kalahok din para sa kanilang guro bilang 2, 4, 6, 7, 9 at 10.

Sa ilalim nito, maaaring maisama pa rin ang katangian pagiging maunawain/ makonsiderasyon ng guro na bahagi ng kanyang pagiging patas sa kanya-kanyang indibidwal sa klase. Binanggit ito ng mga kalahok para sa kanilang natatanging guro lang 2 at 5.

**Marespeto sa mag-aaral, kasamahan at nakatataas.** Lahat ng mga natatanging guro ay nagpakita ng respeto/pagkamagalang sa kanilang mag-aaral, kapwa guro at punungguro.

Sa mga *video taped lessons*, ang mataas na lebel ng manipestasyon ng paggalang ay ang pakikinig ng mga guro sa sagot ng mga mag-aaral/ pangkat kaya ito'y nagbubunga rin ng pagrespeto sa kanya ng mga mag-aaral. Isa pang binanggit ng mga pag-aaral na kapita-pitagan/ kagalang-galang ang kanilang mga guro sa kanilang sarili kaya ito'y naipamamalas din sa kanila. Ipinapakita rin ang pagrespeto sa pamamagitan ng pakikiisa, pagtulong sa mga gawain ng kanilang departamento at pagsunod sa kanilang punungguro para sa kagalingan ng paaralan.

Ang pagrespeto ay kakambal ng pagiging masunurin o pagsunod sa pinag-uutos ng mga opisyal ng departamento lalo na kung ito'y sa ikagagaling ng mga produkto ng paaralan. Ang pagrespeto sa kapwa ay kakambal ng hindi paninira sa kapwa.

Ang marespeto bilang isang katangian ay malinaw na masasalamin din sa loob ng paturuang pangklase sa pamamagitan ng pakikinig ng mga mag-aaral sa guro kapag sila'y nagsasalita gayundin ng guro kapag nagpapahayag ng kaisipan, saloobin at agam-agam ang mga mag-aaral. Sa mga pangkatang gawain ay ganoon din ang gawi ng mga aaral sa isa't isa sa kanilang pagbabahaginan ng sagot at maging sa kanilang pag- uulat at performans, nanonood, nakikinig at nagpapahalaga ang lahat sa awtput ng bawat isa/ pangkat.

Napapanatili rin ng guro ang ganitong katangian sa pamamagitan ng hindi pagpapahiya sa mga kasagutan at gawain ng mga mag-aaral. Alinsunod sa pagkilala sa kanilang sariling indibidwalidad pati na ng kanilang kakayahan at talento.

Madalas ay nagiging bukambibig ng mga guro ang mga salitang: "Mga anak sa akin muna makinig, focus, pakinggan muna natin ang taga-ulat/ si \_\_\_\_\_, "lahat ba ay nakiisa sa gawain?" At kung hindi alam ng mga bata ang kasagutan sa kanyang tanong ay nawiwika ang



mga pahayag na, “Sino ang makakatulong kay \_\_\_\_\_, babalikan kita anak mamaya,” pagkatapos na makapagbigay ng mga panubaybay na tanong at pbaba sa lebel ng kanyang mga mag-aaral.

**Pagpapanatili ng isang makamag-aaral at makagurong (“child- friendly” at “teacher- friendly”) kapaligiran.** Lahat ng mga natatanging guro ay kinakitaan ng ganitong katangian sa pamamagitan ng pagsisiyasat kung sino ang mga lumiban at pagbibigay-reaksyon sa kanilang dahilan (bilang bahagi ng pagmamalasakit sa kanyang mag-aaral); pagtitiyak na malinis, ligtas at maayos ang kapaligiran sa loob at labas ng klase bago makapagsimula sa pagtuturo; pagtawag sa tunay na pangalan ng mga mag-aaral o ng kanilang palayaw; pakikipagkaibigan sa kanilang mag-aaral at pagbaba sa kanilang lebel kung kinakailangan. Gayundin, ang diwa ng pagkakapatiran, kaisa at pagtutulungan sa loob ng paaralan ay ipinamalas ng mga ekspertong guro sa kanilang mga mag-aaral.

Bunga ng pagpapanatili ng ligtas, maayos at malinis na atmospera at suportang sikolohikal sa mga mag-aaral, naaakit ang mga mag-aaral na sumali nang aktibo sa gawain sa loob at labas ng klase.

Ang ipinakita ng guro ay “walking the talk,” o pagiging mabuting halimbawa ng kanyang mga mag-aaral sa ideya ng kalinisan.

Ang pagiging ligtas at payapang kapaligirang pampaaralan ay naipamalas din sa pakikitungo ng mga natatanging guro sa kanilang kasamahan (harmonious ship) na pinatutunayan ng mga punungguro.

Katunayan, ang natatanging guro bilang 8 ay isang agriculturist kaya ayon sa isang punungguro pa rin.

**Mataas/ magandang ugnayan/ pakikitungo (rapport) sa mga mag-aaral kasamahan.** Ito’y pinatutunayan ng kababang loob (humility) ng guro, pagpapalagay ng loob sa iba, pakikibagay/ pakikisama, pagbibigay ng payo/ aral, pagiging matulungin at kakayahang lumapit para magtanong sa ibang kasamahan.

Ang kababang loob ay taglay ng NG 6, 1, 4, 5, 6, 7, at 11 batay sa tala sa pag-aaral. Ayon naman sa mga kasamahan at mag-aaral ng NG 8, siya’y may maayos na relasyon sa kanila maliban pa sa siya’y malalapitan/ maaasahan.

Ang mataas na ugnayan sa iba ay naipamamalas din sa pamamagitan ng pagiging matulungin. Ito’y tiyakang binanggit ng mga kalahok para sa kanilang natatanging guro bilang 6, 7 at 9.

Mahalaga ring banggitin sa puntong ito na isang kalahok ang bumanggit ng ideya ng pagiging mahusay na lider/ pinuno ng natatanging guro 8. Kadalasan, ang pinuno ay inuugnay sa punungguro o ulong-guro ng paaralan subalit isang nagdudumilat na katotohanan na ang guro ay tunay na pinuno/ lider ng instruksyon sa klase.

Marahil ang paghanga sa kanya ay nararamdaman dahil sa dagdag na mga tungkuling naisasagawa niya nang mahusay.

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral, ang mga natatanging gurong di-medyor ay nagtataglay ng mga maningning na katangiang personal, propesyunal at silbing ningas ng sulo sa maaalong dagat ng pagtuturo na naging dahilan upang sila'y hangaan, respetuhin at mahalín ng mga kalahok sa pag-aaral. Masinop na matutunghayan sa talahanayan ang lahat ng mga katangian ng mga natatanging guro.

### Talahanayan Blg. 1

#### **Sinag ng mga personal, propesyunal at sosyal na katangian**

<b>Mga Katangian</b>	<b>Bilang</b>	<b>Bahagdan</b>
<b>Ningning ng mga personal na katangian</b>		
Mataas na debosyon sa pagtuturo	12	100.00
Mapagmahal sa mga mag-aaral	12	100.00
Handang magtrabaho nang lampas sa tawag na tungkulin	12	100.00
Masayahin at mahilig magpatawa	12	100.00
Mapag-angkop sa pagbabago at mapanaliksik	12	100.00
May kaaya-ayang katauhan	12	100.00
Mataas na antas ng pananampalataya	2	16.66
<b>Liwanag ng mga propesyunal na katangian</b>		
Malawak na kaalaman sa paksa	12	100.00
Kahusayan sa pagpoproseso sa aralin	12	100.00
Kahusayan sa pakikipagtalastasan	12	100.00
Mauhsay na pamamahala sa klasrum	12	100.00
Kasanayan sa pagtataya	12	100.00
Responsable at mapanagutang pagtuturo	5	41.66
<b>Kislap ng mga sosyal na katangian</b>		
Palakaibigang disposisyon	12	100.00
Patas sa mga mag-aaral at iba	12	100.00
Pagkamagalang sa mga mag-aaral, kasamahan at nakataaas	12	100.00
Pagpapanatili ng "child-friendly" at "teacher-friendly" na paaralan	12	100.00
May mataas na ugnayan/pakikitungo sa mga mag-aaral at kasamahan	12	100.00
Pagiging mahusay na lider	1	8.33

#### **Alab ng mga Nakapag-iimpluwensyang Salik sa Esperto/ Epektibong Pagtuturo**

Marami sa mga natuklasang salik ang nakapag-iimpluwensya sa pagiging eksperto/epektibo sa pagtuturo ng mga gurong di-medyor na kalahok sa pag-aaral. Inilahad dito ang impluwensya ng kanais-nais na katangian ng mga natatanging guro, pedagogikal na

pamumuno, pagbabasa/pag-aaral/paggamit ng iba't ibang reperensya, epektibong superbisyon, patuluyang pag-aaral, certificate program, eksternal na suporta, pamilya ng mga guro, karanasan sa pagtuturo, impluwensya ng mga modelo/ huwarang tao, kooperasyon ng mga mag-aaral at dagdag na trabaho.

**Kanais-nais na katangian ng mga natatanging guro.** Limampu't limang kalahok ang bumanggit hinggil sa kaaya-ayang katangian ng guro bilang mahalagang salik sa eksperto/ epektibong pagtuturo.

Halos lahat ng mga punungguro, kasamang guro at mga mag-aaral ay nagpatotoong ang mga katangiang personal, propesyonal at sosyal ng mga guro ang nakapag-iimpluwensya nang malaki sa kanilang maayos na pagtuturo. Isinama pa rito ang mga pangarap, pilosopiya at kahirapang naranasan ng mga natatanging guro ang kanilang pinanghawakan upang magpursige sa kanilang buhay at propesyon.

Sa ilalim ng mga pangarap ng mga guro, ay maikakategorya kung bakit ito pinili bilang propesyon. Apat (33.33%) ang nagsabing mahal ang pagtuturo mula pagkabata, lima (41.67%) ang nagpahayag na nais nilang maibahagi ang kaalaman/ gumabay sa kabataan, dalawa (16.67%) ang nagwikang propesyon ito ng pamilya at isa (8.33%) ay sariling desisyon maliban pa sa udyok ng kaibigan kung bakit siya naging guro at isa (8.33%) ay nais mapasaya ang mga magulang at mag-aaral.

Sa pakikipanayam sa mga natatanging guro at mga kalahok ng pag-aaral ay lumabas din ang mga pangarap nila na nagsisilbing kabahagi ng kanilang katauhan.

Bagaman hindi kasama sa talatanungan, lumilitaw sa panayam sa mga kalahok, na mayroong tatlong natatanging guro ang nakaranas ng matinding kahirapan na daan upang sila'y magsikap at magtagumpay.

**Pedagohikal na pamumuno.** Apatnapu't walo (48) ang nagkakasundo sa mga natatanging guro, punungguro, kasamang guro at mga mag-aaral na may malaking kinalaman ang dinaluhang seminar, palihan, INSET, School Learning Action Cell (SLAC) upang maragdagan ang kakayahan ng mga guro. Gayundin, ang *mentoring*, *sharing of experiences (collegial support)*, *peer teaching* ay nakapagsusuhay rin sa kahusayang ito. Ang kaalaman ng mga eksperto sa sistemang paturuan ay di matatawarang kontibusyon sa mga naging mahuhusay gurong di-medyor; dahil sila ang napagtanungan noong dahop pa ang kanilang kaalaman.

Samantala sa pagtatanong sa ilang eksperto, inamin ng labindalawang (12) natatanging guro na nakikipagkolaborasyon sila sa mga eksperto at sampung (10) nagpapatunay rito:

Ang *mentoring* ay isang pamumunong pedagohikal din sa loob ng paaralan. Kadalasan ang mga Master Teacher o ang Ulong Guro ang gumaganap sa papel ng *mentor*. Dahil sa suportang sikolohikal ng mga magkakasangga sa departamento ay nagpapalitan sila ng mga *best practices* at naghihiraman ng mga kagamitan at teknik na maaaring magamit at magpaunlad sa pagtuturo.

Ang pedagohikal na pamumuno ay malinaw na naging susi upang mapuno ng mga sa Filipino ang dating ampaw o mahinang pundasyon sa asignatura, at ang mga napulot na kaalaman mula sa mga palihan, worksyap at mga pagsusuportahan sa departamento ay nagpapatatag at nagpalawak ng kanilang bisyon na maging produktibo.

**Pagbabasa/pag-aaral at paggamit ng iba't ibang reperensya.** Pitong guro ang bumanggit na ang matamang pagbabasa at pag-aaral sa asignatura ay nakapagdudulot ng husay sa pagtuturo. Gayundin, tatlung (30) mag-aaral ang bumanggit nito na salik ng kanilang guro sa epektibong pagtuturo, isang punungguro at naging guro rin ang nagpahalaga rito. Samantala, sa paggamit ng iba't ibang reperensya tulad ng pagsasaliksik sa teknolohiya at makabagong gamit, tatlong (3) guro ang tumukoy rito, dalawampu't isang (21) mag-aaral, isang tagamasid at isang natatanging guro.

Masasalamain na salik na nakikita ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng teknolohiya sa epektibong pagtuturo.

**Epektibong superbisyon.** Natuklasang ang mga punungguro at mga tagamasid ay naatasan ng Kagawaran na magsagawa ng regular na *classroom observations*. Sa Rehiyon tatlo ay kailangang makapagsagawa ng labing-anim na obserbasyong pangklase ang punungguro sa loob ng isang buwan. Sa mga obserbasyon ay kasama pa kung minsan ang mga Ulongguro (Head Teachers) at Master Teachers sa malalaking paaralan upang mapunan ang kahingian sa pagmamasid-pangguro. Sa mga reperensyang pangguro ay nakapagmumungkahi ng mga estratehiya, at impormasyong kailangan sa pagpapabuti ng instruksyon. Dalawampung limang (25) punungguro, natatanging guro at department head/kasamang guro ang nagpatotoo nito.

Sadyang may iba't ibang uri ng superbisyong isinasagawa ang mga punungguro at tagamasid subalit iisa lamang ang pakay o layunin – magpahalaga sa prosesong pagtuturo at makapagbigay suporta kung kinakailangan.

**Patuluyang pag-aaral (professional study).** Napag-alaman sa pag-aaral na mga kasangkot na natatanging guro ay mapagpahalaga sa edukasyon at patukuyang pag-aaral. Lima (5) ay natapos ng Master of Arts/ Master of Public Service (MPS), tatlo ay may MA equivalent/ candidate, apat ay may mga yunit sa Masteral.

Sang-ayon sa ibang kalahok ng pag-aaral, ito'y mahalagang salik upang maging epektibo/ eksperto ang isang guro, medyor man o hindi. Siyam sa mga punungguro, tatlo sa mga kasamang guro at walong mag-aaral ang bumanggit nito.

**Certificate Program.** Sampung guro ay tapos na ng Certificate Program at dalawa ay patapos pa lamang. Sang-ayon sa mga natatanging kalahok sa pag-aaral, ang Certificate Program ay nakapagdaragdag ng kaalaman nila sa kontent at proseso ng pagtuturo.

Tunay na ang mataas na sertipikasyong pangguro na may dagdag na 24 yunit ng pag-aaral ay nakatutulong upang mapalawak ang kalalaman ng mga kalahok sa asignatura.

**Panlabas/ Eksternal na suporta.** Lahat ng mga natatanging guro ay nagpahayag na napakalaki ng nagagawa ng panlabas na supoita sa kanilang dagdag na trabaho para sa paaralan. Pinatunayan ito ng isang mag-aaral, apat sa kasamang guro at apat na punungguro.

Samantala, ang ibang punungguro ay gumagawa ng iba't ibang estratehiya upang makapagsuporta sa mga guro.

Sang-ayon naman sa Punungguro 11, pinaiiiral niya ang transparency upang maakit na tumulong ang mga magulang para sa paaralan.

Malinaw sa bahaging ito na ang suporta ay pwedeng manggaling sa pamilya, sa mga punungguro, mga magulang at iba pang stakeholders upang mapaunlad ang sistema ng paturuang pampaaralan.

**Pamilya ng mga guro.** Isang natuklasang salik pa rin sa eksperto/ epektibong ay ang pinaghuhugutan na kaalaman, karanasan at mga kasagutan sa mga pampagtuturo. Ito ay ang mga kapamilya o mga kamag-anak na guro rin ang propesyon. Labing-isa (11) sa mga natatanging guro ay galing sa pamilya ng mga guro at nananalaytay sa kanilang mga ugat ang misyon ng pagtuturo. Isa ay walang guro sa pamilya maging sa kanilang mga kamag-anak maliban sa kanya.

**Karanasan sa pagtuturo.** Dalawang kasamang guro at anim na mag-aaral ang bumanggit na ito'y salik din sa epektibo/ ekspertong pagtuturo.

Kung ang pagbabatayan ay ang tagal ng pagtuturo upang makakuha ng sapat na karanasan, kapansin-pansin ang NG 5 at 8 ay may katagalan na sa pagtuturo. Ang NG 5 ay may pitong (17) taon na sa serbisyo, labing-amin na taong nagtuturo sa Filipino bagamat medyor sa Math, samantala ang NG 8 na medyor sa TLE ay dalawampu't limang (25) taong nagtuturo at siyam na taon sa Filipino.

Sa kabilang banda, ang NG 1, medyor sa Religious Education ay labinlimang (1S) na sa serbisyo at pitong (7) taon pa lamang sa Filipino subalit naging Regional Trainer na sa SEC 2010. Ang NG 10, medyor sa TLE ay masasabing pitong taon pa lamang sa serbisyo at tatlong taon sa Filipino, bagama't nagtapos ng may karangalan at may angking katalinuhan batay sa kanyang personal na datos.

Kung kaya hindi makakabuo ng paglalahat na tuntunin na ang haba ng singkad sa pagtuturo ay ang batayan lamang sa pagka-eksperto o pagka-epektibo ng guro sa instruksyon.

**Impluwensiya ng mga idolo/ modelong tao.** Limang natatanging guro ang bumanggit na may mga hinahangaan sila na naging inspirasyon nila sa pagiging mahusay na guro.

Maliban sa mga naunang pahayag ng mga natatanging gurong nakapanayam, walang lumitaw sa mga sagot sa talatanungan na may hinahangaan ang ibang kalahok ng salik na nakapag-impluwensiya sa kanilang ekspertong pagtuturo.

**Kooperasyon ng mga mag-aaral.** Tatlong mag-aaral ang bumanggit dito bilang salik na nakakaimpluwensiya sa mabungang pagtuturo.

**Dagdag na trabaho sa loob at labas ng paaralan.** Bagaman binanggit ng mga natatanging guro na silang lahat ay may dagdag na trabaho/ posisyon sa loob at labas paaralan, binanggit nila na ginagampanan nila ang mga ito nang mahusay at may iba't ibang digring nakapaapekto ito sa kanilang paggtuturo subalit nakakayang isakatuparan dahil sa tamang pagbabadyet ng oras. Isa lamang sa natatanging guro ang tumukoy na ito'y salik sa epektibong pagtuturo.

Bilang paglalagom sa mga salik na nakatutulong sa eksperto/ epektibong pagtuturo, matutunghayan ang lahat sa Talahanayan bilang 2.

## Talahanayan Blg. 2

### *Mga salik sa nakapag-iimpluwensya sa eksperto/ epektibong pagtuturo*

<b>Mga Salik</b>	<b>Bilang</b>	<b>Bahagdan</b>
Positibong katangian at saloobing pangguro	55	20.91
Pamumunong pedagohikal	48	18.25
Pagbabasa/ Pag-aaral/ Paggamit ng Iba't ibang reperensya	39	14.83
Epektibong superbisyon	25	9.51
Patuluyang pag-aaral	24	9.13
Certificate program	24	9.13
Panlabas na suporta	21	7.98
Pamilya ng mga guro	10	3.80
Karanasan sa pagtuturo	8	3.04
Impluwensya ng mga modelo	5	1.90
Koopersayon ng mga mag-aaral	3	1.14
Dagdag na trabaho	1	0.38
<b>Kabuuang bilang ng tugon</b>	<b>263</b>	<b>100.00</b>

### **Tanglaw ng Karunungan sa Diwang Pahat ng mga Guro't Mag-aaral**

Sa bahaging ito, inilalahad ang lakas ng mga naging mungkahi ng mga kalahok ng pag-aaral upang mapataas ang kakayahan ng iba pang mga kabalik na di-medyor sa Filipino

at mga mungkahing solusyon upang mapataas din ang kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino.

### **Mga Suportang Kailangan ng mga Kabalik na Gurong Di-Medyor sa Filipino**

Inihaharap sa bahaging ito ang mga mungkahi sa mga gurong di-medyor sa Filipino upang mapataas ang kanilang kakayahan: (1) dumalo sa mga seminar; (2) magsagawa ng mga pananaliksik gamit ang teknolohiya; (3) pagningasin ang mga katangiang pangguro; (4) paunlarin ang kakayahan sa pagtuturo, (5) ng pag-aaral at bigyan ng scholarship grant; (6) suportang panlabas o eksternal; (7) pagbibigay seminar sa mga Master Teacher na magtuturo at gagabay sa kanila; (8) paglalaan ng mga kagamitan; (9) pagpapahalaga sa asignatura; at (10) pagkakaroon ng tagal na karanasan.

**Pagdalo sa mga seminar at mga katulad nito.** Animnapu't anim (66) na kalahok mula sa mga natatanging guro, guro, punungguro, at mga mag-aaral ang kumilala ng kahalagahan ng mga seminar, worksyap, palihan, SLAC, seminars at iba pa.

**Pananaliksik gamit ang teknolohiya.** Animnapu't anim (66) ding kalahok ang bumanggit na kailangang maging makabago at naisasapanahon (updated) ng guro ang kaalaman sa makabagong kalakaran sa pamamagitan ng pananaliksik ng mga bagong alaman at paggamit ang teknolohiya bilang kagamitang pampagtuturo.

**Pagpapaunlad ng kakayahan.** Mapapaunlad ng mga di-medyor ang kanilang sarili kung sila'y nag-aaral ng pansarili, nagsisiyasat sa mga paksa, nagbabasa, nag-aaral ng mabuti, nagbibigay pokus sa pagtuturo/ aralin. Ganito ang ipinahayag sa paksang ito ng 24 na kalahok.

**Paunlarin ang magandang kaugaliang pangguro.** Ang mga positibong kaugalian at katangian ng mga mahuhusay na guro ang dapat linangin ayon sa tatlumpu't dalawang (32) kalahok.

**Patuluyang pag-aaral at libreng scholarship grant.** Ipinahayag ng labing-apat (14) na kailangan ang patuluyang pag-aaral ng Masteral. Gayundin ang libreng scholarship nang makapagtataas ng kompetensiya sa guro.

**Paggabay sa kanila ng mga Master Teacher at tagamasid ng Instruksyon.** Ang mga kasamahang nagtuturo na di-medyor ay dapat magkaroon din ng malawak na kaalaman sa tulong ng iba.

**Suportang panlabas/ eksternal.** Sa bahaging ito inilalahad ang anim na iniisip na mga solusyon na makakatulong upang mapaunlad ang paturuan sa Filipino: pagbabago sa *hiring and recruitment policy*, kasama na ang pagsusulit sa mga di-medyor, pagbabago sa ekstruktura at kultura ng *mass media*, pagpapataas ng sweldo ng mga guro, pag-alam sa hilig at interes ng mga mag-aaral mula sa iba na makatutulong sa mabisang pagtuturo.

Tinutukoy ng punungguro dito ang sumisibol na bagong mga salita/ gramatika na sa pananaw niya ay mali at nakakaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral na maaaring dala-dala pa sa klase at nagiging bahagi ng kanilang sistema.

Iniiisip pa rin ng isang kalahok na makatutulong ang suhasyon sa ibaba sa mahusay na pagtuturo bilang eksternal na motibasyon.

Pagkakaroon ng mga kagamitang aklat, modyul, sa pagtuturo. Nakikita ng limang kalahok ang kahalagahan ng kagamitang pampagtuturo upang may magamit na reperensya ang guro sa pagtuturo.

**Pagpapahalaga sa asignaturang itinuturo.** Natuklasan sa mga pahayag ng lahok na ang gurong nagtuturo ay ang unang dapat na magpakita ng pagmamalasakit/pagpapahalaga sa Filipino.

**Pagkaroon ng tagal na karanasan.** Dalawang kalahok na mag-aaral ang bumanggit nito upang tumaas ang kakayahan ng mga di-medyor.

Bilang pagbubuod sa bahaging ito, narito ang talahanayan 3 para sa mga mungkahing solusyon sa pagpapataas ng kakayahan para sa mga gurong di-medyor sa Filipino.

### Talahanayan 3

#### ***Mga mungkahi sa pagpapataas ng kakayahan ng mga gurong di-medyor sa Filipino***

<b>Mga Mungkahi</b>	<b>Dami</b>	<b>Bahagdan</b>
1. Dumalo sa mga seminar	66	29.60
2. Pananaliksik gamit ang teknolohiya	66	29.60
3. Paunlarin ang magandang kaugaliang pangguro	32	14.35
4. Pagpapaunlad ng kakayahan	24	10.76
5. Patuluyang pag-aaral at libreng scholarship grant	14	6.28
6. Suportang panlabas	6	2.69
7. Paggabay ng mga Master Teachers at superbisor ng instruksyon	5	2.24
8. Pagkakaroon ng kagamitang pampagtuturo	5	2.24
9. Pagpapahalaga sa asignaturang Filipino	3	1.35
10. Pagkakaroon ng tagal na karanasan	2	0.89
<b>Kabuuang bilang ng tugon</b>	<b>223</b>	<b>100.00</b>

#### **Mga Mungkahing Solusyon upang Mapataas ang Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Filipino**

Iniharap sa bahaging ito ang mga suhasyon ng iba't ibang kalahok upang mapataas ang kompetensi ng mga mag-aaral sa Filipino: (1) pag-aaral nang mabuti sa asignatura; (2) pagtuturo nang mahusay sa guro; (3) pagbibigay ng mga kagamitang pampaaralan; (4) pagtutok sa mga suliraning pampag-aaral; (5) pagdaragdag ng oras sa Filipino; (6) positibong pananaw sa asignatura; at (7) pagbabawas ng bilang ng mag-aaral sa klase.



**Pag-aaral nang mabuti ng mga mag-aaral.** Naniniwala ang apatnapu't apat (44) na kalahok na nasa kamay ng mag-aaral kung sila'y matututo sa klase,

Bagaman ang guro ang tagapamahala sa instruksyon, dapat magkaroon ng intrinsikong/ panloob na motibasyon ang bata na matuto.

**Pagtuturo nang mahusay ng guro.** Kinikilala ng dalawampu't dalawang (22) na ang pagtuturo nang mahusay ng guro ay makapagtataas ng kompetensi ng aaral sa klase. Ang mga kahingian upang ang guro'y makapagturo nang mahusay ay kung taglay niya ang kalawakan sa paksa, naisasapanahon niya ang kanyang mga kasanayan sa paggamit ng iba't ibang pamamaraan kasama ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo.

Upang matuto at maitaas ang kasanayan ng mga mag-aaral, nagangailangang magkaroon ng kahusayan ang guro sa pagtatanong gamit ang Higher Order Thinking Skills (HOTS) at motibasyon upang sumali ang mga bata sa mga gawaing pampagkatuto.

**Pagbibigay ng kagamitang pampagtuturo.** Sa papalit-palit na kurikulum sa Batayang Edukasyon, isang suliraning kinahaharap ng mga guro't mag-aaral ay ang kawalan ng aklat, modyul at iba pang kagamitang pampagtuturo na maaaring makatulong sa mahusay na pagtuturo at pag-aaral ayon sa labing siyam na kalahok.

**Pagtutok sa mga suliraning pang mag-aaral.** Sumang-ayon ang labindalawang kalahok na kailangang tutukan ang mga mag-aaral na hindi masyadong kaagapay sa mga talakayang pangklase at may mababang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa maliban sa iba pang personal na problema.

May interbensyong ginagawa sa mga mag-aaral upang tumaas ang kakayahan.

**Pagdagdag ng oras at gawain sa Filipino.** Nakitang suliranin ang oras sa pagtuturo na 48 minuto sa dating kurikulum na SEC at BEC. Samantala sa kasalukuyang K to 12, lahat ng asignatura ay may tig-iisang oras.

**Pagpapaunlad ng positibong pagpapahalaga/ pananaw/ gawi sa asignatura.** Walong kalahok ang nagbigay ng pokus sa pagpapaunlad ng pagpapahalaga sa asignatura at tamang kaasalan/ gawi rito.

**Pagbabawas ng bilang ng mga mag-aaral sa klase.** Ang malaking bilang ng mga mag-aaral sa klase ay nagiging sagabal sa higit na interaksyon at atensyon ng guro mga gawaing pang mag-aaral.

#### Talahanayan 4

#### **Mga mungkahi sa pagpapataas ng kompetensi ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino**

	Mga Mungkahi	Dami	Bahagdan
1.	Pag-aaral ng mabuti ng mga mag-aaral	44	36.07
2.	Pagtuturo nang mahusay ng mga guro	25	20.49
3.	Pagbibigay ng kagamitang pampagtuturo/pang mag-aaral	19	15.57

4. Pagtutok sa suliranin ng mg amag-aaral	12	9.84
5. Pagdagdag ng oras at gawain sa Filipino	11	9.02
6. Pagpapaunlad ng positibong pagpapahalaga/pananaw/gawi sa asignatura	8	6.55
7. Pagbabawas ng bilang ng mga mag-aaral sa klase	3	2.46
<b>Kabuuang bilang ng tugon</b>	<b>122</b>	<b>100.00</b>

### MGA TALAKAYAN

Isang suliraning kinahaharap sa Kagawaran ng Edukasyon ay ang pagdami ng mga di-medyor sa iba't ibang asignatura. Sa nakuhang porsiyal na ulat noong nakaraang (2012), sa 59 na paaralan mula sa kabuuang 119 sa sekundarya, ang bilang ng mga di-medyor ay ang mga sumusunod: 164 sa Values Education, 83 sa Filipino, 70 sa MAPEH, 53 sa Araling Panlipunan, 47 sa Science, 34 sa TLE, 26 sa Math at 20 sa English. Ito ay ang naging basehan ng paglulunsad ng Certificate Program na interbensiyong pangguro sa sangay. Dahil sa kalagayang ito, ang Departamento ng Pilipino ay patuloy na naghahanap ng mga suportang kailangan upang mapanday ang galing ng mga di-medyor na kasangga na sa pagtuturo sa bisa ng kanilang permanenteng posisyon.

Ito'y hindi nangangahulugang hinahayaang dumami na lamang ang mga gurong di-medyor at magturo nang lisa o di nakalinya sa kanilang espesyalisasyon. Hangga't maaari ay kumukuha pa rin ng mga gurong medyor sa asignatura o mas malapit sa kanilang espesyalisasyon subalit sa kakulangan ng mga aplikante sa ilang asignatura, malabo ang dami ng mga gurong nagtuturo sa hindi nila medyor. Bilang namamahala sa mga sekundaryang paaralan, natuklasang napakalaki ng puwang sa kaalaman at pamamaraan ng mga gurong di-medyor batay sa mga obserbasyong pangklasrum ngunit may mga naaaninaw na pag-asa sa ilang mga natatanging gurong di-medyor na maaaring pagkunan ng impormasyon, kaalaman at karanasan sa mga planong pagpapaunlad na pangguro ng mga namamahala sa mga paaralan.

Batay sa natuklasan sa pag-aaral, kailangang malinang ang higit na marami sa mga positibong katangiang pangguro; makakuha ng tulong sa mga iba't ibang salik na maaaring maging tulay upang mapanday ang mga kasanayan at kaalaman ng mga di-medyor sa Filipino at ikatlo maiparating ang mga kinakailangang mungkahing solusyon iba upang maiangat ang kakayahan ng mga gurong ito at ng kanilang mga mag-aaral.

Pinaniniwalaang ang guro ang pinakamahalagang biswal sa loob ng klase na maaaring bumuo at magwasak ng buhay at kinabukasan ng mga mag-aaral. Ilang mga pag-aaral ang nagpapatunay na napakahalaga ng salik personal at propesyunal ng guro tumaas ang akademikong performans ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral ni Dumlao (2001), natuklasan na ang pagtuturo ng guro ay may ang kaugnayan sa personal at propesyunal na katangian. Ito ang maaaring sigla sa atmospera/klima ng paturuang pangklase maliban pa sa maaari itong makahugot ng inspirasyon mula sa iba.

Sinusugan ito nina Lardizabal, Bustos, Bucu at Tangco (1996), na ang epektibong pagtuturo ay makapangyayari lamang kung kumikilos ang mga guro batay sa pag-unlad kanais-nais na personalidad ng kanilang mga mag-aaral. Pinaniniwalaan ng mga epektibong guro na nakasalalay sa kanilang kamay ang tagumpay ng kanilang mag-aaral (Stronge, 2007).

Samantala, binigyang tuon ni Baduel sa Dumlao (2001) na kailangang kilatisin ang propesyunal at personal na katangian ng mga guro na maaaring makaapekto sa nap nila sa kanilang propesyon dahil mula sa kanila ay nabubuo ng mga mag-aaral ang kanilang saloobin at pagpapahalaga.

Nilinaw naman ni Stinett (1983), na maiimpluwensyahan ng mga guro ang kanilang mag-aaral sa mental na kakayahan, kaya kailangang sila'y dapat na maging interesado sa kanilang sariling pag-unlad sa akademikong aspekto. Dumadalo sila sa angkop na seminar - worksyap, obserbasyong pangklase, pakitang-turo, nagbabasa mga propesyunal na aklat, nagpapatuloy sa gradwadong pag-aaral at dulot nito ay pag-unlad sa akademikong trabaho sa klasrum. Ito ay sinusugan din ni Moffat (1980) na naglahad na di dapat tumigil ang guro sa kanyang pag-unlad bilang isang aaral, mananaliksik, tagapakinig, tagapag-oberba at nakikiisang indibidwal.

Implikasyon ng mga pag-aaral na ito na kung minamahal ng mga guro ang kanilang propesyon, dapat ay patuloy ang kanilang pag-aaral upang makakalap ng mga bagong kalakarang higit na makapagpalabas nang mabungang pagtuturo at pagkatuto sa ng mga mag-aaral. Pilit na ginigiba ang mga sagwil na maaaring maging sagabal sa kanilang pag-unlad pati na sa kanilang mga mag-aaral.

Batay sa salaysay ni Evelyn Caja (isang natatanging guro) na binanggit ni Lee-Chua (2004), ang kanyang matinding pananagutan at dedikasyon sa programa, pagmamahal sa mga special children at pagmamahal sa trabaho ang nag-udyok sa kanya na imaster ang kanyang galing sa pagtuturo. Iminungkahi niya na kung mahal ng mga guro ang kanilang mga trabaho, kahit sila ay nasa regular o espesyal na programa, nakapagtatrabaho sila nang mahusay anuman ang sirkumstansya at makagagawa ng pagbabago (difference) para sa iba.

Tunay na napakahalaga ng nagagawa ng pag-ibig sa loob at labas ng klasrum subalit ito ay hindi lamang naipakikita sa mga salitang puno ng pagmamahal upang nasabing mapagmahal; dahil ayon kay Eisner (1998), "hindi lamang magiliw na interaksyon sa mag-aaral ang kailangan kundi kumikilos at gumagawa ng hakbang pang magbunsod din ng responsibilidad sa mag-aaral na magsikap at matuto." Anong suporta ang kailangan ng mag-aaral? Libro ba? Panahon ba sa pagbasa? Paglilinaw ba sa kanyang kalituhan o problema? Ang gurong tumutugon sa mga ito ay masasabing nay pagmamahal.

Ayon pa kay Hilman (1996), "Ang mukha ng pag-ibig ay malalim na pagrespeto sa tao, at pagkatuto; maaaring tumukoy sa kaligtasan, sa kalayaan ng pag-isip at agtatanong. Maaari itong masaya at masigla. Ito ay maaaring mag-uugnay sa guro, mag-aaral at kurikulum."

Dagdag naman ni Cruishank, Jenkins at Metcalf (2006) na ang epektibong guro ay kumbinasyon ng mga salik ng pagmamahal/pagmamalasakit ng malalim sa mga mag- aral; pag-alis ng mga balakid sa kahirapang matuto; malinaw na pakikipagtalastasan at nagsisilbi nang puno ng kasipagan.

Kung karapatan nating lahat ang hangin upang mabuhay, karapatan ng mga mag-aaral naman na magkaroon ng mga gurong may mapagmahal na disposisyon/atiyud. Dahil ayon kina Schaps, Levis at Watson, na binanggit ni Noddings (2001), ito ay makapagbubuo ng klima para sa matagumpay na pagkatuto, nakapagdaragdag sa kaunlaran ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paghikayat sa mas mataas na interaksyon at kagustuhang matuto at maging produktibo.

Ipinapakita ang ideya ng pagmamahal sa pamamagitan ng pakikinig ng mga guro sa mga mag-aaral, paggalang sa kanilang mga interes, at pagbabahagi ng kanilang karunungan sa mga ito at sekundarya lamang ang kurikulum.

Sinusugan ito ni Stone (2002) na inilarawan ang mapagmahal na guro ay nakatuon sa kabuuang kaunlaran ng kanilang mga mag-aaral, nagbibigay ng mga liham at tumatawag sa mga magulang upang higit nilang maintindihan ang kanilang mga mag-aaral at bumubuo ng ugnayan din sa mga magulang bilang team partners sa pag-unlad ng mga anak.

Ang pagmamahal sa mga mag-aaral ay mailalarawan pa rin sa pamamagitan ng mga pananaw ng guro sa anomang lebel ng abilidad mayroon ang mga ito, ang pinanggalingan at nakaraang rekord/ tala dahil tinitingnan ang mga guro ng mag-aaral at kumukuha ng klu sa mga ito kung paano sila tinataya at pinakikisamahan.

Isang napakahalagang damdamin ang pag-ibig na dapat umiral sa loob ng paaralan, dahil ang bunga nito ay palaging kabutihan, kapanatagan at kaligayahan sa mga taong bumubuo ng paaralan. Ayon nga kay Santa Theresa, "Hindi natin magagawa ang mga dakilang bagay kundi maliliit lamang na may matinding pag-ibig."

Dahil sa pag-ibig naisasakatuparan ng mga natatanging guro ang mga napakaraming trabahong nakaatang sa kanyang balikat. Kaya naman, isang nakakasiyang hakbang na ginagawa ng Kagawaran ay ang pagbibigay ng dagdag na service credits sa mga guro na nagtrabaho ng higit sa dagdag na walong oras.

Gayundin, ikinokonsidera sa kasalukuyan ang pagiging tagapayo sa klase at pagiging koordineytor sa mga asignatura at iba pang gawain bilang isang load sa mga guro. Kaya naiibsan ang dami ng loads ng mga guro at nagkakaroon ng dagdag na sa paggawa ng mga kagamitan o biswal sa pagtuturo. Maliban pa rito, naaaksyunan ang mga suliraning pangmag-aaral na tinawag ng Kagawaran na "Students-At-Risk of Dropping Out (SARDO)", kaya ang mga natatanging guro ang sulo na tumutulong at gumagabay upang umunlad sa gawaing akademiko ang mga mag-aaral tulad ng panlunas na programa sa pagbasa nang mabawasan ang na sila'y magdrop-out. (Slavin, Kanweit & Madden, 1989).

Sa liwanag ng mga literatura at pag-aaral na ito, malinaw na dapat taglayin ng isang guro, natatangi man o hindi, ang tunay na pagmamahal at pagmamalasakit sa mga mag-aaral at ng kanilang kapwa dahil ayon kay Convoy (2002), "Ang mga dakilang guro ay nagpupuno ng pag-asa at nagsasaboy ng hamog ng di mabilang na dahilan yakapin ng tao ang iba't ibang aspekto ng buhay."

Samantala, ang pagiging masayahin at masigla/mahilig magpatawa ay halos katangian ng mga Pinoy hindi lamang ng mga natatanging guro. Katunayan, sa isang pag-aaral ni Clancey (2005), natuklasang isa ang mga Pinoy sa pinakamasayang tao sa buong mundo. Kahit sa gitna ng mga krisis ay nakukuha pa ring tumawa ng mga ito na ng kanilang

pagiging matatag sa harap ng mga suliranin. Masasalamang din ito sa komentong nakatatawa at pagngiti sa harap ng kamera tulad sa trahedyang “Ondoy”, basta itutok mo raw ang kamera, ano man ang hitsura ay lalabas ang iba’t ibang uri ng ngiti nila.

Marami ng nakapagdokumento rin na ang paluwag-tawa (humor) ay mahalagang sangkap sa klasrum, ayon kay Woods (1998). Samantala, sa pananaw ni Wragg (2005), maaaring positibo raw ito kung nakaaalis ng tensyon at negatibo kung ito’y sarkastiko at nakapag-iinsulto sa iba.

Dapat pagsumikapan kung ganoon ng mga guro na mamili ng uri ng paluwag-tawa hindi nakapagpapababa ng pagkatao ng mga mag-aaral kundi isang malinis, akma sa panahon kung ibibigay upang makapag-alis ng pagkabagot sa klase o pagwasak sa anomang tensyon sa pagitan ng mga mag-aaral sa mga argumentong pangklase.

Ayon naman kina Lardizabal, Bustos, Bucu at Tangco (1995), mahalagang sangkap ng positibong komunikasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral din ang teknolohiyang pang-edukasyon. Katunayan sa mga resulta ng NCBTS, sa kanilang Individual Plan for Professional Development (IPPD) at School Plan for Professional Development (SPPD) ay madalas na suliranin ng mga guro ay ang kaalaman sa ICT kaya naman halos lahat ng mga INSET sa pampaaralan ay may malaking kaugnayan sa kakayahan sa unlad ng kakayahang ito ng mga guro upang mapadali ang kanilang trabaho sa pag-cocompute ng mga marka, paggawa ng mga power director at powerpoint bilang kasangkapan sa pagtuturo maliban pa sa pagdownload ng mga videos na pwedeng magamit sa klase.

Tungkulin ng mga guro na ihanda ang kapaligirang pangklasrum at mga pagkakataon sa pagkatuto na magbibigay sa mga mag-aaral na magamit ang teknolohiya sa pagkatuto sa pakikipagtalastasan.

Ayon kina Ornstein, Horeinstein at Pajak (2003), natututo ang mga tao dahil sa kanyang nararanasan subalit mahirap dalhin sa loob ng tradisyunal na klasrum ang mga karanasang ito. Kaya nga iminumungkahi na ang mga teknolohiyang pangklasrum ay dapat multisensory upang maging panghalili sa karanasan mula sa labas. Itataas nito antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral at nagiging makabuluhang bahagi ng gawaing pampagkatuto.

Mulat sa kaalamang ito, halos lahat ng mga natatanging guro ay gumagamit ng ICT bilang kasangkapan sa pagtuturo, dahil nagaganyak nito ang mga mag-aaral. Bilang kasangkapan, pinapaunlad nito ang kaalaman ng mga mag-aaral ng lagpas sa mga kaganapang pangklasrum dahil maaari silang magtrabaho kasama ng kanilang mga mula sa iba’t ibang paaralan o bansa dahil sa probisyon ng internet. Kungkaya’t marapat lamang kung ganoon, na gamitin ng lahat ng guro ang kapangyarihan ng midya upang mapabilis ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Dagdag pa ni Gooler, Kautzer at Knouth (w.p.), na ang kaalaman sa teknolohiya (kasama ang kabatirang teknikal at aplikasyon sa pagtuturo) ay isang dimensyon ng kahusayan sa pagtuturo dahil magagamit niya ito nang masaklaw, malalim at interpretibong set ng kaalaman sa pagpapalano, pagpapatupad, at pagrerebisa ng pagtuturo.

Bilang patunay, natuklasan sa pag-aaral ni Carague (2000) ang kahalagahan ng ICT sa pagtulong sa pagkatuto ng tatlong bahagdan (30%), nakababawas ng apatnapung bahagdan (40%) na kinakailangang panahon at nakatitipid ng tatlong bahagdan (30%) na gawain.

Samantala, magagampanan ng mga guro ang lahat ng kanilang gampanin bilang mayroon silang kalusugang pangkatawan at pangkaisipan, malinis na pamumuhay, pagiging aktibo, puno ng kasiglahan, tiwala sa sarili at katalinuhan.

Sa pag-aaral nina Baldacchino at Farrugia, na binanggit ni Kiptoon (1996), ang kalidad ng edukasyon ay di lamang mapapaunlad sa tulong ng pagbibigay ng mga aklat, mahabang oras sa klase, pagsasanay sa mga guro at pagbibigay ng mga kagamitan at iba pang resorses, kundi ang pagpapahalaga ng mga guro sa pagkatuto ng mga mag-aaral at wastong paggamit ng pagkatuto at pamamaraan.

Kung inaasahan sa mga guro na sila ang magpapasimula sa pagbabalangkas ng metatag na republika, angkop lamang na taglay nila ang katalinuhan at integridad na maging halimbawa sa mga mag-aaral ng matuwid na pamumuhay para sa higit maunlad na Pilipinas. Ang mga isinasanib/ integratibong aralin sa pagpapahalaga sa kultura, sa malinis na pamahalaan, sa pagtuturo ng diwa ng pakikiisa sa mga pang-edukasyon at pampamahalaan ay manipestasyon ng pagnanais ng tanging guro na malinang din sa mga mag-aaral ang mga mahahalagang konsepto ng mataas na pananagutan sa mabuting pagkamamayan, kasama na rito ang na pamumuhay/ integridad. Ang integridad ay maituturo lamang kung ang mga nagtataglay rin ng ganitong katangian bilang buhay na patotoo o halimbawa pinaniniwalaan.

Mahihinuha na ang mataas na antas ng pananampalataya ay susi rin sa maayos na pagtuturo ng mga guro. Bunga nito, nire respeto sila dahil sa kanilang ang gawi, sa maayos na pakikitungo sa mga mag-aaral at pagpapakita ng halimbawa ng katapatan sa mga salita ng Diyos at pagsunod sa mga ito. Iba pang manipestasyon nito ay berbal na paraan tulad ng pagbibigay ng kaukulang papuri at pagsasalita nang mahinahon, pagkontrol sa sarili at pagsasalitang may kabanalan.

Ayon kay Kessler (2000), “kung ang guro’y nagtuturo para sa kabuuang kaunlaran, pagkamamayan, ng mabuting pamumuno sa ilalim ng demokrasya, ang espiritwal ay dapat nasa loob ng paaralan.” Samantala, ang passionate spiritual ay kumikilala sa kasagraduhan ng bawat mag-aaral at nagbubukas ng pananaw hinggil sa kanila (Hillman, 1996).

Pinaniniwalaan din ni Miller (2000), “ang pagkatuto ay nakalagak sa kaloob-looban at ang susi ay pagninilay-nilay na kritikal, pagbuo ng sariling kongklusyon, pagbuo ng mga kaisipan na maaaring magbigay ng kahulugan at direksyon sa buhay.”

Marahil ang naging batayan ng DepEd, nang niyakap ang Understanding by Design (UbD) sa SEC 2010 bilang isang disenyo, na nagsusulong nang higit na pang-unawa sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagninilay, pagsusuri, pagbuo ng pagkakahulugan sa konteksto ng kanilang pag-aaral.

Implikasyon ng mga dagdag na literaturang ito na kung ano ang data ng guro sa klasrum, ang kanyang personalidad ay may malaking impak sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang guro ay hindi lamang basta nilikha. Bitbit niya sa kanyang klasrum ang lahat ng natutuhan sa kanyang propesyon at panawagan sa mataas na propesyonalismo. Sa panayam ni Llagas (2012), binanggit niya ang kahalagahan ng kultura ng propesyonalismo sa kulturang pampaaralan. Binigyang diin niya ang kahalagahan ng propesyunal at teknikal na kakayahan,

dignidad at reputasyon, pag-oobserba at buhay ng mga set ng etikal at moral na prinsipyo, pamantayan, batas at pagpapahalaga sa propesyong pangguro.

Ipinaliwanag niya ang pinunong guro ay may kahusayan at kasanayan kung nahihikayat niya ang iba na magtrabaho nang lampas sa regular na gawain o kalidad. Nagsusumikap na maabot ang bisyon at misyon ng paaralan; hinaharap hadlang upang makamit ang mga tunguhin ng mataas na pagtuturo at pagkatuto; hinihikayat ang iba sa proseso ng pagbabago na gawin ang pinakamahusay para sa paaralan.

Napakahalaga aniya na magkaroon ng kulturang nagpapaunlad sa interpersonal na may respeto, personal man o propesyunal, at nagpapahalaga sa masigasig na trabaho, responsibilidad at tagumpay.

Ang mga paliwanag ni Llagas (2012) ay wari'y patotoo sa mga katangiang propesyunal na dapat taglayin ng mga natatanging guro na natuklasang taglay ng mga kalahok sa pag-aaral.

Upang magtagumpay ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay dapat taglayin ng mga sumusunod na katangian: (1) kaalamang propesyunal na may kaugnayan sa kalahatan, (2) pedagogikal na kaalaman sa panlahat na konsepto, pananaliksik sa epektibong pagtuturo kahit ano ang content area, (3) pedagogikal na kaalaman sa nilalaman ng isang tiyak na asignatura.

Maliban sa kaalaman ay kailangang taglayin ng epektibong guro ang kasanayan (skill) upang matiyak na natututo ang mga mag-aaral kasama na rito ang pagpapalano, implementasyon, pagtataya sa pagtuturo ng aralin anoman ang kapaligiran. Panghuling taglayin din ng guro ang tamang disposisyon. Kasama rito ang kanyang halaga/ pananagutan, propesyunal na etika na nakapag-iimpluwensya sa gawi ng guro, idagdag pa ang kanyang mga paniniwala tulad ng pagmamahal, pagiging katapatan, responsibilidad, at karapatang pantao. Dahil ang mga ito'y pandamdamin subalit nasa isip ng tao, lumalabas ang mga ito sa kanyang mga pagsasalita at pagkilos (Ford, 2000).

Binanggit ni Woods (1998), sa Truman at Raggl (2008) ang pinakamahalaga at pangunahing pananagutan ng guro ay pananagutang propesyunal tungo sa kanyang sariling propesyunal na pag-unlad.

Batay sa natuklasan sa pag-aaral, taglay na ng mga natatanging guro ang mga kaalaman, kasanayan at wastong disposisyon kaya naman naibibigay ang mga kahingian ng asignatura kung ang content ng mga aralin ang pinag-uusapan. Bunga ng pagsusumigasig ng mga guro na makaangkla sa makabagong kalakaran at kaalaman sa asignatura, nabuo sa hinagap ng mga mag-aaral ang kanilang paghanga, pagtitiwala, at pagrerespeto sa kanilang mga natatanging guro at hindi namalayan na ang gurong gumagabay sa kanila ay hindi pala medyor sa asignatura.

Ang kaalaman naman ng mga natatanging guro sa interes, karanasan, maturidad at estilo sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang naghahamon sa kanila na magrebisa, magmodipika, magpaunlad ng mga materyal at magsaliksik pa sa ibang paraan upang iakma ang materyal at mga gawain sa layunin ng pagtuturo nang maisakatuparan ng mga mag-aaral ang mga ito na may tagumpay (Sulzer- Azaroff, Mayer & Reese, 1982).

Ang paggamit ng kolaboratibong pamamaraan ay ginamit ng lahat guro sa pag-aaral. Ibig ipagkahulugan nito na mulat ang lahat ng guro sa kahalagahan nito upang makapagpalabas ng higit na kooperasyon at interaksyong pangklase dahil "kung paano ang guro ay nakabatay nang malaki kung sino siya." (Kagan, 1994). Gayundin, binanggit ni Eggen at Kauchack (2001), ang tunguhin na pinipili at estratehiya upang maiabot iyon at kung paano nakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral ay nakasalalay nang malaki kung ano ang "data" niya sa bilang indibidwal sa klasrum. Ang malawak na repertwa (repertoire) ng mga pamamaraan at estratehiya ay pwedeng mapagkunan ng guro kung alin-alin ang higit na epektibo batay sa sariling estilo at sa iba't ibang klase ng mga mag-aaral na may iba't ibang multi-intelligence at uri ng aralin (Belvez, 2005).

Bagaman, iba-ibang lebel ang itinuturo ng mga natatanging guro, may magkakaibang prosesong sinusundan ang mga ito. Nakaakma ang mga hakbang na isinagawa ng mga naobserbahan batay sa uri ng kurikulum. Nangangahulugan itong may malawak na kaalaman sa pagpoproseso ng mga aralin ang mga natatanging guro dahil sa paglahok nila sa mga Mass Training patungkol sa mga pagbabago sa kurikulum. Ang mental na pagpapalano sa mga hakbang na gagawin ay masasalamin sa ugnay- ugnay, sunod-sunod at organisadong pagtuturo.

Sa bahaging ito ng pag-aaral, maipapahiwatig na mulat ang mga gurong kalahok na naobserbahan sa mga batayang kondisyon sa pagkatuto, mga kondisyong kaugnay ng tagumpay ng mga mag-aaral at mga kondisyong kaugnay ng metodo sa pagtuturo dahil nagsikap silang tugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa tulong ng mga makahulugan, kawili-wili at akma sa kanilang interes, kahandaan at kasanayan; nadama ng mga mag-aaral ang mga gantimpala sa tulong ng mga palakpak bilang pagpapahalaga sa kanilang mga ginawa, sinanay na silang magsuri sa trabaho ng iba kaugnay ng mga rubriks upang magpapahalaga o magwasto sa mga gawain at nadama nila ang pangakong tagumpay sa tulong ng pagpuntos sa kanilang gawain. "Sinangkot din ang mga mag-aaral; isinama rin sila sa pagpapalano upang maganyak, mahikayat na mag-isip at mag-imbetiga" (Myos, Gutierrez at Tica-a, 2008). Ito ang esensya ng mapanagutang pagtuturo, nagtuturo nang higit na responsibilidad sa kanyang mga mag- aaral.

Ang malawak na kamalayan ng mga guro sa napakaraming estratehiya at proseso ng pagtuturo ang magiging daan upang maisakatuparan ang mga plano ng pagkatuto nang mahusay sa higit na kapakinabangan ng iba't ibang uri ng indibwal na nasa kanyang klase. Ang kadahupan sa bahaging ito ang magbubunga ng kabagutan at kawalan ng interes sa panig ng mga mag-aaral kaya isang hamon at tagubilin sa mga guro kung paano maitataas ang partisipasyon sa klase gamit ang iba't ibang metodo sa mga sumisibol na bagong kalakaran sa pagtuturo at pagkatuto.

Isang kahingian din sa epektibong pagtuturo ng wika kung gayon, ang kakayahang pakikipagtalastasan sa lebel na nauunawaan ng tagatanggap. Nagaganap lamang ang komunikasyon kung ang tagatanggap ay nakapagbibigay ng akma ng fidbak sa mga pagpapadala ng mensahe (Bemales, et al, 2011).

Malinaw sa obserbang pangklase na taglay ng mga guro ang kakayahang komunikatibo at linggwistika. Napipili nila ang angkop na barayti ng wika batay sa uri ng sitwasyong sosyal kasama na rito ang kamulatan sa kultura ng mga mag-aaral na nasasakupan, ang kultura ng lipunan, pulitikal at mga pangyayari sa kasalukuyan.



Gayundin, may mental na gramatika ang mga natatanging guro sa di-konsyus na paggamit ng kaalaman sa ponolohiya, morpolohiya, gramatika at sintaks sa kanilang berbal na pakikipagtalastasan. Nauunawaan naman ang berbal at di-berbal na pakikipagtalastasan ng iba't ibang guro dahil nakatugon ang mga mag-aaral sa mga tanong, direksyon at mga gawaing pangklase.

Nagkaroon din ng probisyon sa dalawang paraan ng komunikasyon, pasalita at pasulat sa mga gawaing indibidwal at pangkat. Isama pa rito ang ibang kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at panonood ay naisakatuparan din sa klase nang mahusay sa hangaring magkaroon ng kapaki-pakinabang na literasi ang mga mag-aaral.

Maraming mga tagpo sa mga naobserbahan na limitado rin ang pagsasalita ng mga guro. Madalas sila ang nagpapasimula sa pagkklase at nagtatapos subalit higit na mahabang oras ay nakatutok sa gawaing indibidwal, pangkatan at pagtatanghal/pagsasapubliko ng mga resulta ng kolaborasyon ng mga mag-aaral.

Bunga ng mga naunang nabanggit, malinaw na ang pagtuturo ng wika ay nakatutok na sa mga mag-aaral at ang kahusayan ng mga guro sa wika ay masasalamang din sa kanyang mga produktong mag-aaral na sinanay at hinubog ng mga natatanging guro na magpahayag ng kanilang mga ideya, saloobin, palagay at mungkahi sa ilalim ng demokratikong institusyon.

Nagkaroon na ng pagbabalikwas na pananaw sa mga mag-aaral na hindi lamang tagatanggap ng impormasyon at mensahe kundi mayamang mapagkukunan ng mga isipan at kaalaman dahil sa kanilang mga karanasan sa eksposyur sa iba't ibang bagay.

Kaya't ang mga natatanging guro ay pwede nang pasinungalingan ang pahayag ni Sarason na binanggit ni Brubaker (2004), na kapag binanggit ang mga mag-aaral, "higit na interesado ang mga guro sa hindi alam at kayang gawain ng mga ito kaysa sa kanilang alam na at interes." Dahil napakahalaga sa prosesong pagtuturo ang papalabas ng mga datihang kaalaman ng mga mag-aaral upang maiugnay sa mga bagong aralin nang mapatotohanan, mapasinungalan at mapagtibay ang mga ito batay sa mga teoryang iskema o iskemata (Badayos, 1999).

Ayon naman kina Levin at Notan (2000), upang maganap ang epektibong pagtuturo, kailangang may kakayahan ang gurong pamahalaanan ang maling kaasalan, behavior ng mga mag-aaral upang magamit nang makabuluhan ang oras sa klase sa pagkatuto. Ang wasto at maayos na pamamahala sa klasrum ay magbubunga nang higit na kawilihan sa pagtuturo at tiwala sa guro na kaya niyang maapektuhan ang kabatiran ng kanyang mag-aaral.

Ipinapalagay na naisapuso na ng mga natatanging guro ang mga prinsipyo sa pamamahala sa klase at may kamalayan sa "Maslow's hierarchy of needs" (Maslow, 1999) tulad sa pagnanais ng mga mag-aaral na mapabilang sa ibang pangkat, pagkakaroon ng seguridad, pagnanais na makakuha ng pagpapahalaga ay malinaw na nabigyan ng probisyon sa klase. Bunga nito, hindi nagkaroon ng kaguluhan, suliranin sa pag-antala sa proseso ng mga aralin.

Malinaw na isang tuon sa klase ang pagkakaroon ng mga kolaboratibong gawain at ang mga magkakapangkat ay nagkakaalaman sa isa't isa at ang kanilang upuan ay

magkakatapat upang maiwasan ang ingay at pag-aaksaya ng oras sa punto ng kanilang interaksyon.

Matatag na nakita na nakabuo na ang mga natatanging guro ng mga komunidad na nag-aaral at natututo (community of learners) na sama-sama sa proseso ng pag-iisip, pagsusuri at pagtatay ng mga impormasyon. Isang indikasyon nito ay ang pagtatrabaho nang sama-sama ng pangkat ay nakapagbubunga nang higit na mabuting awtput para sa kanila liban pa sa nalinang ang kagustuhan nilang mapabilang sa pangkat at malinang ang tiwala sa sarili (Khalsa, 2007).

Isang malinaw na prinsipyong nakita pa rin sa pagsasagawa ng nakatakdang gawain ng mga mag-aaral ay isinasagawa ang mga nakaatang na trabaho nang may kalayaan subalit hindi nagsasagawa ng kaabalahan sa iba, na nagsisikap gawin din ang trabaho. Ito ay esensya ng demokrasya, ang pagkakaroon ng kalayaan na may kaakibat na reponsibilidad sa iba.

Bilang karagdagan, mahalagang banggitin sa puntong ito na maraming pagkakataon sa klase na saulado na ng mga mag-aaral ang mga ruting pangklase na maaaring dumaan sa proseso ng pagtuturo, pagsasanay at muling pagtuturo at paglinang sa mga naunang buwan dahil kumikilos ang lahat ng tulad ng isang orkestra, may ugnay-ugnay at mahusay na pakikitungo (rapport) sa isa't isa.

Dagdag pa rito, wari'y naipaabot ang mensahe na hindi lahat ng oras sa klase ay puno ng kawilihan dahil may mga pagkakataong kailangang magseryoso sa mga gawain upang matapos ang mga ito subalit ang kasiglahan ay nadarama sa oras ng mga presentasyon.

Ang paglilibot ng guro sa iba't ibang pangkat ay indikasyon na dapat maisagawa ng mga mag-aaral nang mabilis ang task o gawain batay sa napagkasunduang oras, at pagpapanatili ng disiplina at kaayusan sa mga pangkat.

Sa liwanag ng mga naunang nabanggit, ang susi sa mahusay na pamamahala sa klasrum ay ang pagkakaroon ng mahusay na ugnayan ng guro at mag-aaral at ang malawak na kaalaman ng guro sa mga prinsipyo ng wastong pamamahala sa klase at pagtugon sa mga posibleng suliraning pangmag-aaral na makakaharap. Iminumungkahi kung gayon, sa mga bagong guro na pag-aralan ang mga estratehiya ng mga gurong natatangi upang masolusyunan ang mga suliraning pangklase.

Sentral din sa lahat ng sistema ng paturuan ay ang pagtataya bago, habang at pagkatapos ng aralin. Kung may istandard/ pamantayan sa pagganap ang mga guro sa pagtuturo batay sa kanilang mga pinag-aralan at karanasan, nagkakaroon din ng mga sukatan sa pagtataya sa performans ng mga mag-aaral batay sa mga umiiral na performans istandard. Hinuhusgahan ang kanilang mga pagganap batay sa mga rubriks na pinagkasunduan kaya naman nagsisikap ang mga mag-aaral na maabot ang mga iyon at patuloy na nagrerebisa, nagmomodipika, at umaangkop batay sa mga ekspektasyon.

Inaasahang bunga ng interaksyong pangklase ay ang mga naobserbahang pag-angkin ng mga kaalaman, kasanayan, atiyud at pagpapahalaga at pag-unlad ng kalusugan ng mga mag-aaral. Ang mga nabanggit ay ang pinagsisikapang maging bunga sa ilalim ng life skills based education approach ng K to 12 curriculum.

Bilang pagtugon sa responsable at mapanagutang pagtuturo ay pinilit ng mga guro na umangkop sa tagubilin ng UNESCO (2004) at Life Skill Based Education in South Asia (2005) na binanggit ni Llagas (2012) sa kanyang panayam. Dapat maituro ang kognitibong kasanayan sa learning to know (kakayahang emosyunal na umaangkop), learning to be (kasanayang sosyal at personal), learning to live together (kasanayang makisama/ makibagay sa iba), at learning to do (kasanayang manwal/ paggawa).

Tunay na isang proseso ang pagkatuto ng mga mag-aaral ngunit ang gurong mulat sa kahingian ng bisyon ng Education For All 2015 at ng mga internasyunal na organisasyon ay kikilos sa paglinang ng mga core/basic lifeskills sa mga mag-aaral tulad ng pagkilala sa sarili, empatya, epektibong komunikasyon, interpersonal na relasyon, pagbuo ng mga desisyon, paglutas ng mga suliranin, malikhaing pag-iisip, pag-angkop sa sarili at emosyon ng iba gayundin ang pag-aangkop sa stress bunga ng kapaguran.

Bagaman hindi naobserbahan ang lahat ng mga code skills sa mga mag-aaral kung ang mga ito'y taglay na nila, marapat lamang na ulitin ang pahayag ng Natatanging Guro 2 na: "Education is a lifelong process."

Ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa klase ay bunga ng palakaibigang disposisyon at indikasyon ng pagkatuto. Maiuugnay rito ang pangangalaga sa dignidad ng iba sa pamamagitan ng hindi pagpapahiya, pagmamaliit at pagwawalang halaga sa damdamin at kakayahan ng iba. Ayon kay Harmin at Toth (2006), pinaalalahanan niya ang mga guro na gamitin ang Inspiring Approach na DESCA. Pangangalaga sa **Dignidad**, pagpapakilos sa mga mag-aaral ng puno ng **Enerhiya**, pag-uudyok sa mga mag-aaral na mag-isip, pamahalaanan ang sarili o **Self — management**; mapabilang sa mga pangkat sila'y komportable at nasusuportahan upang makabuo ng **Community** (komunidad) at panghuli, ayaw ng mga mag-aaral na sila'y mabagot sa klase sa pamamagitan ng pagsasangkot sa kanila upang maging mulat/ malay sa nagyayari o **Awareness**.

Kailangan pa rin ang humor sa klase bilang pagpapaalala sa mga mag-aaral sa ilang beheavior (Burden & Bryd, 2010). Maaaring nakadirekta sa guro, sa sitwasyon pero hindi sa mga mag-aaral, upang mapangalagaan ang ideya ng dignidad ng mga mag-aaral.

Sa lahat ng mga interaksyong pangklase, naging patas ang mga guro at mag-aaral pagmamarka dahil sa paggamit ng rubriks. Implikasyon nito na dapat panatilihin ng mga guro ang paggamit ng mga sukatan upang makaiwas sa paratang na pagiging o subhektibo sa pagmamarka nang mapanatili ang kanilang kredibilidad at pagsunod ang mga mag-aaral sa mga susunod na gawain.

Ang pagrespeto sa mag-aaral, kasamahan at nakatataas ay naipakikita ng mga natatanging guro sa iba't ibang kaparaanan. Isang katotohanang hindi mahihingi ang ito kundi kusang naibibigay. Ang pagtingin sa mata ng kausap, pakikinig sa mga ideya ng iba na maaaring hindi muna pumapagitna at tumututol, pagkaunawa na maaaring may iba't ibang opinyon ang mga tao sa mga bagay- bagay at pananatili ng bukas na puso at isip ay makatutulong upang magkaroon nang mapayapang ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral, mga kaguro sa departamento at punungguro.

Samantala, ang katangiang pagiging mahusay na pinuno/ lider sa instruksyon ay magkakabunga ng ibayong sigla sa mga mag-aaral na pumasok sa klase dahil napananatili ang isang child-friendly at teacher-friendly na kapaligiran. Katunayan, ayon sa Punungguro

12, "namimiss ang kanilang guro kapag walang araw ng pasukan" samantalang sa Punungguro 3, "pinakamabenta sa mga mag-aaral ang NG 3 at higit na hinahanap kaysa sa prinsipal. Patunay lamang ito na naabot na ng mga Natatanging Guro ang mataas na ugnayan sa kanilang mga mag-aaral, kaguro at kasamahan.

Bagaman isang guro lamang ang binanggit na nagtataglay ng katangiang pagiging mahusay na pinuno/ lider, mahalagang banggitin na ang Natatanging Gurong ito ay nagiging officer-in-charge (OIC) sa paaralan kung wala ang prinsipal.

Ito'y binanggit ni Kochanek (2005) na ang shared decision making ay isang mekanismo nang pagbubuo ng tiwala sa pagitan ng guro at mag-aaral at iba pang bumubuo sa paaralan. Ipinapamalas ito ng punungguro 8 nang pinakikitunguhan niya ang mga kasamahan bilang mga partner sa pagsasakatuparan ng mga trabaho para sa paaralan at ipinapahiwatig niya ang kanyang mga guro ay may kakayahan at integridad. Ang ganitong praktis ng punungguro ay dapat pamarisan ng iba pang pinuno sa mga paaralan.

Sa pag-aaral nina Ducut, Legamia at Pangilinan (2009), napatunayan na ang pagkakaroon nang maayos na pakikitungo ng magkakasama sa paaralan ay tatak ng natatanging sistemang pampaaralan, kasama ng malakas, kwalipikado at kaguruang may kakayahan.

Katunayan, lahat ng mga guro sa loob ng silid-aralan ay dapat maging mahusay na pinuno sa pag-abot ng inaasahang bunga ng pagkatuto. Upang maabot ang mga pamantayang pangnilalaman at pagganap sa mga mag-aaral, iminungkahi nina Brent at Felder (1997), na ang pagtuturo ay dapat research based, team focused at life-long professional learning. Kung ito'y maisasakatuparan ng lahat ng guro, medyor man o hindi, maaaksyunan kaagad ang mga suliraning pangklasrum nang sama-sama ng mga magkakasangga sa departamento at nagiging magaan ang trabaho.

Sa ilalim ng mga naunang talakayan, magkakaugnay na isinasabuhay ng mga natatanging guro ang tatlong kategorya ng mga katangian: Sinag ng mga Personal, Propesyunal at Sosyal na Katangian. Sa ilalim ng Ningning ng Personal na mga Katangian ay natuklasan ang mga sumusunod na sab-domeyn: (1) mataas na debosyon at pananagutan sa propesyon; (2) mapagmahal sa kanilang mga mag-aaral at kapwa; (3) handang magtrabaho lampas sa tawag ng tungkulin; (4) masayahin at mahilig magpatawa; (5) mapag-angkop sa pagbabago at mapanaliksik; (6) mataas na antas ng pananampalataya; (7) may kaaya-ayang katauhan.

Habang sa ilalim ng Liwanag ng mga Propesyunal na Katangian ay nahugot ang sumusunod: (1) malawak na kaalaman sa asignatura; (2) mahusay sa "paki-pagtalastasan sa Filipino; (3) kahusayan sa pamamahala sa klasrum; (4) kahusayan sa pagtataya sa pagtuturo at (5) mapanagutang pagtuturo. Samantala, sa Kislap ng mga Sosyal na Katangian, nabuo ang mga sumusunod: (1) palakaibigang disposisyon; (2) patas sa mga mag-aaral at iba; (3) marespeto sa mga mag-aaral, kasamahan at iba; (4) nagpapanatili ng isang maka-mag-aaral at maka-gurong ("child- friendly" at "teacher-friendly") na kapaligiran; (5) mataas/magandang ugnayan/ pakikitungo sa mga mag-aaral at kasamahan; (6) pagiging mahusay na lider/pinuno.

Ang mga katangiang personal, propesyunal at sosyal ay nagsilbing mga maningning na ningas ng kahusayan ng mga gurong di-medyor sa Filipino sa maalong dagat ng pagtuturo sa asignaturang hindi nila espesyalisasyon. Nakatulong ang mga katangiang ito, mga

karanasan, panahon at suportang panlabas sa pagsisikap ng mga natatanging guro na lampasan ang mga paunang sagwil sa panimulang pagtuturo; ng mga kawalan ng katiyakan sa pabago-bagong kurikulum upang maging dalubhasa/epektibo sa asignaturang Filipino.

Kaya ang rekomendasyon sa lahat ng mga natatanging gurong di-medyor, na kailangang impluwensiyahan nila ang marami pang gurong di-medyor sa Filipino sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga kwento at karanasan upang pamarisan ang kanilang mga ginawa at ginagawa nang maisulong ang kalidad na pagtuturo sa departamento ng Filipino. Gayundin, ang mga natuklasang katangian ng mga natatanging guro ay dapat tularan ng lahat ng guro, bata man o matanda, medyor man o hindi, upang makapagpataas ng inaasahang kabatiran ng mga mag-aral.

Malawakang naipaliwanag ang mga katangiang personal, propesyunal, at sosyal ng mga natatanging guro na nakapag-iimpluwensya ng sistematikong paturuan at nagbubunga ng mga minimithing kaalaman at kasanayan sa mga mag-aaral at maayos na relasyong pampaaralan.

Nagagabayan ang mga natatanging guro ng mga prinsipyong naging gabay nila sa kanilang mga kilos at atityud. Sila ay may magkakaugnay na prinsipyo at lente ng pagmalas sa trabaho, pamilya, pera, pananampalataya, pakikipagkaibigan, sa sarili at iba pa na napakahalaga ayon kay Covey (1989).

Lahat sila ay naniniwala na ang mga mag-aaral ay ang sentro ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto; na ang trabaho ay hindi pasanin sa kanila kundi nakikita rito ang kahulugan ng kanilang buhay; na maaaring maisagawa nang mahusay ang mga gawain kung alam ang prayoridad, inuuna ang higit na mahalaga sa pagbabadyet ng oras at nagiging maligaya sila kung napaliligaya ang kanilang mga mag-aaral, kasamahan, pamilya at iba pa.

Ang mga positibong katangiang ito ay produkto marahil nang matagalang proseso ng pag-aaral, pagsasanay at pagpapahalaga hanggang naging bahagi na ng kanilang sistema dahil ayon kay Aristotle, "Tayo ay produkto ng madalas nating ginagawa, ang kahusayan ay hindi isang kilos, kundi isang nakasanayang gawi (habit)."

Samantala, ang mga Alab ng mga Nakapag-iimpluwensiyang Salik sa Eksperto/Epektibong Pagtuturo ng mga Gurong Di-Medyor sa Filipino ay maikakategorya sa mga sumusunod: (1) positibong katangian at saloobin; (2) pamumunong pedagohikal; (3) pagbabasa/pag-aaral/paggamit ng iba't ibang reperensya; (4) epektibong superbisyon; (5) patuluyang pag-aaral; (6) Certificate Program; (7) eksternal/panlabas na suporta; (8) pamilya ng mga guro; (9) karanasan sa pagtuturo; (10) impluwensiya ng mga modelo; (11) kooperasyon ng mga mag-aaral; (12) dagdag na trabaho/responsibilidad. Kailangang magamit ang mga salik na ito ng mga punungguro ng mga paaralan at mga tagamasid ng instruksyon sa pagpapaunlad ng mga gurong di-medyor upang ang mga ito'y mahubog hindi man maging eksperto sa pagtuturo ay higit na maging epektibo.

Ang mga positibong katangian at saloobin ng mga guro ay nakikitang mahalagang salik ng mga kalahok ng pag-aaral upang maabot ang kalidad ng edukasyon. Ang kalidad ng mga guro ay ang pinakamahalagang salik na nakakaapekto sa performans ng mga mag-aaral. Binanggit ni Dent (w.p.) na ang mga personal na katangian ng guro tulad ng pagiging mabait, maganda, may kakayahang makipag-empatya sa mga mag-aaral, ang katapatang mental at

moral, at kakayahang magpasensiya ay mga katangiang dapat malinang sa propesyong pangguro.

Samantala, ang paglilipat sa kailangang kaalaman, kasanayan at atityud sa misyon ng edukasyon ay nagsisimula sa malawakang capacity building mula sa pinakamataas na pinuno ng mga departamento patungo sa mga antas pampaaralan. Ang mga tagapamanihala at tagamasid ng mga tiyak na asignatura ay katu-katulong sa paghubog sa mga pinunong pampaaralan upang ang kanilang misyon ng pagbuo ng paaralan bilang isang propesyunal na komunidad na sama-samang natututo (Professional Learning Community) ay maisasakutuparan (Brukaber, 2004). Ang komunidad na ito ay nakatuon sa misyon, bisyon, balyu at tunguhin ng paaralan, bunga, resulta ng pagkatuto, mga best practices at kasalukuyang realidad. Samantala, ang mga punungguro naman ang dapat unang tumutok sa mga pangangailangan, suliranin at pagpapaunlad ng kanilang kaguruan upang maabot ang bisyon at misyon ng paaralan (Zulueta, 2005).

Ayon naman kay Alip (2013), ang mga pagsasanay (training) ay hindi ang pinakasolusyon sa lahat ng suliraning pangguro. Ito'y isasagawa lamang upang tugunan ang isang kasalukuyang pangangailangan; kailangan sa isang tiyak na gawain; kaagad na aplikasyon ng natutuhan kaugnay ng isang trabaho.

Kaya, sa sistemang pampaaralan ay akma lamang ang pagtutulungan upang mapataas ang kakayahan hindi lamang ng mga medyor kundi lalo na ang mga di— medyor. Sa mga panayam pangguro ay inaming malaking naitulong ng sistema ng mentoring, coaching, peer teaching, observation at collegial support sa kanilang mga School Learning Action Cells (SLACs), sa kanilang propesyunal na pag-unlad. Sa ulat ng UNESCO (2006, p. 11), binigyang diin ang kahalagahan ng mga ulong guro sa pagpapataas ng kalidad ng mga paaralan. Ang kanilang natatanging pamumuno sa larangan ng pagtuturo, suporta sa mga guro, pagmomonitor sa mga resulta, malinaw na mga gabay/patakarán, malasakit sa mga pagsasanay at propesyunal na pag-unlad ng mga kasamahan ang nagpapaiba sa performance ng kanilang paaralan.

Dagdag nina Harrison at Killion (2001) at Killion at Harrison (w.p.) na sinang- ayunan nina Marzano, Pickering at Pollock (2001), na may sampung papel ang mga gurong lider sa mga paaralan. Kasama rito ang pagiging instructional specialist, na tumutulong sa pagpapatupad ng mga epektibong estratehiya sa pagtuturo, nagsasaliksik ng mga estratehiyang pangklasrum angkop sa mga paaralan at ibinabahagi sa mga kasamahan. Gayundin, sila ay nagsisilbing classroom supporter, curriculum specialist at mentor at ang madalas na konsultasyon at kolaborasyon sa mga kasamahan ay nagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pagtuturo, sa mga prosesong pangkurikulum, mga pagsasanay at polisiya.

Ipinaliwanag naman ni Blasé at Blasé (2006), na ang pinakaimportanteng papel ng lider na guro ay ang pagiging isang mag-aaral (learner) na nangungunyapit sa tuluy-tuloy na pagkatuto, nagpapamalas ng panghabambuhay na pagkatuto at ginagamit ang natutuhan upang matuto ang mga mag-aaral. Sila ang humuhubog ng paaralan, nagpapaunlad sa pagkatuto at nag-iimpluwensya sa kanilang mga kasamahan.

Kung kaya, iminumungkahi na ang pamumunong pedagogikal ay maipagpatuloy sa loob ng mga paaralan. Ito ang pamumuno sa paaralan na ang pangunahing tungkulin ay ang mga mag-aaral (NacNeil, Cavanagh, & Silcox, 2005). Ito'y tumutukoy sa tulong na binibigay ng mga punungguro, ulong guro ng departamento, at master teachers upang mapaunlad ang

uri, sistema at klima ng paturuan sa asignatura. Ito'y tumutukoy rin sa liderato at teknikal sa suporta na ibinigay ng mga punongguro at tagamasid sa mga sangay upang mahasa ang kaalaman at karanasan ng mga gurong medyor at di-medyor m mga asignatura.

Ang pagbabasa, pag-aaral at paggamit ng iba't ibang reperensya tulad ng ICT ay nakitang salik din sa mahusay na pagtuturo. Implikasyon nito na kailangang mag-invest ang guro para sa kanyang sariling pag-unlad tulad ng pagbili ng propesyunal na mga aklat, babasahin, ng sariling laptop, pagtutok na pag-aaral sa mga bagong aralin at pag- angkop sa sarili sa makabagong teknolohiya. Hindi sagabal ang edad sa sinumang nais matuto dahil ayon kay Alvin Toffler, "Ang mga mangmang sa ikadalawampu't isang siglo ay ang mga taong ayaw nang matuto, muling matuto at iwasto ang mga maling natutuhan."

Maraming uri ng guro sa loob ng paaralan na may iba't ibang kaalaman at kahinaan. Lahat ay dumadaan sa proseso ng instruksiyunal na superbisyon ng mga tagamasid at punongguro. Kaya naman dapat na mapaunlad muna ng mga ito ang kanilang kapasidad batay sa mga pamantayang nakaangkla sa mga programa sa epektibong superbisyong pampaaralan; pagbuo ng mga programa para sa kahandaan ng mga tagamasid, pagpapaunlad ng kakayahan ng bawat tagamasid at pagkamulat sa mga Roles and Responsibilities ng isang instructional leader alinsunod sa RA 9155. Sa tulong ng mga obserbasyong pangklase, matutuklasan kung sino ang nasa antas clinical na higit na dapat tutukan, madalang para sa proficient at self-directed.

Ang kahingian ng labing-anim (16) na beses na pagbisita sa loob ng mga silid-aralan ay mabuting hakbang ng Direktor ng Rehiyon III upang matugunan ang mga suliraning dapat agarang aksyunan batay sa konteksto nang tuloy-tuloy na instruksiyunal na superbisyon.

Kailangang maitaguyod din kung gayon, ang epektibong superbisyon na tumutukoy sa madalas, matindi, iistrikto at nakapokus sa pagpapaunlad ng pagtuturo (Wagner, Kegan, Lahey, Helsing, Howell & Rasmussen, 2006). Ang tuloy-tuloy na pagsubaybay, pagpapalano at agarang pag-aksyon sa pag-unlad ng mga gurong nabisita sa klasrum sa tulong ng mga fidbak, tulong teknikal, School Learning Action Cell (SLAC), interbensyon at programang angkop para sa kanila ay dapat maisagawa upang mahubog ang higit na propesyonalismo sa pagtuturo, maging higit na epektibo/ eksperto sa pagtuturo kung hindi man ay maging natatanging guro sa asignatura.

Natuklasang malaking salik din upang mapalawak ang galing ng mga gurong di-medyor batay sa mga makabagong kalakaran at inobasyon sa pagtuturo ay ang pag- aaral nila sa Certificate Program. Isama pa rito ang pag-aaral sa gradwadong paaralan upang maisapanahon ang kaalaman nila para sa mga mag-aaral.

Naniniwala naman si Campbell at mga kasama (2004), na napakaraming dimensyon ng pagiging epektibo ng guro tulad ng mga malawak na saklaw ng papel na ginagampanan, masteri sa kurikulum at iba pa nitong komponent, sanligang baryabol, katangiang personal, kontekstong kultura ng organisasyon subalit ang kaalaman at preparasyon ng guro sa asignatura na dapat niyang turuan ay may malaking papel sa pagpapalabas ng higit na mabungang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral ni Fennema at Loef-Franke (1992), binanggit niya na ang kaalaman ng guro sa nilalaman ng Matematika ay may malaking kaugnayan sa magiging gawi ng guro sa klasrum maging ng bunga ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Kung walang kakayahan ang guro

sa mga batayang konsepto ng asignatura at lamang proseso kung paano ituturo ito ay maglalandas ito sa kawalan ng pagkaunawa ng mga mag-aaral. Mahihinuha rito na ang kawalan ng kaalaman sa asignatura ay magbubunga rin ng kawalan ng tiwala sa sarili ng guro na maaaring magdulot din ng mababang antas ng masteri ng mga mag-aaral.

Isang katulad na pag-aaral ay isinagawa nina Madeville at Liu (1997) na nagpapahayag ng kahalagahan ng mataas na lebel ng sertipikasyon upang makapagturo nang mahusay ang mga guro kaysa sa ibang may mababang sertipikasyon, gayundin, sinusog sa pag-aaral ni Darling-Hammond, na binanggit ni Cruickshank, Jenkins at Netcalf (2006), ang pagbibigay diin na ang kahandaan/preparasyon at sertipikasyon ng guro ay ang mga pinakamalakas na prediktor sa mataas na "achievement" ng mga mag-aaral.

Ayon pa kina Grossman at Grossman, na binanggit ni Cruickshank, Jenkins at Hetcalf (2006), ang kaalaman ng mga guro sa nilalaman ng itinuturo ay kapwa nakakaapekto kung ano at paano ituturo ang aralin. Binanggit din ni Palmer (1999), na ang mabuting pagtuturo ay hindi lamang nakatuon sa mga teknik kundi ang kakayahan ng mga gurong makapag-ugnay sa kanilang sarili, sa kanilang mga mag-aaral at sa asignaturang pinag-aaralan; na kailangang maipamalas ng guro ang kanyang kahandaang makiangkop at magbago upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

Implikasyon nito kung talagang nais makatulong ng mga guro sa mga mag-aaral ay sumasabay sila sa pag-aaral ng mga ito, upang puwede silang mapagkunan ng mayamang resors ng kaalaman at karunungan. Ang Certificate Program, na may 24 na yunit, ay makatutulong nang malaki upang maragdagan ang kanilang kaalaman sa nilalaman at eestrategiya sa pagtuturo ng Filipino upang sila'y higit na maging epektibo.

Naniniwala rin ang mga nagtataguyod ng mga de kalidad na paaralan na ang mga dakilang guro ay nagtatakda ng pinakamataas na ekspektasyon sa kanilang mga mag-aaral, umaasa na ang kanilang mga mag-aaral ay matututo sa klasrum kasama ng mga mahihinang mag-aaral. Kung gayon, marapat lamang na ang mga gurong nagtuturo ay dapat magsabuhay nang mataas na lebel ng kahusayan sa pamamagitan ng patuluyang pag-aaral.

Ang tagumpay ng sistemang pang-edukasyon ay maisasakatuparan nang matagumpay rin kung isinasangkot ang ibang stakeholders tulad ng Non Government Units (NGUs), Local Government Units (LGUs), mga alumni, mga relihiyosong organisasyon, mga magulang at iba pa. Ang mga kakulangang pampaaralan ay karaniwang napupunan sa suporta ng mga ito upang magkaroon ng higit na maunlad na kapaligirang pampaaralan sa diwa ng kolaborasyon ng mga internal at eksternal na stakeholders, sa bisa ng School Based Management (SBM).

Katunayan mulat na ang mga punungguro sa kailangan nila; ang mga eksternal na stakeholders bilang mga kasapi sa School Governing Council (SGC) ay kasa-kasama sa pagpapalano sa mga target ng paaralan sa kanilang Annual Improvement Plan (AIP) batay sa iba't ibang Key Result Areas (KRAs) tulad ng Pupil Development, Staff Development, Physical Facilities Development and Resource Fund Management.

Naniniwala si Diffily (2004) na napakahalaga ng pagtutulungan ng mga guro at magulang hinggil sa akademikong ekspektasyon, isyu sa mga mag-aaral nang makuhanan ng suporta ang mga magulang sa suliraning pangmag-aaral. Ayon din kay Fancy (2005),



isinasagawa ng mga punungguro at mga guro ang madalas na pakikipag- ugnayan sa mga magulang dahil ito ay may malaking impak sa achievement ng mga mag-aaral.

Ang isang etikal na kapaligiran ay kailangang malinang batay sa konsultasyon, maingat na pagpapalano, malawakang suporta sa pamamagitan ng patuloy na pagkilala at pagtanggap sa mga pagpapahalagang dapat maisabuhay ng lahat (Harris & Bennett, 2001).

Ang mga guro ang pinakamahalagang salik sa paglikha at pagpapatupad ng epektibong programa upang ang pisikal na estruktura ng paaralan ay maging ligtas na lugar, magkaroon ng kapanatagang emosyunal at sikolohikal ang mga mag-aaral batay sa itnaguyod na balangkas ng UNICEF para sa right-based, child-friendly educational system and schools, characteristics as inclusive, healthy and protective for all children, and involved families, communities and children, (ShaPer, Harrison & Gilley1999).

Sa NG 8, naipakita ito sa pamamagitan ng sama-samang pagtatanim ng mga magulang at guro sa bakanteng loteng taniman upang makaragdag sa pondo ng paaralan. Gayundin, sa ibang paaralan ay tuloy-tuloy ang programa sa Brigada Eskweta at Adopt- A-School Program. Mahihinuha rito na ang tagumpay ng isang guro ay nakasalalay nang malaki rin sa mga eksternal na suporta tulad ng mga Parents Teachers Association (PTA), LGUs, NGOs sa pagbibigay ng mga kailangan ng mga paaralan kasama ng pagpopondo sa mga training at pag-aaral upang maitaas ang kakayahan ng mga guro. Kailangang mapanatili ng guro ang mahusay na pakikipag-ugnayan sa mga external na stakeholders upang matugunan ang mga suliranin at pangangailangan ng mga mag-aaral (Carter & Carter, 2001).

Ang pamilya ng mga guro at impluwensiya ng mga modelo ay nakapagbibigay rin ng inspirasyon sa mga natatanging guro upang magsumikap pa lalo sa propesyon. Sa aking pakiwari, kung kulang ang pag-unawa ng kapamilya sa mga dagdag na trabaho at oras na inilalaan ng mga natatanging guro sa paaralan, magbubunga ito ng mga alitan, kabugnutan at kawalan ng sigla sa trabaho. Gayundin, ang mga modelo ay ang nagiging pamantayan ng guro sa kanyang pagganap sa mga tungkulin kung di man maabot ang narating ng mga ito ay may digri ng kalapitan. Ayon kay Mitchell (1989), ang mabubuting guro ay may mga mabubuting modelo na nagsisilbing inspirasyon upang magkaroon ng higit na motibasyon, enerhiya at pagkamalikhain. Maisasabuod ito sa tulong ng kaisipang, “Sa likuran ng tagumpay ng bawat tao ay ang kanyang pamilya o mga inspirasyon sa buhay.”

Sa ilalim ng karanasang pangguro ay mababanggit na ang tagal sa pagtuturo ay pagbibigay ng pagkakataong mag-aral, muling mag-aral hanggang mamaster ang mga aralin kaya nagiging bahagi ito na ng kanilang kawalang malay (subconscious); nagiging natural at otomatik ang proseso ng pagtuturo ng pagkatuto. Subalit sa kasalukuyang pag-aaral, ang tagal ng pagtuturo ay hindi lamang sukatan ng kahusayang pangguro dahil natuklasang may mga bata pa sa propesyon ang nagpapakita ng liderato sa saklaw ng kanyang kapangyarihan at kapaligiran. Ang katalinuhan at pagiging aktibo nito sa mga organisasyon mula sa kolehiyo ay nagpatindi sa kanyang pagiging alisto at epektibo.

Subalit gaano man kaalisto at katalino ang guro, kung sa simula pa lamang ng klase ay hindi na nakukuha ang atensyon at partisipasyon ng mga mag-aaral, magiging mahirap ang lahat para sa guro. Dito pumapasok ang kahalagahan ng kooperasyon ng mga mag-aaral.

Tinukoy ni Plyers na binanggit ni Villafuerte at Bernales (2008) ang depinisyon ng kolaborasyon. Nakapokus ang kolaborasyon anila sa proseso ng sama-samang paggawa samantalang ang kooperasyon ay nagbibigay diin sa produkto. Ayon naman kay Johnson at Johnson (1999), tumutukoy ang kolaborasyon anila sa pagtutulungan ng mga guro sa pagpapalano ng mga aralin at pagbabahaginan ng mga estratehiya sa pagtuturo at pagtataya samantalang ang kooperasyon ng mga mag-aaral sa mga gawain sa klase ay nakapagpapalabas ng isang pangwakas na produkto o layunin.

Marapat lamang sa proseso ng pagtuturo ng mga guro ay palaging mailapat ang diwa ng dalawang salitang nabanggit dahil sa paniniwala nina Cooper, Valentine, Nye at Lindsay, (1999) ang mga ito ay titiyak sa kabatiran ng mga mag-aaral, magdudulot ng retensyon at satsipaksyon sa isang karanasan ng pagkatuto, makalilinang ng oral na komunikasyon, kasanayang sosyal, tiwala sa sarili at positibong pakikipagrelasyon sa iba.

Ang benchmarking ay mahalagang sangkap din sa pag-aangkop ng mga best practices mula sa iba na maaaring magamit at maasimila batay sa sariling sitwasyong pampaaralan. Ito'y nabanggit ng isang natatanging guro na sa mga imbitasyon o obligasyon sa labas ay nakapupulot siya ng mga bagay na maaaring pakinabangan sa kanyang paaralan.

Ang mga imbitasyong ito, bagamat dagdag na trabaho, ay bunga na rin ng magandang rekord ng guro na nakilala dahil sa kanyang kahusayan at kagalingan o ibang talentong taglay.

Bagaman binanggit ng NG 7 na dagdag itong trabaho sa labas, maaaring iugnay ito sa positibong relasyong nabuo ng NG sa ibang propesyunal na tao upang magpalitan ng suporta sa mga patimpalak at mga pagsasanay. Nahihinuha kung gayon, na ang mga oportunidad na binanggit niya ay nagpapaningas ng kislap/ kinang ng natatanging guro.

Ang mga salik na panloob at panlabas ay nakapag-impluwensiya nang malaki at naging tulay upang mahubog ang mga maningning na katangian ng mga natatanging guro sa pag-aaral. Ang kanilang kahusayan/kagalingan ay bunga ng kolaborasyon ng mga taong may tunay na pagmamahal at pagmamalasakit sa kanilang kapakanan at kaunlaran.

Kung kaya, iminumungkahing gagawin ng mga namumuno sa paaralan ang mga salik na natuklasan upang maging sukatan/pamantayan sa pagpapalano at pagpapaunlad ng panggurong kahusayan. Gayundin, sinusug na magbalangkas ang Kawanihan ng Edukasyon (Central Office/ Division Office), Local Government Units (LGUs) at iba pang stakeholders ng mga scholarship at training na tutugon sa pangangailangan ng mga gurong di-medyor.

Sa mga bumubuo sa "Hiring Committee" sa mga paaralan at sangay, kailangang magkaroon nang mahigpit na polisiya sa pagkuha ng higit na kwalipikadong guro sa ilalim ng kanilang espesyalisasyon at kung hindi naman ay higit na malapit sa asignaturang ituturo. Idagdag pa rito ang pakikipag-ugnayan sa iba't ibang stakeholders ng mga paaralan nang maibigay ang mga pangangailangan ng mga guro at mag-aaral bio na sa mga kagamitang pampagtuturo at pampagkatuto.

Iminumungkahi rin sa mga higher education institutions, na kailangang tiyakin ang maunlad na paghubog sa mga guro sa teacher-education at maihanda sa pagtuturo sa mga asignatura na maaaring hindi linya ng espesyalisasyon. Gayundin ay magkaroon sila ng

environmental scanning sa mga medyor na tunay na kailangan sa mga paaralan at magkaroon ng puwang sa akademya para sa mga ito.

Binanggit sa mga natuklasan ang mga tulay na magdudugtong sa kawalan ng kakayahan ng mga gurong di-medyor sa Filipino sa tulong ng: (1) pagdalo sa mga pagsasanay, (2) pag-aangkop sa makabagong teknolohiya, (3) pagpaapunlad ng sariling kakayahang magturo, (4) pagpapaningas ng magandang kaugalian/ katangian, patuluyang pag-aaral, (5) suportang eksternal, (6) pagkakaroon ng mga kagamitan sa pagtuturo, (7) masidhing pagpapahalaga sa asignatura at (8) pagkakaroon ng tagal ng karanasan.

Konsistent ang mga mungkahing solusyon sa naunang talakayan maliban sa dalawang mungkahing palalawigin sa ibaba:

Isang suliraning kaakibat ng paglulunsad ng mga bagong kurikulum ay kakulangan ng mga kagamitang kailangan ng mga guro tulad ng Gabay sa Pagtuturo at mga Materyal Pangmag-aaral.

Ang pagkahuli ng mga materyal ay nakapagdudulot ng suliranin kung paano maisasa proseso nang mabilis ang mga paksa lalo na ang mga journal o materyal sa mga ay hindi man isahan ang ratio. Gayundin, ang mga teksto/ aralin sa mga Gabay Guro ay mahirap mahagilap maging sa internet. Kaya dalawang suliranin ang kaharap ng guro upang magtagumpay. Una, ang pangangailangan na imaster ang aralin at ikalawa, ang paghahanda ng mga materyal na susuhay sa proseso ng pagtuturo.

Isang konsistent na katangian ng natatanging guro ay ang pagiging positibo sa pagbabago at pilit na pag-aangkop gamit ang katangiang pagiging mapamaraan upang masolusyunan ang problemang aklat sa mga lunsaran at mga akdang pag-aaralan. Gamit ang malaking laptop, naitatawid ang mga aralin kung sa iba naman ay patuloy na paggamit ng kanila paper upang maging biswal.

Ang tagumpay ng bagong kurikulum ay nasa kamay ng mga guro sa klasrum kaya dapat ay maibigay ang mga suportang kailangan nila sa paaralan ng mga tagaplano at tagagawa ng kurikulum.

Maraming di-medyor sa Filipino na ang kahandaan at preperensya ay ang dating asignatura kung bibigyan ng pagkakaton subalit kung hahanguin ang mga insayt mula mga natatanging gurong di-medyor ay matutuklasang niyakap, minahal at pinahalagahan na nila ang asignatura.

Mahalaga pa ring banggitin anomang pagsisikap ng mga ekspertong propesyunal at pagtataguyod ng programang pagpapasanay sa mga gurong di-medyor, lahat ay mawawalang saysay kung hindi magbubulay-bulay ang mga gurong ito hinggil sa ilang katayuan na baguhin ang mga sarili upang higit na maging epektibo.

Dapat ring mabago ang pamamaraan sa patuluyang pag-aaral na hindi sila bigay ng kaalaman kundi pagpapaningas sa kaisipan ng mga guro upang makapag-isip para sa sarili at mayakap ang pagbabago. Naniniwala si Hall (w.p.) na napakahalaga ng angkop na paghahanda para sa pagiging isang ganap na propesyunal sa pagtuturo ng magkaroon ng tiwala sa sarili, sapat na kaalaman nang hindi naman nagmamayabang upang masagutan ang mga kalituhan at katanungan ng mga mag-aaral; mapanatili ang mga karampatang

istandard na gawi tulad ng pagiging magalang, matatag, patas, pagiging lider, pagiging pankwal, kaaya-ayang kalinisan at kaanyuan.

Ang pagpapataas ng kakayahan ng marami pang gurong di-medyor sa Filipino ay nangangailangan ng pagbabagong isip at pananaw; na moral at etikal nilang obligasyon ang paunlarin ang sariling kakayahan; pangalawa lamang ang mga suportang eksternal mula sa Kagawaran, mga kasamahan at iba pang stakeholders.

Upang maitaas ang kakayahan ng mga mag-aaral ay iminumungkahi ang mga sumusunod: (1) pag-aaral nang mabuti; (2) pagtuturo nang mahusay ng guro; (3) pagbibigay ng mga kagamitang pampaaralan; (4) pagtutok sa mga suliraning pang- mag-aaral; (5) pagdaragdag ng oras at mga gawain sa klase; (6) pagkakaroon ng positibong pananaw sa asignatura; at (7) pagbabawas ng mga mag-aaral sa klase.

"Maaari mong ilapit ang kamelyo sa balon subalit hindi mo siya mapipilit na uminom." Ang mga mag-aaral mismo ang dapat maturuang magpahalaga sa asignatura sa kailangang makita ang kahalagahan nito sa pagitan ng iba pa; subalit ang interes ng mga bata ay nakasalalay nang malaki sa uri ng gurong namamahala sa klase nila. Ang guro ang dapat unang magbigay ng suporta (scaffold) sa mga konseptong di naiintindihan ng mga mag-aaral hanggang ang mga ito ay mamaster nila at sila'y makapagsarili (Vgotsky, 2004). Kung nararamdaman naman ng mga mag-aaral ang tunay na pagmamalasakit at pagmamahal ng gurong di-medyor na may kakayahan at tiwala sa sarili, tiyak na sila ay magsisikap din na mag-aral.

Sa pag-aaral nina Martinez, Sanchez at Silva (2011) natuklasan ang masakit na katotohanang kung bakit papaubos na lahi ang mga nagmamedyor sa asignaturang hlipino. Inilahad ang kakulangan ng mahuhusay na guro sa Filipino at ang mga negatibong karanasan nila sa mga ito. Kaya naman, isang malaking hamon sa mga nagtuturo sa pampublikong paaralan kung paano maaakit ang mga mag-aaral sa mga gawaing pinag-iisipan ng mga mahuhusay na estratehiya, kasama pa ang pagpapaalalarang ang kanyang katauhan, saloobin at pagpapahalaga ay may malaking impak sa pagkatuto o hindi pagkatuto ng mga mag-aaral.

Parehong nakikitang kailangan ang mga kagamitang pampaaralan upang maging madali sa mga mag-aaral na sumunod sa mga talakayan at gawaing pangklase subalit isang masakit na katotohanan na walang pumapasang aklat sa IMCS sa asignaturang Filipino mula pa noong 2002 kaya pahirap ang instruksyon sa mga guro't mag-aaral.

Isa pa ring problema sa hayskul ay ang mga suliraning pang mag-aaral na tinutukan ilang natatanging gurong di-medyor. Mga iba't ibang interbensyon tulad ng Panlunas Programa sa Pagbasa na kabilang sa Balanseng Programa sa Pagbasa ang inilunsad ng matulungan ang mga mahihina at mabagal na bumasang mag-aaral. Katunayan, mga mahihina sa pang-unawa ang nakapaghihila sa mababang resulta ng NAT. Ang Big Brother, Big Sister approach ay madalas ding gamitin sa Reading Recovery Program.

Naging isa na ring load sa paaralan ang Reading Remediation class para sa mga Reading Teachers. Maging ang mga magulang ay isinangkot na rin sa proyektong PNP (Pakikipagtulungan ng mga Magulang sa Pagbasa). Nangangailangan pa marahil ng dagdag na kahigpitan sa pagpapatupad sa mga polisiya tulad ng No Read No Pass, upang ang suliranin sa mga non-readers o di nakababasa ay hindi na maranasan sa hayskul.

Iminungkahi rin ang pagdagdag ng oras at gawain sa Filipino na solusyon upang mapataas ang kakayahan ng mga mag-aaral. Sa makabagong kurikulum, tinugunan ito pamamagitan ng pagbibigay ng tig-iisang oras sa lahat ng asignatura. Kung ito'y magbubunga ng higit na mabuting resulta sa dating 48 minuto sa Filipino ay panahon ang makapagsasabi.

Kailangang ding magkakaroon ng positibong pananaw sa asignatura kung nais ng mga mag-aaral na tumaas ang kanilang performans. Ang negatibong pananaw na madali ang Filipino, na kahit hindi mo pag-aralan ay papasa ang mga mag-aaral ay nakapag-iimpluwensya sa kanilang pag-iisip at pagpapahalaga sa asignatura. Kaya naman isang tagubilin sa mga guro sa Filipino, medyor man o di-medyor na gumamit ng mga barayti ng mga gawaing hindi prediktabol o inaasahan upang maakit ang mga bata na ito'y lingapin bilang mahalagang asignatura.

Isang suliranin ding tinukoy ang pagsusumiksik ng mga mag-aaral sa iba't ibang klasrum na animo'y sardinas kaya ang mataas na partisipasyong pangklase ay hindi makuha; tuloy ang minimithing pagkatuto ay tila isang pangarap lamang. Isang mungkahi ng mga kalahok na bawasan ang bilang ng mga mag-aaral subalit ito'y magiging posible sa panuruang taon 2013-2014 dahil sa mga mahigit na 700 teacher ms na ibinigay sa sangay mula sa Central Office ay tila sagot sa kahilingang ito.

Ayon naman kay Cgeog (w.p.), katangian ng mahusay na pagtuturo ay ang pag-unlad ng mga mag-aaral at matutukoy sa mga mahuhusay na pagtataya upang makapagbigay impormasyon sa pagkatuto at hindi sa performans ng guro. Ang tiyak na paraan ng pagpapataas ng kalidad ng edukasyon ay ang pagtatrabaho nang sama-sama mga pinuno ng paaralan at mga guro upang tugunan ang mga isyung pedagohikal.

Ang pagpapalitan ng mahuhusay na practices ay mahusay na paraan upang isulong ang pagpapaunlad sa mga guro at mag-aaral.

Kung ang mga solusyong naimungkahi ay maisasakatuparan, lalo na ng mga namumuno sa mga paaralan, magbubunga ito ng higit na mabuting kapalaran sa mga mag-aaral na matuto at maging instrumento sa pagbabago ng kanilang paaralan, komunidad at bayan.

Bilang paglalagom sa mga solusyong iminungkahi sa pagpapataas ng kakayahan ng mga mag-aaral, higit na malaki ang kanilang pananagutan sa sariling pag-unlad at pagkatuto sa pamamagitan ng pagganyak sa sarili at pagpapahalaga sa asignatura. Dagdag pa rito, ang mahigpit nilang pangangailangan ng mga gurong may mataas na pananagutan sa misyon ng pagtuturo ay dapat agarang matugunan upang maging huwaran sa mga mag-aaral sa mga kabatiran at kasanayang dapat matutuhan, positibong kaugalian, atityud at gawi para maabot nang sama-sama ang tagumpay na pampaaralan.

### **Ang Sumibol na Estruktur**

Sa masusing pagninilay-nilay sa naging bunga ng mga pananaliksik, sumupling ang modelo sa pagbuo ng isang natatanging gurong di-medyor sa Filipino sa maalong dagat ng pagtuturo.

Lumabas sa pag-aaral na ang mga natatanging guro ay nagsasabuhay ng magkakaugnay na katangiang personal, propesyunal at sosyal. Ginamit ang paglalapat ng


mga kulay batay sa Understanding the Meaning of Colors in Color Psychology (w.a.,w.p.) tulad ng kulay na asul sa liwanag ng mga propesyunal na katangian dahil ito'y kumakatawan sa propesyonalismo, katatagan, dignidad, karangalan, kapayapaan, tiwala at lalim ng kaalaman. Ang dilaw para sa ningning ng mga personal na katangian sapagkat sumisimbolo ito sa kulay para sa isip, ng katalinuhan, ng kaliwanagan, ng kasiglahan, pagiging praktikal, analitikal, ng tiwala at pagsasanib ng mga dati at bagong kaisipan. Samantala, ginamit ang kulay kahel (orange) para sa kislap ng mga Sosyal na katangian dahil ito'y kulay para sa sosyal na komunikasyon at optimismo; na nagbibigay probisyon sa dalawang panig ng komunikasyon, ng pagrespeto sa sarili at iba, ng kasiyahan at init ng pagtanggap sa iba. Ginamit ang simbolo ng abuhing Madonna para sa natatanging gurong tunay na nagmamahal; na sekundarya lamang ang kanyang papel dahil ang pinakapuso ng anumang kurikulum ay ang kanyang mag-aaral.

Nalilinig din ang mga mabubuting kaugalian ng mga natatanging gurong di-medyor sa Filipino sa konteksto ng makamag-aaral na paaralan at makagurong kapaligiran. Ginamit ang kulay luntian dahil nangangahulugan ito ng pagiging balanse at harmoniya, ng tagsibol at kaunlaran, ng kakayahang magmahal at mangalaga sa iba at magtaguyod ng pagmamahal sa pamilya, kaibigan, tahanan at kapaligiran. Ginamit ang tila timbangan at lalagyan dahil nagsilbi itong sukatan sa pagtaya sa mga katangian ng mga natatanging guro; maliban pa sa ideya na ang hugis buwa'y para sa kolektibong pangarap/bisyon/ misyon sa pagpapaangat ng kwalipikasyon at kakayahang pangguro na pinapasan/binubuhay ng DepEd, HEIs, NGOs, LGUs, Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) at iba pang stakeholders. Ang kulay dark blue ay opisyal na kulay ng DepEd na nangangahulugan ng awtoridad, tiwala, katatagan, pagkakaisa, kapangyarihan at kahalagahan.

Samantala, ginamit ang kulay ginto para sa sinag ng mga nakapag- iimpluwensiyang internal at eksternal na salik na nakatulong upang mapag-alab lalo ang kahusayan ng mga dalubhasa/epektibong gurong di-medyor sa Filipino. Pinili ang kulay ginto dahil ito'y nangangahulugan ng tagumpay, kayamanan, estado sa buhay at tumutukoy sa mataas na karunungan, pag-unawa at kaliwanagan ng kaluluwa.

Gayundin, ginamit ang mga sinag na kulay red orange para sa tanglaw ng mga mungkahing solusyon para sa pagpapataas ng kakayahan ng mga gurong di-medyor at ng mga mag-aaral sa Filipino sa kabuuan.

Ginamit ang mga bilog sa balangkas (framework) dahil nais ipagkahulugang ang pagpapaunlad sa sarili ng mga natatanging guro'y walang katapusan. Napakahalaga nang tuloy-tuloy na institusyonalisasyon ng mga kolektibong hakbang upang ang minimithing realidad ng transpormasyon para sa mga gurong di-medyor at medyor sa Filipino ay maganap; gayundin, maitaas ang kabuuang perrormans ng kanilang mga mag-aaral sa batayang edukasyon. Ang parisukat ay ginamit din upang ipakahulugan ang mga timbang na pagpapasiya ng mga pinuno ng paaralan upang hubugin nang ganap ang kanilang kaguruan para sa higit na tagumpay ng sama-samang pakikipagsapalaran at paglalakbay sa kalidad ng edukasyon.



**MGA MUNGKAHI SA PAGPAPATAAS NG KAKAYAHAN NG MGA MAG-AARAL SA ASIGNATURANG FILIPINO**

**Larawan 1:** Estruktura ng Ningas ng Sulo ng mga Natatanging Gurong Di-Medyor sa Filipino sa Maalong Dagat sa Pagtuturo

**MGA SANGGUNIAN**

- Alip, R. (2013). *Training on Adult Learners & Facilitation Skills*. Angeles City: Pulungbulo.
- Badayos, P. B. (1999). *Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika, Mga Teorya, Simulain at Istratehiya*, Makati City: Grandwater Corp.
- Belvez, P. M. (2005). *Ang Sining at Agham ng Pagtuturo*. Maynila Rex Book Store, Inc.
- Berliner, D.C. (1992). *The Nature of Expertise in Teaching*. In F. K. Oser, A. Dick, & J. Patry (Eds.). *Effective and Responsible Teaching* (pp.227-248). San Francisco California: Jossey-Bass.a.
- Bernales, R. A., Atienza, G. Talegon, V. & Achas, A. (2011). *Komunikasyon sa Makabagong Panahon (Batayang Aklat sa Sanayang-Aklat sa Filipino I, Antas Tersyarya)*. Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.
- Blase, J. & Blase, J. (2006). *Teachers bringing out the best in teachers: A guide to peer consultation for administrations and teachers*. Thousand Oaks, CA: Corwin Press.
- Brennen, B.H. (1999). *More good teachers needed: Rules without relationships* (part 4). Hinango noong Pebrero 15, 2013 sa sounds of encouragement. Helping People smile again, sa website na: [www.soencouragement.org/moreteachersneeded.html](http://www.soencouragement.org/moreteachersneeded.html).
- Brent, R. & Felder, R.M. (1997). How to Improve Teaching Quality. Hinango noong Pebrero 13, 2013 sa: [http://www4.ncsu.edu/uni\\_lockers/users/felder/public/papers.html](http://www4.ncsu.edu/uni_lockers/users/felder/public/papers.html).
- Brubaker, D. L. (2004). *Creative Curriculum Leadership Inspiring and Empowering Your School Community*. California: Corwin Press A Sage Publications Co.
- Burden, P. R. & Bryd, D. M. (2010). *Methods for Effective Teaching: Meeting the Needs of All Students*. (5th edition). United States of America: Pearson Education, Inc.
- Campbell, J., Kyriakides, L., Muijs, D. & Robinson, W. (2004). *Assessing Teacher Effectiveness: Developing a Differential Model*. London: Routledge Falmer.
- Carague, O.M. (2000). *Education through Information Technology in Emergence of Schools of the People: Implication for Educational Policy and Research with Information and Communication Technology in the Philippine Education*, Quezon City: KATHA Publishing Co., Inc., 168.
- Carter, L. & Carter, M. (2001). *Parents on your side: A teacher's guide to creating positive relationships with parents*. (2nd edition). Bloomington, IN: Solution Trees.
- Cgeog, A.K. (n.d.). From Good to Outstanding Teaching. online CPD module. Hinango noong Disyembre 1, 2013 sa: [www.rgs.org/OurWork/schools/Running+a+successful+department/Good+to+outstanding+teaching.htm](http://www.rgs.org/OurWork/schools/Running+a+successful+department/Good+to+outstanding+teaching.htm) at <http://www.greatschools.org/improvement/quality-teaching/79-what-makes-a-great-teachers.gs>.



- Clancey, G. (2005). *The Journal of Asian Studies*. Volume 71-Issue 02, May 2012, pp.333-344. Hinango noong Pebrero 3, 2013 sa: [www.library.wisc.edu/guides/SoAsia/tocpdts/jas/v11-No2\\_may12.pdf](http://www.library.wisc.edu/guides/SoAsia/tocpdts/jas/v11-No2_may12.pdf).
- Convoy, P. (2002). *My losing season*. Garden City, NK: Doubleday.
- Cooper, H.M., Valentine, J.C., Nye, B. & Lindsay, J.J. (1999). Relationships between five-after-school activities and academic achievement. *Journal of Educational Psychology*, 91,369-378. Abstrak na Hinango noong Pebrero 15, 2013 sa APA PsycNET ng American Psychological Association database.
- Covey, S. (1989). *The 7 Habits of Highly Effective People. Powerful Lessons in Personal Change*. New York: Simon & Schuster.
- Cruickshank, R., Jenkins, D. B. & Metcalf, K. K. (2006). *The Art of Teaching*. New York: McGraw Hill Company.
- Darling-Hammond, L. (2000). Teacher Quality and Student Achievement: A Preview of State Policy Evidence, *Education Policy Analyses Archives 8* (1). Hinango noong Pebrero 13, 2013 sa <http://www.epan.asa.edu/span>.
- Department of Education NAT Report (2012). Hinango noong Pebrero 10, 2013 sa: <http://netrc.sysportal.net/homePage.aspx>.
- Dent, H.C. (n.d.). *Teaching as a Career*: Hinango noong Disyembre 1, 2013 sa: <http://uefap.com/reading/exercise/skim/qualtec.html>.
- Diffily, D. (2004). *Teachers and families working together*. Boston: Allyn and Bacon.
- Ducut, R. B., Legamia, B. P. & Pangilinan, D. B. (2009). *The desired graduate school teacher*. Pampanga: University of the Assumption Official Faculty Research Journal, 122, 2009-2010.
- Dumlao, N. P. (2000). *Attributes and Teaching Performance of Public Elementary School in Botolan, South District Division of Zambales: Implications in Education Management*. NLP General Book (Thesis 372.1144 D896 9 2000).
- Eggen, P.D. & Kauchack, D.P. (2001). *Strategies for Teachers* (Teaching Content and Thinking Skills). Massachussets: Aillyn and Bacon A Pearson Education Co.
- Eisner, E.W. (1998). *The enlightened eye: qualitative inquiry and the enhancement of educational practice*. Upper Middle River, N.J. Merril.
- Fancy, H. (2005). Report-Australian Curriculum Studies Association. Hinango noong Pebrero 11, 2013 sa:<http://www.acsa.edu.au/pages/images/OTQT.pdf>.

- Fennema, E. & Loef-Franke, M. (1992). *Teachers' knowledge and its Impact*, in D.A. Grows (Ed.) *Handbook of Research in Mathematics Teaching and Learning*. New York: MacMillan.
- Ford, D.Y. (2000). *Infusing multi-cultural content into the curriculum for gifted children*. (ERIC EC Digest # E601). Arlington, VA: ERIC Clearinghouse on Disabilities and Gifted Education.
- Glaser, B.G. & Strauss, A.L. (1998). *Books on Grounded Theory*. Hinango noong Pebrero 3, 2013 sa: <http://mtqual.wordpress.com/.../books-on-grounded-theory-by-laser-and-strauss>.
- Glatthorn, A.A., Boschee, F.A., Whitehead, B.M. & Boschee, B.F. (2006). *Curriculum Leadership: Strategic for Development and Implementation*. Amazon.com. Hinango noong Pebrero 7, 2013 sa: <http://www.amazon.com/Curriculum-Leadership-Strategies-Development/dp/1412992192>.
- Gooler, D., Kauoe, K. & Knouth, R. (n.d.) *Teacher Competence in Using Technologies, The Next Big Questions, PREL Briefing Paper* (November 2000). Hinango noong Pebrero 3, 2013 sa: <http://www.prel.org>.
- Grant, A.M., Abbott, G.N., Sterling, P. & Atkins, W.B. (2006). *Coaching Expatriate Managers for Success: Adding Value Beyond Training and Mentoring*. *Asia Pacific Journal of Human Resources* 44 (3), 295317. doi:101177/1030411060069413.
- Hall, B.T. (n.d.). *The Qualities of a Truly Professional Teacher*. Hinango noong Disyembre 1, 2013 sa: <http://www.esemployment.com/articles/the-qualities-of-a-truly-professional-teacher-413.html>.
- Harmin, M. & Toth, M. (2006). *Inspiring Active Learning*. Alexandria, Association for Supervision & Curriculum Development.
- Harris, A. & Bennett, N. (2001). *School Effectiveness and School Improvement Alternative Perspectives*. New York, NY: Continuation Studies in School Development.
- Harris, B.M. (1976). *Staff Development and the Process of Teacher Change*. New York: McGraw-Hill. Hinango noong Pebrero 15, 2013 sa: <http://edr.sageub.com/content/15/5/5.refs>.
- Harrison, C. & Killion, I. (2001). *Roles of Educational Leaders/ Managers. What works in elementary schools*. Results-based staff development: Oxford OH: National Staff Development Council.
- Hillman, I. (1996). *The soul's code: in search of character and calling*. New York: Random House.
- Johnson, D.W. & Johnson, R.J. (1999). *Learning together and alone. Cooperative, competitive and individualistic learning*. Boston: Allyn & Bacon.

- Kagan, S. (1994). *Cooperative Learning*. San Diego, CA: More Data Management Services.
- Kafu, P.A. (2011). *International Journal of Curriculum and Instruction* 1 (1): 43- 52.  
Hinango noong Pebrero 7, 2013 sa:  
<http://capacity4dev.ec.europa.ec/system/files/01/10/.../kafufulltext.pdf>.
- Kazantzakis, N. (n.d.) *Nikos Kazantzakis quotes, Zorba the Greek*. Hinango noong Pebrero 3, 2013 sa:[www.goodreads.com/author/quotes/5668.NikosKazantzakis](http://www.goodreads.com/author/quotes/5668.NikosKazantzakis).
- Kessler, R. (2000). *The soul of education: Helping students find connection, compassion and character at school*. Alexandria, VA: Association for Supervision and Curriculum Development.
- Dialsa, S. S. (2007). *Teaching Discipline & Self Respect: Effective Strategies, Anecdotes and Lessons for Successful Classroom Management*. Thousand Oaks California: Corwin Press, Inc.
- Gilion, J. (2001). *What works in elementary schools. Results-based to the development*. Oxford, OH: National Staff Development Council.
- Killion, J. & Harrison, C. (n.d.). *Ten Roles of Teacher Leaders*. Hinango noong Disyembre 1, 2013 sa: <http://www.ased.org/publications/educational-leadership/sept07/vol651/num01/Ten-Roles-for-Teacher-leaders.aspx> at [www.rgs.org/OurWork/Schools/Running+a+successful+department+Good+to+outstanding+teaching.html](http://www.rgs.org/OurWork/Schools/Running+a+successful+department+Good+to+outstanding+teaching.html).
- Kiptoon, E.K. (1996). *Hall-Baked Graduates: Challenges of Education in Kenya*. Nairobi: Nation Media Group.
- Kochanek, I. R. (2005). *Building Trust for Better Schools: Research-Based Practices*. Corwin Press.
- Lagas, A. T. (2012). *Life Skills Approach, A Pillar of Transformative Education & Building A Culture of Professional Learning Community*. Pansangay na Pagdiriwang sa Araw ng mga Guro at Araw ng Pampanga, Pampanga: Lungsod ng San Fernando.
- Lardizabal, A., Bustos, A. S., Bucu, L. C. & Tangco, N. G. (1996). *Principles and Methods of Teaching*. Quezon City: Phoenix Publishing House, p.219.
- Lee-Chua, Q.N. (2004). *10 Outstanding Filipino Teachers*. Metrobank Foundation Search for Outstanding Teachers 20th Anniversary. Makati City: Metrobank Foundation, Inc.
- Levin, I. & Nolan, I. F. (2000). *Principles of Classroom Management, A Professional Decision-Making Model 3*. Needham Heights, MA: A Pearson Education Company.
- Luistro, A. A. (2012). *K to 12 National Training of Trainees*. Manila: Philippine Normal University.

- MacNeil, A.J., Cavanagh, R.F. & Silcox, S. (2005). *Pedagogic Leadership: Refocusing on Learning and Teaching* 9(2). Hinango sa International Electronic Journal Leadership in Learning noong Pebrero 15, 2013 sa: <http://iejll.synergiesparieries.ca/iejll/index/php/iejll/article/view/402>.
- Mandeville, G.K. & Liu, Q. (1997). *The Effect of Teacher Certification and Task Level on Mathematics Achievement Teaching and Teacher Education* 13 (4):397-407.
- Martinez, E. P., Sanchez, E. P. & Silva, E. G. (2011). *Ang Imahe ng Wikang Filipino sa mga Kabalik sa Pag-unlad Nito: Isang Pagtanaw sa Paglalakbay ng Intelektwalisasyon ng Wikang-Filipino*. Pampanga: University of the Assumption Faculty Research Journal, 95, 2011-2012.
- Narzano, R., Pickering, D.J. & Pollock, J. (2001). *Classroom instruction that works: Research based strategies for increasing student achievement*. Alexandria, VA: Association for Supervision & Curriculum Development.
- Maslow, A. (1999). *Toward a psychology of being* 3. New York: John Wiley & Sons.
- Mayos, N. S., Gutierrez, I. C. & Tica-a, P. F. (2008). *Ang Guro ng Bagong Milenyo. Mga Kagamitang Panturo ng Filipino*. Cabanatuan City: Jimcy Publishing House.
- Miller, J.P. (2000). *Education and the soul. Toward a spiritual curriculum*. Albany, NY: State University of New York Press.
- Mitchell, S. (1989). *The Enlightened Heart*. NY: Harper & Row. trans. (1986). Letters to a Young Poet, by Rainer Maria Rilke. NY: Vintage Books.
- Moffat, M.P. (1980). *Social Studies Instruction*. Engelwood Cliffs, New Jersey: Prentice Hall, Inc.
- Noddings, N. (2001). *Teaching themes of care*. Phi Delta Kappan, 76(9) 675-679.
- Of Pinoy happiness and Ondoy. (n.d.) Hinango noong Pebrero 1, 2013 sa: [www.thepoc/net/poc-presents/blog](http://www.thepoc/net/poc-presents/blog).
- Ornstein, A.C., Horeinstein, L.B. & Pajak, E.F. (2003). *Contemporary Issues in Curriculum* 3. Boston: Pearson, Education, Inc.
- Palmer, P. (1999). "The Grace of Great Things: Reclaiming the Sacred in Knowing, Teaching and Learning." In *The Heart of Knowing: Spirituality in Education*. Ed. Stephen Glazer. NY: Jeremy P. Tarcher/Putnam.
- Phoomchusni, T. (1973). *Characteristics of Outstanding Public High School Teachers in the Division of Quezon City as perceived by students, teachers, and administrators*. Tesis. Quezon City: University of the Philippines.
- Reyes, F.C. (2002). *Unveiling teaching expertise: A showcase of 69 outstanding teachers in the Philippines*. Manila: De La Salle University Press.

- Santos, E. M. (1972). *The Outstanding Social Studies Teacher as Viewed by Composite Group of Students, Teachers, Themselves and Administrators from Eight Selected Catholic Secondary Schools in Greater Manila. A Descriptive Profile*. Thesis. Manila: Ateneo de Manila University.
- Shaffer, N.A., Harrison, D.A. & Gilley, K.P. (1999). Dimension, determinants, and differences in the expatriate adjustment process. *Journal of International Business Studies* 30 (3): 557-1. Hinango noong Pebrero 3, 2013 sa: [www4.uwm.edu/business/faculty/.../shaffer/cv.pdf](http://www4.uwm.edu/business/faculty/.../shaffer/cv.pdf).
- Sherwood, C.H. (2012). *PBS. Frontline: The Education of Michelle Rhee*. Hinango noong Pebrero 3, 2013 Sa: [swampbubbles.com, Blogs. Mr independent's blog.](http://swampbubbles.com/Blogs/Mr-independent's-blog/) <http://www.smartplanet.co/big/big-story/michelle-rhee-a-refor> at [www.dailykos.com/story/2011/04/962962/-The-rise-and-looming-fall-education-reformer-MichelleRhee](http://www.dailykos.com/story/2011/04/962962/-The-rise-and-looming-fall-education-reformer-MichelleRhee).
- Slavin, R., Karweit, N.L. & Madden, N.A. (1989). *The Principal's Role in the Instructional Process: Implications for At-Risk Students*. Hinango noong Pebrero 1, 2013 sa: [www.sedl.org/change/issues/issues13.html](http://www.sedl.org/change/issues/issues13.html).
- Slavin, R., Karweit, N.L. & Madden, N.A. (1989). *Effective programs for students at risk*. Needham Heights, MA: Allyn and Bacon.
- Stinett, T. M. (1983). *Professional Problems of Teachers*. New York: McMillan Book Company, Inc.
- Stott, L. & Fink, D. (1996). *Changing Our Schools*. Buckingham: Open University Press.
- Stone, R. (2002). *Best Practices for High School Classrooms*. Thousand Oaks, CA: Corwin Press.
- Strauss, A. & Corbin, J. (1988). *Basics of Qualitative Research*. United States of America: Sage Publications, Inc.
- Stronge, J. H. (2007). *Qualities of Effective Teachers*. Association for Supervision and Curriculum Development. USA: ASCD Publications.
- Stufflebeam, D.L. & Shinkfield, A.J. (1990). *Systematic Evolution*. Lancaster: Kluwer-Nijhoff.
- Sulzer-Azaroff, C. & Mayer, G.R. (1986). *Applying behavior analysis procedures with children and youth*. New York: Holt, Rinehart and Winston.
- Truman, G. & Raggi, A. (2008). *Primary teacher commitment and the attractions of teaching, pedagogy, culture and society* 16 (1): 85-99. New York: MacMillan. Hinango noong Pebrero 15, 2013 sa: [www.ijsre.com/Vol.,%2051-Makewa%20et%20al.pdf](http://www.ijsre.com/Vol.,%2051-Makewa%20et%20al.pdf).
- Understanding the Meaning of Colors in Color Psychology. (n.d.) Hinango noong Marso 6, 2013 sa: [www.empower-yourself-with-color-psychology.com/meaning-of-colors.html](http://www.empower-yourself-with-color-psychology.com/meaning-of-colors.html).

- UNESCO (2006). *The New Roles of Secondary School Head Teachers*. France: Paris.  
Hinango noong Pebrero 15, 2013 sa:  
<http://www.unesdoc.unesco.org/images/0014/001490/149057e.pdf>.
- UNICEF framework for rights-based, child-friendly educational systems and schools. (n.d.).  
Hinango noong Disyembre 1, 2013 sa:  
<http://www.unicef.org/lifeskills/index/7260.html>.
- Villafuerte, P. V. & Bernales, R. A. (2008) *Pagtuturo ng/sa Filipino: Mga Teorya at Praktika*.  
Valenzuela City: Mutya Publishing House, Inc.
- Vizcara, F. (2003). *Introduction to Educational Research*. Quezon City: Great Books Trading.
- Vygotsky, L.S. (2004). *The development of concept formation in adolescence*. In R.Vander  
veer and J. Valsiner (Eds.), *The Vgotsky Reader*. Oxford, England: Blackwell.
- Wagner, T., Kegan, R., Lahey, Helsing, D., Howell, A. & Rasmussen, H.T. (2006). *Change  
Leadership: A Practical Guide to Transforming Our Schools*. California: John Wiley &  
Sons, Inc.
- Walberg, H.J. (1986). *Synthesis of Research on Teaching*. in M.C. Wittrock (Ed.) *Handbook  
of Research on Teaching*. New York: MacMillan.
- Whitmire, R. (2011). *Why Michelle Rhee is public enemy number one in education storm  
debate: she challenged bad teachers*. USA: Daily News. Hinango noong Pebrero 28,  
2013 sa [www.dailynews.com/opinion/michelle-rhee-public-enemy-number-one-  
education-reform-debate-  
challenged-bad-teachers-article-114205](http://www.dailynews.com/opinion/michelle-rhee-public-enemy-number-one-education-reform-debate-challenged-bad-teachers-article-114205).
- Willen, W., Hutchison, I. & Ishlee, M. (2008). *Dynamics of Effective Secondary Teaching 6*  
Boston, MA: Pearson Education, Inc.
- Woods, D. (1998). *How children think and learn 2*. Oxford: Blackwell Publishers.
- Wragg, E.C. (2005). *The Art and Science of Teaching and Learning*. New York, NY: Routledge
- Zulueta, L. (2005). *The principalship concepts and application*. USA: Prentice Hall.